



Sa Iyong Paghayo

ANG DAAN NG
ISANG ALAGAD

Karl Rigsby

Sa Iyong Paghayo

ANG DAAN NG
ISANG ALAGAD

Karl Rigsby

Copyright © 2023
Karl Rigsby
All Rights Reserved

Published in association with
Bridging Cultures Foundation, Inc.
Manila, Philippines, 1920

"Scripture quotations taken from the New
American Standard Bible® (NASB), Copyright ©
1960, 1962, 1963, 1968, 1971, 1972, 1973, 1975,
1977, 1995 by The Lockman Foundation. Used by
permission. All rights reserved.

Library of Congress Cataloging-in-Publication Data
Bridging Cultures Foundation, Inc.

ISBN: 9798989756926

Salamat sa Panginoon sa Buhay ng

Pamilya Haley

Ang kanilang pagmamahal at
sakripisyo sa paggawa ng mga
disipulong kawangis ni Cristo sa mga
bansa ay nakapagdulot ng malaking
pagbabago sa buhay ng libu-libong
tao at patuloy pang lumalago at
dumarami sa buong mundo.

PASASALAMAT

Book Layout and Illustrator

Dek Carrillo Khu

Assistant Illustrator

Christine Jason Hallig

Contributors and Editors

David Ackerman

Asia-Pacific Nazarene Theological Seminary

Wye Huxford

Point University

Krista Rigsby

Asbury University

Caleb Rigsby

Campbellsville University

New Day Team

Valley Team

Translator

Helen Caparas





Grace Tia

Ernalyn Fausto

Asia-Pacific Resource Center Team

Mga Nilalaman

Panimula	1
<i>Ano ang Pagdidisipulo?</i>	6
Kabanata 1 • Panahon ng Pag-ani	22
<i>Ang Dakilang Misyon</i>	24
<i>Ang Dakilang Utos</i>	32
<i>Pag-uugnay sa Dakilang Misyon at sa Dakilang Utos</i>	38
Kabanata 2 • Ang mga Katanungan	42
<i>Tanong #1: Bakit Ako?</i>	44
<i>Tanong #2: Ano ang Ginagawa Ko Rito?</i>	52
<i>Tanong #3: Paano Ako Magsisimula?</i>	58
<i>Tanong #4: Sino ang Nasa Harapan Ko?</i>	62
<i>Tanong #5: Paano Kung Lahat ay Magdidisipulo Katulad Ko?</i>	70
Kabanata 3 • Pagdidisipulo Bilang Paraan ng Pamumuhay	78
Kabanata 4 • Organikong Pagdidisipulo	110
Kabanata 5 • Pagpaparami	150
Appendix	173
<i>Mga Hakbang</i>	175
<i>Mga Paraan</i>	187



Panimula

Isang lalaki ang nagtanim ng puno. Inalagaan niya ito, diniligan at nilagyan ng pataba. Nagsimulang lumaki ang puno. Paglipas ng ilang taon, namunga ito ng masasarap na prutas. Ang punong ito ay namumunga buong taon, pinapakain at nagbibigay ng lahat ng pangangailangan ng kanyang pamilya. Napakagandang pagmasdan ang puno habang patuloy ito sa pamumunga ng marami.

Dahil ang puno ay namunga nang napakarami, nagdesisyon ang lalaki na magtayo ng bodega para iimbak ang kanyang mga ani. Habang patuloy na lumalaki at namumunga ang puno, ang kamalig na itinayo ng lalaki ay nagiging maliit. Kaya't nagdesisyon siya na magtayo ng mas malaking kamalig.

Sampung taon ang lumipas, at napansin ng lalaki na nag-iba ang hitsura ng puno. Ang mga dahon ay nag-umpisang manilaw, at hindi na ito namumunga ng kasingdami ng dati. Nang sumunod na taon, hindi ito namunga ng kahit isang prutas. Naging balisa ang lalaki. Buti na lang, naalala niya ang kanyang bodega na puno ng prutas. Mabubuhay ang kanyang pamilya kahit na hindi mamunga ang puno. Ngunit nang bisitahin niya ang bodega para tingnan ang mga prutas, nanlumo siya nang matuklasan na lahat ng prutas dito ay nabulok.

Ano na ang gagawin niya?

Sa kanyang desperasyon, nagdesisyon ang lalaki na puntahan ang matandang lider sa kanilang barangay. Tahimik na naupo at nakinig ang matandang lider sa kuwento ng lalaki. At pagkatapos ay sinabi niya sa lalaki, “Ano ang layunin ng prutas?” Sumagot ang lalaki, “Ang prutas ay masarap na pagkain.”

“Hindi,” sabi ng matandang lider. “Ang layunin ng prutas ay para gumawa ng isa pang puno.” Bawat prutas ay may buto. Ang mga buto ay para sa mas maraming puno. Kaya nagbubunga ang puno ay para magkaroon ng isa pang puno. Ngunit itinago mo ang mga prutas sa kamalig kung saan ang mga ito ay nabulok. Kung kumuha ka ng kahit sampung porsiyento lamang ng iyong ani taon-taon at nagtanim ng mga bagong puno, mayroon ka nang daan-daang puno

Simula pa lang,
layunin na ng
Diyos sa kanyang
nilikha na lumago,
mamunga at
magparami.

Isang Banal na Kamay

na puwedeng pakainin ang buong barangay. Kung itinanim mo ang limampung porsiyento ng bunga, maaari mong mapakain ang buong bansa.

Ang mga halaman at halamanan ang unang nilikha ng Diyos sa mundo at ibinigay niya sa kanila ang isang malaking tungkulin: “Na sila ay mamunga, ng may butil, at ang mga butil na iyon ay mamunga ng mas maraming butil” (Genesis 1:11-12).

Kaya ganun din nang likhain niya ang mga isda sa karagatan at mga ibon sa himpapawid ay kanyang pinagpala at sinabi, “Magpakarami kayo” (Genesis 1:22). Ang pagsisimula ng buhay tulad ng pagkakaalam natin ay nagsisimula sa kautusan upang magparami.

Madalas, ginagawa nating komplikado ang layunin ng buhay. Sa kuwento ng lalaking nagtayo ng kamalig, tiningnan niya na ang layunin ng bunga ay para sa pagkain! Nang sabihin sa kanya ng matandang lider na ang layunin ng bunga ay para magkaroon ng isa pang puno, bumalik siya sa pinakaunang kasaysayan ng buhay sa mundo, na ang bunga ng puno ay tumutugon sa plano ng Diyos sa mundo. Isang planetang malago, mabunga, at masagana.

Nang nilikha ng Diyos ang tao ang mga pinakaunang salita na binanggit niya sa

mga tao ay ito, “Magpakarami kayo...” (Genesis 1:28). Kaparte ang sangkatauhan sa plano ng Diyos na isang mundong puno ng buhay. Sa pasimula pa lang tayo ay tinawag nang magparami at maging katiwala ng mundong ito.

Ang mga unang talata sa Genesis ay naglalaman ng malaking pagkakahalintulad sa pag-uumpisa ng ministeryo ni Jesus dito sa lupa. Sa pag-uumpisa ng ministeryo ni Jesus ayon sa Mateo 9:37-38, “Kaya sinabi niya sa mga tagasunod niya, “Marami ang aanihin, pero kakaunti ang tagapag-ani. Kaya idalangin ninyo sa Panginoon, na siyang may-ari ng anihan, na magpadala siya ng mga tagapag-ani.” Lahat ng kasaysayan ay humahantong dito, ang mundo ay puno ng buhay, at ngayon ang pag-aani ay magsisimula, hindi sa mga halaman kundi sa pagtitipon ng mga kaluluwa patungo sa kaharian ng langit, at tinawag tayo upang maging mga manggagawa sa anihang ito.

Kaya nararapat na ang mga unang salita ng Diyos sa mga taong una niyang nilikha ay “magpakarami kayo” at ang mga huling salita sa mga ebanghelyo ay “Humayo nga kayo. Gawin ninyong alagad ang lahat ng mga bansa, inyong bautismuhan sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu.” Ang pagtatanim ay tapos na, tayo ay isinugo upang tipunin ang mga kaluluwa para sa ani!

Kung sisimulan natin, tingnan ang buhay bilang isang kabuuan, at magpokus sa sangkatauhan, pagkatapos ay sa mga taong naligaw, at ang panghuling pokus ay, sa iyo. Tayo ay magbubunga kapag tayo ay nananatili kay Cristo (Juan 15:5).

Sa kabuuan ng ministeryo ni Jesus marami tayong talata na mababasa tungkol sa ating personal na pagkakaroon ng bunga. Ayon sa Juan 15:16-17, “Hindi ninyo ako hinirang ngunit ako ang humirang sa inyo at nagtalaga sa inyo. Ang dahilan ay upang kayo ay humayo at mamunga—at ang inyong bunga ay manatili—at anuman ang inyong hingin sa aking Ama sa pangalan ko ay ibibigay niya sa inyo. Ang mga bagay na ito ay inuutos ko sa inyo upang kayo ay mag-ibigan sa isa’t isa.”

Tayo ay tinawag upang mamunga! Ano ang kahulugan nito? Ang ibig sabihin nito ay tayo ay tinawag na “mag-isip tulad ni Jesus” at sa paggawa nito tayo ay “kikilos tulad ni Jesus” na magbubunga ng mga binhing kawangis ni Jesus. Nagbubunga siya sa ating buhay, na kapag ipinamuhay ayon sa kanyang layunin, ay may potensyal na magdala ng mga tao kay Jesus.

Sa ating paglago, kailangan nating matutunan na sumunod sa kung ano ang ipinahayag ng Espiritu sa Banal na Kasulatan, at kung saan tayo nais pangunahan ng Espiritu. Kapag nauunawaan natin ang “paano” at “saan” sa pangunguna ng Espiritu, walang bahid ng pag-aalinlangan na ang kanyang pangunguna ay upang tumulong sa pakikibahagi natin sa plano ng Diyos para sa kanyang pamilya, ang iglesia, upang tayo ay maging mga tao na nagpaparami ng mga disipulo.

Ano ang Pagdidisipulo?

Ang puso ng pagdidisipulo ay ang pagsunod kay Jesus. Sa pagdidisipulo, ninanais natin na maging kawangis natin si Cristo, at ito ay magagawa lang natin kung susunod tayo sa kanya.

Hindi ibig sabihin na magiging madali ito. Sinabi ni Jesus sa kanyang mga disipulo, “Kung sinuman ang ibig sumunod sa akin, tanggihan niya ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus at sumunod sa akin.” (Mateo 16:24).

Ang pagdidisipulo ay ang pag-unawa na higit sa ano pa man, nais mong maging kawangis ni Cristo, kahit na ang kahulugan nito ay pagkamatay ng iyong sarili, upang magawa mong pasanin ang iyong krus at sumunod sa kanya.



Pagtatakwil Sa Ating Sarili

(Filipos 2:6-7) Kahit na nasa kanya ang katangian ng Diyos, hindi niya itinuring ang pagiging kapantay ng Diyos bilang isang bagay na dapat panghawakan. Sa halip ibinaba niya nang lubusan ang kanyang sarili sa pamamagitan ng pag-aanyong alipin.

Pagpasan ng Ating Krus

(Filipos 2:8) At sa pagiging tao niya, nagpakumbaba siya at naging masunurin sa Diyos hanggang sa kamatayan, maging sa kamatayan sa krus.

Pagsunod kay Jesus

Ang pagsunod kay Jesus ay nangangailangan na isantabi ang ating sarili, lumayo sa ating mga alalahanin, at ituon ang buhay natin sa uri ng pagsunod na ipinapakita ni Jesus. Ang pagsunod na ito ay lubos, walang labis, at walang kulang.

Makikita sa Filipos 2:5-11 ang isa sa pinakadakilang pahayag tungkol kay Jesus sa Kasulatan. Inilarawan ni Pablo ang pagkakatawang-tao ni Jesus at ang pagbalik niya sa kaluwalhatian bilang halimbawa kung ano ang hitsura ng “itakwil ang ating sarili, pasanin ang ating krus, at sumunod sa kanya.”

Sa talatang ito, ang salitang “Siya mismo” ay isang panghalip na ang ibig sabihin ay si Jesus mismo ang gumawa ng pandiwang inilarawan. Hindi ginawa ito “kay Jesus” ng Dios Ama, at hindi ginawa ito “para kay Jesus.” Kusang-loob na piniling sumunod ni Jesus sa kanyang Ama. At kung tayo ay seryoso sa pagdidisipulo, dapat din tayong kusang-loob na magdesisyong sumunod. Hindi natin kakayaning maghintay ng ibang tao para tuparin ang gawain ni Jesus “sa atin” o “para sa atin.”

Sinulat din ni Pablo ang mga salitang, “maging sa kamatayan sa krus” (t.8) sa mga iglesya sa Filipos, isang lungsod na sakop ng Roma. Romano ang mga mamamayan dito. Karaniwan, hindi ipapako sa krus ng mga Romano ang kapwa nila Romano. Ang pagpapako sa krus ay isang kasuklam-suklam na parusa na para lamang sa mamamayang tulad ng Hudyo. Posible na sa mga salitang ito, “maging sa kamatayan sa krus,” ipinaaalala ni Pablo sa mga taga-Filipos at sa ating lahat na nagawa na ni Jesus ang ipinagagawa niya sa atin... at mas higit pa?

Ang Mateo 16:24 at Filipos 2:5-11 ay nagbigay sa atin ng tatlong mahahalaga at pangkalahatang tugon kung paano maging tagasunod ni Jesus.

Unang Tugon

Itakwil ang lumang pamumuhay na pinaghaharian ng pagkamakasariili at nagtuturo sa atin na ang mundo ay umiiral para sa ginhawa at kasiyahan lamang.

Ang kaalaman ng pagkukusang-loob ni Jesus “na kalimutan ang sarili bilang kapantay ng Diyos” para pumunta dito at mamuhay kasama natin ay nagpapaalala sa mga nais na maging disipulo na mas nakahihigit ang isinuko ni Jesus sa kung ano man ang puwede nating isuko. Ang kusang-loob na pagpapapako niya sa krus ay ang pinakadakilang halimbawa ng pagsusuko ng kanyang sarili.

Ang paglalakbay ni Jesus sa krus ay naganap at nagpatuloy habang “siya ay nagpakumbaba” bilang isang lingkod na masunurin sa kalooban ng kanyang Ama. Ang malinaw na layunin niya ang tumulong sa kanya upang hindi niya pahintulutan ang kahit anong bagay na maging hadlang sa pagtupad niya sa plano ng Ama para sa kanya.

Kakabit ng kanyang kautusan sa mga taong susunod sa kanya, ang halimbawa ni Jesus ay tumuturo sa isang uri ng sariling kamalayan, na kung wala ito, kailanman ay hindi tayo magiging matagumpay sa pagtahak sa daan ng pagdidisipulo. Kapag natuklasan natin kung sino tayo, mauunawaan natin kung ano ang dapat nating gawin upang “itakwil ang ating mga sarili.” Ang dalawang talatang ito ay makatutulong sa atin na kilalanin ang ating sarili habang tinitingnan natin ang pagkatawag ng Diyos kay Jesus kumpara sa kanyang pagkatawag sa atin.

Pangalawang Tugon

Pinapasan ng mga tagasunod ni Jesus ang kanilang krus nang may pananampalataya.

“Napako ako sa krus kasama si Cristo, HINDI NA AKO ANG NABUBUHAY.”

Ang pananampalataya ang nagbubuklod sa lahat ng tagasunod ni Jesus sa kanya at sa isa’t isa. Ang ideya ni Pablo tungkol sa pananampalataya ayon sa 2 Timoteo 1:12 ay makatutulong dito. “Dahil dito, nagtitiis ako sa mga bagay na ito. Ngunit hindi ako nahihya. Ang dahilan nito ay kilala ko ang aking sinasampalatayanan at natitiyak kong kaya niyang ingatan ang inilagak ko sa kanya hanggang sa araw na iyon.” Pansinin ang mga salitang “kilala” na nagmumungkahi ng kaalaman na may kalakip na katalinuhan, ang “sinasampalatayanan” na nagpapakita ng mas malalim na pagkaunawa na higit sa ating kaalaman, at “natitiyak” isang salitang nagpapakita ng isang uri ng pag-asa na nagbibigay ng kakayahan sa isang tao na maging matatag kahit sa gitna ng pagsubok.

Isinulat ni Pablo ang talatang ito upang ang batang mangangaral na si Timoteo ay maunawaan kung bakit si Pablo “ay hindi nahihya” na dumanas ng hirap sa kanyang buhay. Dahil pagkatapos ng lahat, kaya niyang “ingatan ang inilagak natin sa kanya hanggang sa araw na iyon.”

Kilala tayo ng ating Mabuting Pastol at ginagabayan niya tayo sa paraang makapangyarihan, may pag-iingat, at higit sa lahat ay pang-walang hanggan. Ang kahulugan ng “ingatan” sa talatang ito ay “alagaan.”

Kapansin-pansin na ang gamit nito sa Kasulatan ay karaniwan na nangangahulugang “ingatan ang isang bagay

dahil sa halaga nito.” Dahil tayo ay nasa kamay ng Mabuting Pastol, makatitiyak tayo na ang Diyos ay nagpapahalaga sa atin habang ibinibigay natin ang ating sarili at buhay nang buong-buo kay Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas at Panginoon at taga-gawa ng mga disipulo.

Pangatlong Tugon

Bilang tagasunod ni Jesus, handa tayong humayo kailanman at saanman niya tayo dalhin.

Ang pagtatakwil sa ating sarili at pagpasan ng ating krus ay nagpalaya sa atin upang maging mga matatapang na tagasunod ng Haring si Jesus. Nauunawaan ni Jesus na hindi puwedeng paghiwalayin ang pag-ibig at pagsunod. Sa bahagi ng Juan (14-16) kung saan ipinangako niya na magpapadala siya ng Tagatulong, sinabi rin ni Jesus, “Kung mahal n’yo ako, susundin n’yo ang aking mga utos” (Juan 14:15).

Nag-iwan si Jesus ng isang simpleng utos ng unit sumasaklaw sa lahat ng bagay: pag-ibig. Alam ng mga nag-aaral ng Kasulatan na ang “mahalin ang iyong kapwa” ay isang utos na ibinigay ng Diyos noon sa Levitico 19:18. Alam din natin na pinagsama ni Jesus ang buong kautusan sa dalawa: pagmamahal sa Diyos at pagmamahal sa kapwa (Lucas 10:25-29). Ngunit dinagdagan ni Jesus ang ideyang ito nang sabihin niya sa mga alagad noong gabi bago siya ipako sa krus na, “Magmahalan kayo. Kung paano ko kayo minamahal, ganoon din dapat ang pagmamahal n’yo sa isa’t isa.”

Ang talatang ito ay nagtuturo sa atin na ang maging disipulo ay maging kawangis ni Cristo. Ang pagdidisipulo ay pagpapakita na si Cristo ay buhay sa atin sa pamamagitan ng pamumuhay nang may lubos na pagsunod, pananampalataya, at pag-ibig. Ito ay mas higit pa sa pagpunta sa simbahan “bodega” tuwing Linggo, kung saan mayroong posibilidad ng “pagkabulok.” Sa halip, inaasahan nito ang uri ng pagsunod na tinatawag tayo “upang mahalin ang iba tulad ng pagmamahal ni Jesus sa atin” kahit saan man tayo naroon o sinuman ang ating makasalamuha. Walang pinipili. Sa mga ebanghelyo, ang mga taong sumusunod kay Jesus ay tinawag na disipulo. Ibig sabihin ang disipulo ay isang mag-aaral, nagsasanay, at tagasunod ayon sa kuwento ni Jesus.

Kapansin-pansin, na ang salitang disipulo ay matatagpuan lang sa Aklat ng Mga Gawa – isang aklat ng pagdidisipulo sa buong Bagon Tipan, maliban sa apat na Ebanghelyo, kung mayroon man. Lumabas ito sa dalawampu’t anim na magkakaibang talata sa Mga Gawa at ang pinakakaraniwang salita na ginamit ni Lucas sa mga tagasunod ni Jesus. Ang mga disipulo ang resulta ng pagsunod “na maging saksi” (tingnan ang Mga Gawa 1:6-8) nang maging saksi ang mga mananampalataya sa kuwento ng buhay ni Jesus.

Ang mga unang tagasunod ni Jesus – ang mga disipulo ay hindi mailarawan kung saan sila dadalhin ng kanilang pananampalataya na si Jesus ang Tagapagligtas. Ngunit sa Ebanghelyo, tinanggap nila ang pagkatawag sa kanila nang literal at sumama sila kahit saan siya pumunta at ginawa nila ang kanyang mga ginawa. Sa Mga Gawa 1, ipinahayag ni Lucas na ikinukuwento niya ang tungkol sa “kung ano ang sinimulang gawin at itinuro ni Jesus.” Kapag sumang-ayon tayo kay Lucas na ang Mga Gawa ay isang pagpapatuloy ng Ebanghelyo at ang pagtukoy niya sa mga sumusunod kay Jesus bilang disipulo, huwag tayong magtaka kung mayroong malalim na

pagpapahalaga ang mga naunang iglesia sa pagdidisipulo.

Kapag titingnan natin kung paanong ang makasaysayang pagsasalaysay ng Mga Gawa ay may kaugnayan sa ating karanasan sa kultura at kasaysayan, mauunawaan natin na ang pangunahing ideya ng pagdidisipulo ay upang tayo ay gumawa ng mas maraming disipulo. Sa halip na ipunin ang “mga ani” at itabi sa mga bodega, habang ginagawa natin ang ating pang-araw-araw na buhay, sinisikap nating magdisipulo (Mateo 28:18-20) habang tayo ay nagiging saksi sa pagkilos ni Jesus sa ating buhay (Mga Gawa 1:6-8).

Para sa ilang mananampalataya, ibig sabihin nito ay pagtuon sa pamamaraan. Paano tayo hahayo at magiging intensyonal sa paggawa ng mga disipulo? Maaaring marami sa paligid natin ang hindi mauunawaan ang mga paraan. At kailangan nila ng direksyon. Ang iba ay nakatuon sa pagpaparami kung saan palagi silang nakatingin sa resulta at paano maaabot ang mga ito.

Anuman sa dalawang posibilidad na ito, ang importanteng sangkap sa ating kusang-loob na pagdidisipulo, kalakip ng pananampalataya, ay ipinahahayag natin na si Jesus ay hindi lamang nagliligtas sa atin ngunit siya ang Panginoon ng ating buhay. Bilang Panginoon, siya ang may-ari, nangunguna, o ang naghahari sa atin.

Sa 1 Corinto 6:19-20, ipinaalala ni Pablo sa atin, “...kayo ay hindi na sa inyong sarili. Ito ay sapagkat binili kayo sa halaga. Luwalhatiin nga ninyo ang Diyos sa inyong katawan at espiritu.” Ang talatang ito ay tulad ng ideya ni Pablo na ipinahayag niya sa Filipos 3:20 nang sabihin niya, “Sapagkat ang ating pagkamamamayan ay nasa langit, na mula roon ay hinihintay naman natin ang Tagapagligtas, ang Panginoong Jesu-Cristo.” Kapag nagdesisyon tayo na sumunod kay Jesus, tinalikuran na natin ang anumang pagmamay-ari at kalayaan na mayroon tayo.

Itinakwil na natin ang ating sarili at susunod tayo sa kanya bilang Panginoon.

Ang hamon sa atin ay kung kusang-loob tayo at buung-buong susunod kay Jesus bilang Panginoon at walang pag-aalinlangang tatanggapin ang pagkatawag niya sa atin na magdisipulo.

Madalas banggitin ni Jesus ang pagkamabunga bilang katangian ng isang sumusunod sa kanya. Ang kuwento ng puno ng ubas at mga sanga sa Juan 15 ang pinakamagandang halimbawa nito. Iwasan nating malito sa pagkamabunga sa kaharian ng Diyos at sa tagumpay na sinasabi ng mundo.

Ang pagkamabunga ay higit pa sa numero, bagkus ito ay tungkol sa paggawa ng mga disipulong kawangis ni Cristo na gagawa rin ng mga disipulong kawangis ni Cristo.

Ipinaalala sa atin ni Pablo sa Corinto na, “Kaya nga, siya na nagtanim at maging siya na nagdilig ay hindi mahalaga, kundi ang Diyos na nagpalago (1 Corinto 3:7). Sa katulad na kapitulo, tinawag ni Pablo ang mga disipulo bilang “kamanggagawa ng Diyos” (3:9).

Mas higit pa sa nakamamanghang isipin na ang Diyos na lumikha sa sanlibutan, na nagsugo ng kanyang kaisa-isang Anak upang maging Tagapaligtas at Panginoon ng ating buhay, ay ituturing tayo bilang kanyang “kamanggagawa.” Kapag palagi nating inaalala ang kanyang dakilang biyaya at pabor, mas magiging mabunga ang ating pagpapagal sa pagdidisipulo.

A hand with red skin and blue shadows is holding a circular sign. The sign has a dark blue outer ring and a light yellow center. The text is written in a pink, cursive font. The background is a solid orange color.

*ang maging
disipulo
ay maging
kawangis ni
Kristo*

Paano Kung ang Lahat ay Magdisipulo Tulad Mo?

Isipin mo ang mundo kung saan lahat sa iyong iglesya ay nagdidisipulo! Walang bodega ang lalaki para ipunin ang lahat ng bunga! Paano kung hindi natin ito iisipin lang, kundi gagawin natin ang ating parte upang ito ay mangyari?

Ang ideya sa likod ng salitang disipulo na tinitingnan natin ay hindi naglalarawan ng isang espesyal, o mataas na antas ng mananampalataya. Ang pagdidisipulo ay hindi lamang trabaho ng pastor na nag-aral sa isang Bible College o seminaryo.

Hindi sinabi ni Jesus na, “Nais ko ang ilan sa inyo na gumawa ng disipulo.” Ang sinabi niya ay, “Humayo nga kayo, at gawing alagad...” (Mateo 28:18-20). Ang kaugnay na salita ng Dakilang Utos ay pangmaramihan, hindi pang-isahan. Tayong lahat ay isinugo upang magdisipulo habang tayo ay gumagawa ng ating pang-araw-araw na buhay.

Ngunit may mga ilang balakid tayo na ikinakabit kapag iniisip natin ang tungkol sa pagdidisipulo kakabit ng Dakilang Utos kung saan ang bawat isa ay may iba’t ibang pinagmulan.

1 Sobrang Abala

Ang unang balakid ay nagsasabi na, “Masyado akong abala.”


Maraming tao sa mundo ngayon ang walang tigil na binabato ng walang katapusang listahan ng “mga dapat gawin.” Mayroon tayong trabaho na kailangang gawin, mga klase na kailangang pasukan, pagkain na kailangang

bilhin, mga lakad na kailangang puntahan, at pamilya na kailangang alagaan. Ito ay ilan lamang sa mga tila walang katapusang listahan ng ating “mga dapat gawin.”


Kaya sinasabi natin sa ating sarili, “Wala talaga akong panahon para magdisipulo,” siguro kapag natapos ko na ang lahat ng ‘mga dapat kong gawin’ makakapagsimula na akong gumawa nito.

Ang magandang balita, ang isang simpleng pagpapalit ng pananaw ay magpapakita sa iyo na sa katotohanan ay nakaplano na ang lahat ng iyong mga dapat gawin para sa pagdidisipulo. Bawat isa sa iyong ‘mga dapat gawin’ ay isang pagkakataon para ka magtanim ng mga binhing kawangis ni Cristo.

Hindi ka tinawag sa Dakilang Misyon para iwan ang iyong ginagawa at magdisipulo, sa halip sinasabi nito na gawin mo ang kahit na anong ginagawa mo tungkol sa pagdidisipulo. Ang Kabanata isa ay tumutugon kung paano sasagutin hindi lang ang pagkatawag ng Dakilang Misyon ngunit kung paano rin ito pinatibay ng Dakilang Utos.



- M mamalengke
- T maglinis ng kusina
- W mag-Bible study
- T pasukin ang bangko
- F tawagan si Nanay
- S itapon ang basura
- S magsimba



2 Hindi Ko Alam Kung Paano

Ang pangalawang balakid ay nagsasabi, “Hindi ko alam kung paano.” Madali tayong malunod sa takot at pag-iisip na, “Hindi ako magaling na Kristiyano para magdisipulo ng iba, hindi ko alam kung paano iugnay ang pananampalataya ko sa mga nasa paligid ko, wala akong kakayahan na magdisipulo ng iba, at hindi ko alam kung saan ako mag-uumpisa.”

Ang sentro ng mga takot na ito ay palaging umiikot sa isang bagay: ang limitasyon natin bilang isang tao, pero mayroong Magandang Balita!

Hindi ikaw ang aabot sa mga puso ng mga taong naliligaw, nasa iyo ang Diyos na walang limitasyon. Ang kailangan mo lang gawin ay sumunod sa kanyang pangunguna at siya na ang bahala sa lahat. Mas idedetalye sa Kabanata dalawa kung paano sumunod sa pangunguna ng Diyos.

3 Wala Akong Pagkatawag

Ang ikatlong hadlang ay “Wala Akong Pagkatawag.” Ang hadlang na ito ay nagtatanong kung ano ang ibig sabihin ng “pagkatawag” sa mga Kristiyano. Karaniwan ang kahulugan nito ay kung ano ang mga talento na mayroon ka kaugnay sa iglesia o sa iyong espirituwal na buhay, ngunit ang Dakilang Misyon ay malinaw na nagsabi na kung ikaw ay susunod kay Cristo, ikaw ay inaasahan na hahayo at magdidisipulo.

Ibig sabihin ang iyong pagkatawag ay kung paano ka nagtatanim ng mga binhi! Sa iyong libangan, trabaho, o pampalipas-oras, maraming tao ang puwede mong maabot, na hindi kayang abutin ng iba na hindi mo kapareho ng interes o talento.

Sa halip na ang pagdidisipulo ay isang trabaho na dapat mong gawin, ito ang iyong nagiging dahilan para gawin ang kasalukuyan mong trabaho. Ang pagdidisipulo ay hindi lang simpleng programa sa iglesia na iyong pinupuntahan tuwing Linggo, sa halip ito ay isang pamumuhay na ginagamit mo upang iguhit ang buong larawan ng iyong buhay. Ngunit paano mo gagawing baguhin ang pananaw ng pagdidisipulo bilang isang pamumuhay?

Ang Kabanata tatlo ay inilaan sa pagsagot at paghimay ng mga tanong tungkol sa kung saan nagkukrus ang pamumuhay at pagdidisipulo.

Pagkatapos na matugunan ang mga hadlang na ito, marami ang nakikita ang kanilang sarili na nagsasabi na, “Okey, ako ay sumasang-ayon dito sa buong pagdidisipulo bilang paraan ng pamumuhay, pero ano ang hitsura ng totoong pagdidisipulo? Napakasimple, kaya ba nilang gawin ang ginagawa mo? Kaya ba nilang manalangin, mag-aral ng Kasulatan, mag-ayuno, pumunta sa 7-Eleven tulad ng pagpunta mo?

Ang magandang balita para sa atin ay mayroon tayong perpektong halimbawa mula kay Jesus kung ano talaga ang pagdidisipulo!

Isa sa mga tanging parabula na ipinaliwanag ni Jesus punto por punto sa kanyang mga disipulo ay ang parabula ng maghahasik. Inisa-isa niya kung paano dapat at hindi dapat ang pagdidisipulo. Sa Kabanata apat papasok tayo sa magulong gawain kung ano ang organikong pagdidisipulo, una sa



parabula, pagkatapos kay Jesus, at panghuli
ay kung ano ito para sa iyo!

Pagkatapos mong magsimulang
magdisipulo kailangan mong matutunan
ang huling bagay, paano ituro ang
pagdidisipulo!

Sa panimulang bahagi, tinalakay
natin ang tungkol sa utos ng Diyos na
magpakabunga at magparami. Bakit
ang pagkamabunga at pagpaparami ay
magkahiwalay? Ang pagkamabunga lamang
ay hindi nangangahulugan na magkakaroon
ng pagdami, pinatunayan ito ng lalaking
nagtayo ng bodega. Sa halip dapat mong
kunin ang mga bunga ng iyong pagdidisipulo
at itamin silang muli sa matabang lupa, upang
sila ay mamunga, at sila rin ay kukunin ang
mga bungang ito para itanim at magparami.

Sa Kabanata lima pag-uusapan natin
ang paraan ng pagpaparami, at ang mga
posibleng balakid na puwedeng maranasan
habang nasa pagpaparami.



The background of the entire page is a scenic landscape. In the distance, there are blue, hazy mountains under a clear sky. A flock of white birds is flying in the upper left. The middle ground is a large hill covered in a dense forest of yellow trees. In the foreground, there is a green grassy field. A white picket fence runs diagonally across the field. To the right of the fence is a red barn with white trim and a grey roof. To the left of the barn is a small, rectangular, white-walled structure with a wavy top, possibly a pond or a small garden bed. A small white flower is visible in the bottom right corner.

KABANATA 1

Panahon ng Pag-ani



Tulad ng lalaking nagtanim ng puno sa umpisa ng aklat na ito, kung tayo ay nagdidisipulo, sa gayon ay aasa tayo ng pag-ani. Kung ang ating padidispulo ay mabunga, madidiskubre natin na ang bodega ay puno at malapit nang umapaw. Pagtutuunan natin sa kabanatang ito kung saan magsisimula. May dalawang mahahalagang ideya na ibinahagi si Jesus sa mga ebanghelyo na makatutulong sa atin dito. Ang una ay ang Dakilang Misyon at ang ikalawa ay ang Dakilang Utos.

A stylized illustration featuring a white silhouette of a person standing on a teal, textured globe. The person's arms are raised in a 'V' shape. Behind the person is a large, vibrant fire with orange and yellow flames. The background is black, filled with numerous short, yellow, diagonal lines representing falling rain. The title 'Ang Dakilang Misyon' is centered over the fire in a white serif font.

Ang Dakilang Misyon

Ginugol ni Jesus ang mahigit tatlong taon sa paglalakbay sa mga lungsod at pamayanan ng Judea, tumatawag ng mga tao upang sumunod sa kanya. Isang halimbawa ay ang pagtawag niya sa 12 lalaki na tinawag niyang mga alagad. Ang ibig sabihin ng salitang alagad ay “isang isinugo.” Bagama’t ang mga lalaking ito ay may mahahalagang papel sa unang iglesya, huwag nating kalimutan na ang mga unang lingkod na tinawag ni Jesus ay inilarawan gamit ang salitang ibig sabihin ay “isang isinugo.”

Sa umpisa, hindi sila masyadong “lumabas” sa halip sila ay tinawag, una, para sumunod sa kanya. Makatutulong kung iisipin natin panandalian ang bahay sa Palestina noong unang siglo. Nasa loob ng bahay si Jesus at marami ang nasa loob kasama niya, buong-loob ang pagsunod sa kanya. Ang iba ay nasa labas ng bahay, ngunit nakasilip sa bintana, nagtataka kung sino ang gurong bumisita sa kanila. Ang iba naman ay nakatayo sa malayong bahagi ng burol, nag-aalala na mayroong mga tao sa bahay at may mga taong nasa labas at nakasilip sa loob. Tiyak na si Jesus ang tipo ng tao na titigil sa loob ng bahay kaya nakikita natin siya na lumalabas sa iba’t ibang dako sa araw-araw.

Ang simula ng talata sa Mateo 9:35-38, “Nilibot ni Jesus ang mga bayan at nayon...” ay maaaring ipaliwanag na, ang mga alagad ay hindi isinugo hangga’t hindi pa natatapos ang ministeryo ni Jesus sa mundo, at ang kanyang huling habilin ay ang Dakilang Misyon. “19 Humayo nga kayo. Gawin ninyong alagad ang lahat ng mga bansa, inyong bautismuhan sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. 20 Turuan ninyo sila na ganapin ang lahat ng mga bagay na aking iniutos sa inyo. At narito, ako ay kasama ninyo sa lahat ng mga araw hanggang sa katapusan ng kapanahunang ito. Siya nawa! (Mateo 28:19-20). Ang pahayag na ito at ang tuwirang halimbawa sa buhay at ministeryo ni Jesus ang

siyang naghanda sa kanila upang tuparin ang kanilang pagkatawag at humayo.

Humayo

Pag-aralan natin itong mabuti. Ang una ay simpleng utos upang “Humayo.” Hindi ito ang “Humayo” na utos ng isang lider ng hukbo, sa halip ito ay mas katumbas ng “habang kayo ay humahayo.”

Ang isyu para kay Jesus ay hindi sa kailangan nating magsimulang humayo, dahil ginagawa na natin ito, maging ito man ay sa trabaho, paaralan, pamimili, pagbisita sa kaibigan, o pagharap sa walang katapusang gawain. Ang mga tao ay likas na humahayo.

Ang pananaw natin sa paghayo ay nararapat na may pokus, na hindi tayo humahayo upang magtrabaho at magkaroon ng kabuhayan, o pumapasok sa paaralan upang mag-aral. Sa halip ginagawa natin ang mga ito upang humanap ng pagkakataon na magdisipulo. Hindi mo kailangang palitan ang iyong gawain, ang kailangan ay ibahin ang dahilan kung bakit mo ito ginagawa. Kahit nasaan ka, ang ‘paghayo’ ay isang pagkakataon upang magdisipulo.



*Paano natin
ito gagawin?*

Nagtatrabaho si Kendra sa isang law firm. Tuwing umaga ay dumadaan siya sa isang coffee shop para bumili ng kape at tinapay bago pumasok sa trabaho. Kung ia-apply niya sa kanya ang Dakilang Misyong, maaari niyang gawin ang ganito.

Aalamin ni Kendra ang pangalan ng lahat ng nagtatrabaho sa coffee shop tuwing umaga at mas higit, puwede siyang pumunta nang mas maaga para matutunan ang ilang bagay tungkol sa mga barista.

Ngayon, ang pagpunta niya sa coffee shop para bumili ng kape at tinapay ay dahilan lamang para kaibiganin at pakitaan ng kabutihan ang mga barista.

Bautismuhan

Pagkatapos, tayo ay inatasan na tanggapin ang mga disipulo at bautismuhan sila. Sa Roma 6:3-4 isinulat ni Pablo ang tungkol sa pagbabautismo, “Hindi ba ninyo nalalaman na tayong mga nabautismuhan kay Cristo Jesus ay nabautismuhan sa kanyang kamatayan? Kaya nga, tayo ay inilibing na kasama niya sa pamamagitan ng bautismo sa kamatayan. Sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Ama, si Cristo ay ibinangon mula sa mga patay. Sa gayunding paraan dapat tayong lumakad sa panibagong buhay.”

Kapag ikaw ay naging isang disipulo, hindi ka na tulad ng dati mong buhay. Ang lumang ikaw ay namatay na, at ikaw ay binigyan ng ‘bagong buhay.’ Ang pagpapabautismo ay isang pampublikong patotoo na ang isang tao ay bahagi na ng pamilya ng Diyos, ngunit higit pa roon, ito ay pagtatalaga ng buhay bilang tagasunod ni Jesus, at “isinugo” rin.



TINGNAN
NATIN

*Paano natin
ito gagawin?*

Nakilala ni Kendra ang baristang si Teresa at inimbitahan niya sa iba’t ibang pagdiriwang (mula sa barbeque party hanggang birthday party) bago lubusang ipakilala sa mga Kristiyanong kaibigan. Sa paglipas ng panahon, nagdesisyon si Teresa na magpabautismo.

Lumago

Ang susunod ay turuan silang lumago sa Diyos. Minsan ang ibig sabihin nito ay “sundin ang lahat ng inuutos ko” at “turuan silang sundin ang mga utos.”

Ngunit ang tunay na layunin ay turuan sila na magkaroon ng personal na relasyon kay Jesus. Madaling magdisipulo kung lahat ng iyong ididisipulo ay tulad mo, pero kung ganito nga, isipin mo ang lahat ng tao na hindi mo maaabot kahit kailan.

Ang katotohanan, maraming mga wika ang hindi mo alam, mga kultura na hindi mo naiintindihan, mga libangan na wala ka, at mga pagkain na hindi mo talaga makain. Kung ang lahat ng disipulo ay tinuruan na maging tulad mo, hindi nila maaabot ang mga tao na walang koneksyon sa iyo. Sa halip, tayo ay tinawag na turuan ang mga tao na tuklasin ang kaisipan tulad ng kay Cristo (Filipos 2:5) upang magamit sila sa lubos nilang kakayahan.



*Paano natin
ito gagawin?*

Si Teresa at Kendra ay nangunguna na sa study group tuwing katapusan ng linggo, iniimbita nila, ngunit hindi pinipilit na sumali ang kanilang mga katrabaho.

Kasama Mo Siya

Sa katapusan, hindi isinugo ni Jesus ang kanyang mga disipulo para maghirap sa paggawa nito nang nag-iisa. Ipinangako niya na sasamahan tayo, hanggang sa katapusan ng panahon, (at sa Mga Gawa, “hanggang sa bawat panig ng mundo”).

Hindi tayo tinawag upang gawin ito sa sarili nating kapangyarihan at lakas. Ano man ang iniutos niya sa ating gawin, bibigyan niya tayo ng kakayahan at lakas para gawin ito. Kasama niya tayo, ginagabayan tayo, binibigyan tayo ng lakas, pinupuspos tayo ng kanyang Espiritu upang magawa natin ang inuutos niya.

Sa Mga Gawa 1:8 sinabi ito ni Jesus sa kanyang mga disipulo, “Ngunit pagdating ng Banal na Espiritu sa inyo, bibigyan niya kayo ng kapangyarihan. At ipapahayag ninyo ang mga bagay tungkol sa akin, mula rito sa Jerusalem hanggang sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa buong mundo.” Sa talatang ito, ipinapangako ni Jesus na ang kanyang mga tagasunod ay tatanggap ng kapangyarihan mula sa Banal na Espiritu at sa Mga Gawa 2, ang pagdating ng Araw ng Pentecostes, nakita natin ang Espiritu na dumating na puspos ng kapangyarihan.

Sa araw na iyon lamang, 3000 (mga lalaki lamang) tao ang binautismuhan! Tinutulungan tayo ng Banal na Espiritu upang maging saksi at magdisipulo. Hindi tayo isinugo ni Jesus upang mabigo.

Mayroon tayo ng lahat ng kailangan natin upang gawin ang kanyang misyon at lahat ng mananampalataya ay tinawag upang isapuso ang misyon na ito. Ito ay simpleng pagkukusang-loob na maging masunurin.



*Paano natin
ito gagawin?*

Nakahanap ng pagkakataon si Teresa na magdisipulo sa grupo nila sa trabaho habang si Kendra ay napromote sa trabaho sa ibang lugar. Ipinagpatuloy niya ang kanyang misyon sa bagong coffee shop.

Sa gitna ng mga pagbabago, pareho rin silang nagkaroon ng bagong pagkakataon para magdisipulo. Patuloy silang lumalakad nang may pagsunod sa Diyos at hinihingi ang kanyang pag-gabay upang magdisipulo ng iba.

**Ang Dakilang
Utos**

Ang dakilang British iskolar at pastor, si John Stott, ay malimit na sabihin na ang ating Diyos ay isang misyonerong Diyos. Kapag binasa natin ang Kasulatan, matutuklasan natin na ang Diyos na lumikha ng sanlibutan ay patuloy na nakikipagrelasyon sa Israel kahit na patuloy nila siyang ipinagpapalit sa ibang mga diyos, at sa Bagong Tipan, natuklasan natin na ang misyonerong Espiritu ng Diyos ay dumating sa lupa sa anyo ng tao na si Jesus ng Nazareth.

Ano ang mag-uudyok sa Diyos para gawin iyon? Maaari nating tingnan ang maraming mga talata sa Biblia ngunit wala tayong makikitang mas malinaw at nakapanghihiikayat pa kaysa sa Juan 3:16. “Sapagkat ganito ang pag-ibig ng Dios sa mga tao sa sanlibutan: Ibinigay niya ang kanyang Bugtong na Anak, upang ang sinumang sumasampalataya sa kanya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.” Pag-ibig ang nagtulak sa Lumikha ng Sanlibutan upang tubusin tayo.

Ano naman ang kaugnayan nito sa pagdidisipulo? Pansinin ninyo sa talatang ito ang salitang “sa sanlibutan.” Walang limitasyon ang Diyos sa kanyang kagustuhang mahalin ang buong mundo sa pagsusugo ng kanyang kaisa-isang Anak. Kung pag-ibig ang nakapag-udyok sa Diyos na tubusin tayo, sinusundan nito na hanggang matutunan natin na magmahal tulad ng pagmamahal ng Diyos, mahihirapan tayong tanggapin ang ating sarili na magdisipulo.

Ngunit sa sandaling kumilos tayo sa direksyon na iyon, ang pagtingin natin sa lahat ng tao – sa mundo – ay bilang mga tao na mahal ng Diyos at nangangailangan ng pagtubos. Sa isang pagkakataon (tingnan ang Mateo 22:34-40, Marcos 12:28-34, Lucas 10:25-28) tinanong si Jesus tungkol sa “pinakamahalagang utos” o “pagkakaroon ng buhay na walang hanggan.” Ang mga taong nagtatanong kay Jesus ay hindi interesado sa kanyang sagot ngunit nais nila na mahuli si Jesus na sumagot



Pag-ibig ang
nagtulak sa
Lumikha ng
Sanlibutan upang
tubusin tayo.

nang mali. Inilarawan ni Jesus ang ideya ng “pagmamahal sa Diyos” bilang una at pinakamahalaga sa lahat ng utos.

At pagkatapos ay sinabi niya, “Ang ikalawa ay ganito, ‘Mahalin ninyo ang inyong kapwa tulad ng inyong sarili.’” At pagkatapos ay ipinahayag niya na ang dalawang utos na ito – mahalin ang Diyos at mahalin ang kapwa – ang basehan ng buong Kasulatan ng Kautusan at Mga Propeta (ang karaniwang tawag ng mga Judio sa Lumang Tipan). Kapag sinabi niyang “ang pangalawa ay ito” hindi niya basta sinabi na pareho silang nakasentro sa pag-ibig, kundi dalawang hati sa isang parehong aksyon, kung mahal natin ang Diyos, mamahalin din natin ang ating kapwa. Bakit? Dahil una niya tayong minahal. Sa Juan 13:34 ay sinabi, “Kung paano ko kayo minamahal, ganoon din dapat ang pagmamahal n’yo sa isa’t isa.”

Hindi mo puwedeng mahalin ang Diyos nang hindi minamahal ang iyong kapwa. Hindi niya iniuutos na basta maging mabait at mahalin natin ang isa’t isa. Hindi ito tinawag na dakilang utos nang walang dahilan. Lahat ng kautusan at utos ng Diyos ay bumubuo sa dalawang bagay na ito, mahalin ang Diyos at mahalin ang iba.



Pag-ibig = Ikaw Muna
Kasamaan = Ako Muna


Bago tayo magpatuloy, mahalagang alamin kung, “Ano ang Pag-ibig?” Ang simpleng kahulugan nito ay, “Ikaw Muna.” Ibig sabihin nito ay umiikot sa pagtugon ng pangangailangan ng iba bago ang sarili mo. Sa kabaligtaran ang kasamaan ay nagsasabi: “Ako Muna.” Kapag iisipin mo ang pinakadakilang pag-ibig na ipinadama mo sa ibang tao, ito ay karaniwang puno ng pagsasakripisyo, at sa kabaligtaran ang pinakamatinding kasamaan ay puno ng pagkamakasarili at walang pagpapahalaga sa pangangailangan ng iba.

Kaya saan pumapasok ang pangangailangan ng pagdidisipulo? Sinabi ni Juan, “Ang nagsasabing mahal niya ang Dios ngunit napopoot naman sa kanyang kapatid ay sinungaling. Dahil kung ang kapatid niya mismo na nakikita niya ay hindi niya mahal, paano pa kaya niya magagawang mahal in ang Dios na hindi naman niya nakikita?” (1 Juan 4:20). Sa naunang talata, sinabi ni Juan, “Mga minamahal, kung ganoon na lamang ang pag-ibig ng Dios sa atin, nararapat lamang na mag-ibigan tayo” (4:11).

Ang ibig sabihin ng pagmamahal sa Diyos ay gagawa tayo ng paran upang maipakita ang pagmamahal ng Diyos sa mga taong nakapaligid sa atin – ang ating mga kapitbahay, katrabaho, kaeskwela, kapamilya, at lahat ng makakasalamuha natin sa ating buhay. Kung hindi tayo nakikibahagi

‘Mahalin mo ang
Panginoon mong Dios
nang buong puso, nang
buong kaluluwa, at nang
buong pag-iisip.’ Ito ang
pinakamahalagang utos
sa lahat. At ang ikalawang
pinakamahalagang utos ay
katulad din nito: ‘Mahalin
mo ang iyong kapwa
katulad ng pagmamahal
mo sa iyong sarili.’

Mateo 22:37-39

A stylized illustration of a person wearing a hat and a long coat, standing on a dark, rounded hill. The person is holding a small object, possibly a lantern or a small fire, which is casting a bright, starry glow. The background is a deep orange-brown sky, and the hill is covered in a dense field of small, white, star-like specks. The overall style is reminiscent of mid-century modern graphic design.

Pag-uugnay sa Dakilang Misyon at sa Dakilang Utos

sa pagdidisipulo, masasabi ba natin na totoong mahal natin ang Diyos?

Ang pag-ibig ay gumagawa ng mga tulay sa mga taong nakikita natin. Ang intensyonal na pagdidisipulo ay nagbibigay-daan, nag-aayos, at nagtuturo sa iba na sundin ang pagkilos ng Banal na Espiritu. (Tingnan ang Juan 16:8-10). Ipinangako ni Jesus na bahagi ng ministryo ng Espiritu sa buong mundo ang “pagpapakita sa mga taong makamundo tungkol sa kasalanan, katuwiran, at paghuhukom” (16:8).

Ang pagpapakita natin ng pagmamahal sa ating kapwa ay ang pakikipagtulungan natin sa Espiritu sa kanyang gawain, at ang resulta nito ay mga bagong disipulo. Alalahanin natin ang sinabi ni Pablo na, “wala ring taong makapagsasabi na ‘Si Jesus ang Panginoon,’ maliban sa pamamagitan ng Banal na Espiritu” (1 Corinto 12:3) at tandaan natin na ang Espiritu ay nagsimula nang kumilos sa buhay ng ating mga kapitbahay, katuwang natin siya habang tayo ay nagiging saksi.

Kaya paano natin pag-uugnayin ang Dakilang Misyon at ang Dakilang Utos? Ang magandang balita para sa iyo ay ito: ang dalawang ito ay mahigpit ang pagkakaugnay na napakahirap para sa iyo ang gawin ang isa at hindi ang isa!

Una, mag-umpisa tayo sa Dakilang Utos. Mahalin mo lang ang Diyos at mahalin mo ang iyong kapwa, kung idadagdag mo ang ugaling iyon sa iyong buhay, ano ang dapat na mangyari? Kung mahal mo ang Diyos, mamahalin mo ang iba at kung mahal mo ang iyong kapwa, nanaisin mong makilala nila ang Diyos na kilala mo at minamahal. Ito ang pinakapayak na kahulugan kung ano ang pagdidisipulo, ang pagdadala ng mga naliligaw, upang sila rin ay mamangha sa Diyos at mahikayat na magdala ng iba sa kanya.

Dito nagiging problema ang pagtatayo o pagpapalaki ng bodega. Mas nagiging pokus ang marami sa pagdadala ng tao sa loob ng iglesia kaysa sa pagpapahayo sa kanila sa labas. Nakakasorpresa na

mas madaling ipunin ang mga masisiglang Kristiyano sa isang ligtas na gusali kung saan maraming pagmamahalan para sa isa't isa, ngunit walang lakas na lumabas, maghanap, at magligtas ng naliligaw.

Kapag inisip natin ang tungkol sa pinakamatinding pagbabago sa buhay ng tao sa Biblia, karaniwan kasama dito ang panahon na nakilala nila ang Diyos. Hindi nakilala ni Moses ang Diyos sa bulwagan ng Egipto, hindi rin sa templo, kundi nakatagpo ni Moses ang Diyos sa banal na lugar sa ilang.

Nang makatagpo ni Saul/Pablo si Jesus, hindi ito sa sinagoga o sa palasyo ng emperador, kundi sa maruming daan patungo sa Damascus. Ang pinakamakapangyarihang sermon ni Jesus ay ibinahagi niya sa tabi ng lungsod. Ang pinakadakilang milagro niya ay nasaksihan sa pintuan ng lungsod, sa tabing lawa, at sa tahanan ng mga makasalanan at pati mga mananampalataya.

May layunin ang mga bodega, ito ay para itabi ang bunga para sa muling pagtanim. Kung iiwan mo ang iyong ani sa mga bodega, tulad ng kuwento sa panimula, masasayang lang ito at mabubulok.

Ang lahat ng mga bodega na nagkalat sa buong mundo ay kumakatawan sa napakalaking potensyal, milyon-milyong mga tao na naghihintay lamang para sa pagtutulak na humayo, huwag nang magdala pa ng marami sa mga bodega, ngunit humayo at magdisipulo.

Dahan-dahan ngunit tiyak na ang mga aning nakaimbak sa bodega ay nabubulok. Parami nang parami ang umaalis sa kanilang iglesya, bigo, walang layunin, nanghihinayang at tila nagsasayang lang sila ng panahon sa kanilang pananampalataya.

Totoo ito, handa tayong sabihin na mahal natin ang Diyos, ngunit hindi tayo handang humayo sa mundo at magmahal ng iba.

Sa ganitong paraan
natin nalalaman ang
tunay na pag-ibig:
ibinigay ni Jesu-
Cristo ang kanyang
buhay para sa atin.

Kaya dapat din
nating ialay ang ating
buhay para sa ating
mga kapatid.


1 Juan 3:16

KABANATA 2

Ang Mga Katanungan

NAHAHARAP TAYO SA
NAPAKARAMING PAGKAKATAON





Sa panimula sinabi natin na isang pangkariwang hadlang sa pagdidisipulo ay ang mga salitang “Hindi ko alam kung paano” o “Hindi ko kayang gawin.” Madaling basahin ang nakaraang kabanata at malula sa malaking pagbabago ng iyong pananaw sa mundo. Iisipin natin na bakit ako? Bakit dito? Paano ko ito gagawin? Para kanino ko ba ito gagawin? Ano ba ang magiging hitsura o anyo ng lahat ng ito?



TANONG #1

Bakit ako?

IKAW ANG TEMPLO NG DIYOS
AT ANG ESPIRITU NG DIYOS AY
NAMUMUHAY SA IYO.



Bago natin talakayin nang mas malalim, tingnan muna natin ang pangunahing dahilan sa mga pahayag na, “Hindi ko alam kung paano,” o “Hindi ko kaya ito.” Naghahanap sila ng solusyon sa pakiramdam ng kakulangan sa harap ng Diyos at sa kanyang pagkatawag sa atin.

Madalas nating nakikita ang mga pakiramdam na ito sa mga taong hirap magtalaga ng kanilang sarili sa Diyos, hanggang hindi pa nila “naaayos” ang kanilang sarili. Nagmumula ang ganitong kaisipan sa mga unang tao na nabuhay sa hardin ng Eden.

Sinasabi sa Genesis kung paano naglalakad ang Diyos sa hardin ng Eden kasama sina Adan at Eba, ngunit pagkatapos ng unang kasalanan, itinago nila ang kanilang sarili at sinubukang takpan ang kanilang kahubaran (Genesis 3). Bahagi ng ating likas na kasalanan ay kaalaman na sa ilang paraan tayo ay hindi nakaabot sa relasyon natin sa Diyos at ramdam natin ang pangangailangan na takpan ang ating mga sarili, ito man ay sa pananamit o mga pagdadahilan.

Isang magandang halimbawa ang buhay ni Moses. Sa Exodo 3 nag-aalaga si Moses ng mga tupa na pag-aari ng kanyang biyenang na si Jethro na taga Median dahil siya ay isang prinsipeng Egiptio na tumatakas dahil sa pagpatay. Ginagawa na niya ang pagpapastol nang “maraming araw,” ayon sa Exodo 2:23,

na ibig sabihin ay maraming taon.

Samantala, napansin ng Diyos ang kalagayan ng mga aliping Judio sa Egipto at handa na siyang gumawa ng hakbang upang palayain sila. Si Moses, dating prinsipe na lumaki sa bahay ng Paraon, kahit na siya ay ipinanganak sa Judiong pamilya, ay nag-aalaga pa rin ng tupa.

Walang pasubali, nagpakita ang Diyos sa anyo ng nagliliyab na puno, ngunit ang puno ay hindi natutupok ng apoy. Napansin ni Moses ang puno at pinuntahan ito upang tingnan. Ni hindi sumagi sa isipan niya kung anong pagbabago ang idudulot ng pagtatagpong ito sa kanyang buhay.

Ang nagliliyab na puno ay nagsalita, sinabi ng Diyos kay Moses, “Tanggalin mo ang iyong sandalyas, dahil banal ang lugar na kinatatayuan mo” (Exodo 3:5). Sinabi pa niya, “Humayo ka na. Ipapadala kita sa Paraon upang palayain ang mga Israelita palabas ng Egipto.” At ang unang tugon ni Moses ay “Sino ako para ako ay humayo...”

Nagpatuloy siyang magdahilan, “Paano kung hindi sila maniwala o makinig sa akin...” at “Hindi ako magaling magsalita.” Babalikan natin mamaya ang kuwentong ito ngunit ang mahalagang tugon sa mga balakid na binanggit natin kanina ay nagmula sa sinabi ng Diyos,

“Sino ba ang gumawa ng bibig ng tao? Sino ba ang may kakayahang gawin siyang

An illustration of a person in a black dress standing on a dark, rainy ground, looking up at a large, intense fire. A speech bubble from the fire says, "Humayo ka. Ako ang nagsusugo sa iyo!". The scene is dark with rain falling around the person and the fire.

Humayo ka.
Ako ang
nagsusugo sa iyo!


bingi o pipi? Sino ba ang nagdedesisyon na makakita o mabulag siya? Hindi ba ako, ang Panginoon? Kaya lumakad ka, dahil tutulungan kita sa pagsasalita at ituturo ko sa iyo ang mga sasabihin mo” (Exodo 4:11-12).

Alam ng Diyos ang limitasyon mo, paghihirap, at personal na pagkabigo. Walang ibang nakakakilala sa iyo nang lubos maliban sa Diyos, at sa kabila ng malalalim na dahilan kung bakit mo nasasabi ang, “hindi ito ang gawain na pinili mo para sa akin,” pero ito yun!

Kadalasan ang plano ng Diyos ay nagdadala sa atin sa mga sitwasyon na wala tayong kakayahan o kahandaan para gawin, para maunawaan natin na ang ano mang tagumpay ay hindi dahil sa ating sariling galing, ngunit dahil sa kapangyarihan ng Diyos.

Sinubukan ni Moses na iligtas ang mga Israelita sa sarili niyang kapangyarihan nang patayin niya ang Egiptio na nagpapasakit sa alipin, at hindi naging maganda ang kinalabasan nito at siya nga ay napadpad sa ilang. Ngayon matanda na at walang sariling lugar, tinawag siya ng Diyos upang sundin ang kanyang kalooban, at nang sumunod siya, ang pinakamalakas na kaharian sa mundo ay napaluhod at ang mga Israelita ay napalaya.

Hindi si Moses ang nagpalaya sa mga Judio, kundi ang Diyos na kumikilos sa pamamagitan ni Moses. Hindi ang nagliliyab



TINGNAN NATIN

*Paano natin
ito gagawin?*

Si Ted ay isang electrician, may asawa, dalawang anak, at isang labrador na aso. Kapag hindi siya nagtatrabaho, sumasama siya sa kanyang mga katrabaho para maglibang, halimbawa, manood ng football, mangisda, at mag-bowling. Hindi siya nag-aral ng teolohiya at minsan ay nahihirapang magsimba tuwing Linggo.

“Tiyak,” sabi ni Ted sa kanyang sarili, “Hindi ako tatawagin ng Diyos para magdisipulo, hindi ako pastor at hindi rin mabuting Kristiyano.”

Ngunit kung wala si Ted, sino ang aabot sa kanyang mga katrabaho na walang ginagawa kundi pumasok sa trabaho? Sino ang magpapangiti sa mga tintera sa fishing store at sa football club kung hindi maganda ang araw nila? Sino ang sasagot sa tawag ng kalaro niya sa bowling na parang may kulang sa buhay niya? Sino ang magpapakalma kapag tumitindi ang usapan dahil sa football game?

Higit sa lahat, sino ang mag-gagabay sa kanyang anak at lumago sa Diyos kasama ng kanyang asawa? Literal na nalulunod si Ted sa napakaraming pagkakataon na sadyang para sa kanya lang at matindi ang pagnanais ng Diyos na gamitin siya roon. Kaya kung hindi siya, sino?

na puno, ang banal na lugar, kundi ang presensya ng Diyos, at nang umalis si Moses sa lugar na iyon, kasama niya ang Diyos, at ganun din sa atin. Madalas na itinaturo sa mga bata na si Jesus ay nasa puso natin, ngunit hindi lang ito isang simpleng kasabihan, ito ay pagpapaalala na tayo ay templo ng Diyos, na humahayo sa mundo, ang banal na lugar.

Minsan mahirap maintindihan kung ano ang ibig sabihin ng ‘nasa banal na lugar.’

Ang Kaban ng Tipan ay ang presensya ng Diyos sa mundo bago dumating si Jesus, isang ginintuang kahon na pinaglalagyan ng Sampung Utos. Ang Kaban ay banal, kaya mayroong mga ritwal at alituntuning kailangan sundin kapag ito ay nasa isang lugar o ito ay ililipat sa iba’t ibang lugar. Sa 2 Samuel 6:6-8 kinailangang ilipat ni David ang Kaban, at habang ito ay nililipat, inabot at hinawakan ito ni Uzziah, at siya ay agad namatay. Ang Kabanal-banalang lugar sa templo ay isa ring sagradong lugar, at dahil dito ang buong Levitico 16 ay inilaan para sa alituntunin ng paglilinis ng sarili bago pumasok dito.

Sa panahon natin ngayon, pagkatapos na mamuhay si Jesus dito sa mundo ay mahirap makita ang nakamamanghang kapangyarihan ng kabanalan ng Diyos. Bago dumating si Jesus, ang presensya ng Diyos ay nakalagak sa mga lugar na ito, isang palatandaan ng presensya ng Diyos. Nang ibigay ni Jesus ang Dakilang Utos gumagawa siya ng bagong Kaban ng Tipan sa iyo. Ngayon kahit saan ka pumunta, dala mo ang banal na presensya ng Diyos. Isang buhay na simbulo ng kanyang pag-ibig at kapangyarihan.

Hindi n'yo ba alam
na kayo'y templo
ng Dios, at ang
Espiritu ng Dios ay
naninirahan sa inyo?

1 Corinto 3:16



IKAW ANG KABAN NG BAGONG
TIPAN. BAWAT HAKBANG MO
AY BANAL NA LUGAR.

TANONG #2

Ano ang Ginagawa ko Dito?

PAKIKINIG SA KALOOBAN NG DIYOS



Isa si Elias sa pinakamakapangyarihang propeta sa Lumang Tipan. Nakipaglaban siya sa isang malupit na reyna, sa hukbo ng mga pari, nagdala ng tagtuyot, at bumuhay ng patay.

Walang alinlangan na isa siyang magaling na lingkod ng Diyos! Ngunit nabuhay sa takot si Elias at pagkatapos siyang pagbantaan ng malupit na Reynang Jezebel tumakas siya papuntang disyerto sa pag-asang kukunin ng Diyos ang buhay niya.

Sa halip nagpadala ng pagkain at tubig ang Diyos at kalaunan, natagpuan ni Elias ang kanyang sarili na nakaupo sa likod ng kuweba, pinanghihinaan ng loob at nalulumbay, handa nang bumigay. Sa gitna ng kanyang nararamdamang pagkabigo, nagsalita ang Diyos kay Elias at sinabi, “Ano ang ginagawa mo rito Elias” (1 Hari 19)?

Buong tapang na sinabi ni Elias sa Diyos na tinalikuran siya ng Israel, na pinatay ng mga Israelita ang lahat ng propeta, at siya na lang ang natitira. At ang pinakamasaklap pa, sinabi ni Elias, “Naging tapat akong lingkod ng Panginoon.” Ito ang palagi nating naririnig na, “hindi patas ang buhay.”

Sinabi ng Diyos kay Elias na lumabas sa kuweba. Mababasa natin sa 19:11 na “dadaan ang Panginoon!” Habang nakatayo si Elias, nakaranas siya ng malakas na hangin, lindol, at apoy. Ngunit ang Diyos ay wala sa hangin at lindol at apoy.



Pagkatapos ay nakarinig si Elias ng isang tinig na parang bulong. Tumayo si Elias sa pasukan ng kuweba. At narinig ni Elias ang tinig ng Diyos, “Elias, ano ang ginagawa mo rito?”

Inulit ni Elias ang mga dahilan sa malungkot niyang kalagayan. Sinabi ng Diyos sa kanya, “Humayo ka,” may misyon pa na kailangang tapusin. Napakaraming oras ni Elias sa disyerto at sa kuweba para marinig ang utos ng Diyos na humayo at bumalik sa Israel, ngunit ang takot niya kay Jezebel, ang gutom at uhaw, ang pagkalumbay at pag-aalala sa kanyang ministeryo ay sadyang nakabibingi.

Sinimulan niyang hanapin ang Diyos upang kausapin siya sa pamamagitan ng mga bagay na tila malakas at makapangyarihan, kung tutuusin hindi ba ito ang Diyos na nagpadala ng apoy mula sa langit sa harap ng mga pari ni Baal?

Kinailangan ni Elias ang pangyayari sa kuweba upang maunawaan niya na ang pagdinig sa Diyos ay hindi tungkol sa malalakas at nakamamanghang mga milagro, sa halip ito ay sa pananalangin bago bumaba ang apoy, ito

ang pagsusumamo na iligtas ang anak ng balo, at ang tahimik na simoy ng hangin ng Diyos na palaging nariyan, kung matutunan mo lang makinig sa katahimikan. Ano ang ginagawa ko rito? Ito ang katanungan na dapat nating tanungin sa ating sarili kung sa pakiramdam natin ay tinalikuran na tayo ng buong mundo at ang lahat ay nawala. Nagpapa-alala ito sa atin na hanapin ang kalooban ng Diyos, at sa katahimikan ay ihayag niya kung saan tayo pupunta.

Pagkatapos ay napagtanto ni Elias na ang ministeryo niya ay magpapatuloy muli, at sa kasagsagan nito ay nahanap niya si Eliseo at dinisipulo niya ito para maging mas dakilang propeta kaysa sa kanya, kay Elias.

Ang tanong ng Diyos na, “Ano ang ginagawa mo rito?” ay gumagabay sa atin sa bawat sandali ng ating buhay. Naghihintay ito ng sagot sa atin. Ano ang ginagawa natin sa sandaling ito at sa lugar na ito? Bakit tayo pumupunta sa trabaho? Sa paaralan? Sa tindahan? Kumakain kasama ang ating mga kaibigan at kapitbahay? Marahil kahit na ang, “Bakit ako pumupunta sa simbahan?”

Palaging may nais ipagawa sa atin ang Diyos kahit nasaan man tayo. Nagtago si Elias sa kuweba. Si Pedro ay nagpapahinga sa bubungan. Minsan nagtatago tayo sa bodega. Gustong malaman ng Diyos, “Ano ang ginagawa mo rito?”

Narito ang simpleng pagsubok. Alam ba natin ang pangalan ng tao na palagi nating nakakasalamuha? Alam ba natin ang pangalan ng kahera sa tindahan o sa gasolinahan na binibisita natin linggu-linggo? Maaaring ang iniisip natin ay pumunta sa tindahan para lang bumili ng gatas o itlog, pero ang nandoon talaga ay tayo bilang bahagi sa plano ng Diyos na makilala niya ang kahera.

Ang bawat pakikipagtagpo natin sa tao ay pagkakataong maibahagi ang pag-ibig ng Diyos. Ang mga taong ito ay pagkakataong patuloy na dumaraan sa buhay natin araw-araw.

Nais ng Diyos na makausap ang bawat tao na nakikilala natin. Walang pagtatangi. Bawat lugar na puntahan natin, minamahal natin ang mga tao at ninanais natin silang makilala nang lubos.

Hindi natin sinusubukang dalhin sila sa simbahan o pilitin silang sumali sa small groups. Tayo ang mga iglesya, kahit saan man tayo pumunta.

Ano ang ating pokus? Kung ito ay hindi gawain ng Kaharian, ano ang ginagawa natin? Ang dahilan kung bakit tayo bumabangon, pumapasok sa trabaho, sa paaralan, kumakain sa labas, o pumupunta sa tindahan...ay para tuklasin ang oportunidad na nilalagay ng Diyos sa harapan natin.

Malay mo, ito pala ang susunod na Eliseo.



*Paano natin
ito gagawin?*

Nasa isang football game si Ted nang may isang manonood ang nakaaksidenteng natabig ang pagkain ng isa pang manonood at parang namumuo ang isang away. Plano lang talaga ni Ted na manood ng laro, pero pagkatapos niyang tanungin ang sarili, “Ano ang ginagawa ko rito?” Nakita niya na may oportunidad dito. Inalok ni Ted ang dalawang manonood na palitan ang natapon na pagkain para walang mapahamak.

Mababago ba nito ang buhay ng dalawang mga palaaway na manonood? Malamang hindi, ngunit mayroon itong malaking epekto sa mga taong nakasaksi sa pangyayari. Maaring ang pag-aaway ay masarap panoorin ngunit ang kabaitan ng isang estranghero ay isang bagay na kinukuwento mo sa susunod na araw.

TANONG #3

Paano Ako Magsisimula?

TINGNAN MO KUNG ANO ANG MAYROON KA.
ANO ANG NASA IYONG KAMAY?



Balikan natin ang kuwento ni Moses at ang nagliliyab na puno. Isa sa mga tanong ni Moses sa Diyos na maaaring tanong din natin kapag mag-uumpisa tayo sa paglalakbay sa pagdidisipulo ay, “Paano po kung hindi maniwala sa akin ang mga Israelita o hindi makinig sa sasabihin ko” (Exodo 4:1)? Sa tugon na mas maliwanag sa inaasahan ni Moses, sumagot ang Diyos sa pamamagitan ng tanong. “Ano ang nasa iyong kamay?”

Si Moses ay pinalaki ng anak ng Paraon, naging isang prinsipe ng isang pinakamalakas na kaharian sa kanyang panahon, ngunit nang makatagpo niya ang nagliliyab na apoy siya ay isa na lamang pastol na nagtatrabaho para sa kanyang biyenang.

Mas malamang na wala siyang pag-aari, maliban sa kanyang tungkod. Inutusan siya ng Diyos na ihagis ito sa lupa at ito ay naging ahas! Makalipas ang ilang sandali, inutusan siya ng Diyos na kunin ito, isang pagsasanay sa pagtitiwala sa Diyos. Pagkatapos inutusan si Moses ng Diyos na ilagay ang kanyang kamay sa loob ng kanyang balabal. Paghila niya ay puno ng ketong ang kanyang kamay, isang tiyak na sentensya ng kamatayan sa panahon noon. Nang ibinalik niya muli sa loob ng balabal ang kanyang kamay ay bumalik itong malinis at malusog.

Si Moses ay naglilingkod sa Diyos na may lubos na kapangyarihan sa lahat ng bagay, kaya hindi ito tungkol sa dami ng iyong pera, anong kotse ang iyong minamaneho, o sa taas ng iyong edukasyon.

Naglilingkod ka sa Diyos na nakapagpapagaling ng may sakit, nagpapadala ng apoy, nagbibigay-buhay, at nababatid ang lahat ng iyong limitasyon at gayon pa man ay pinili ka para sa misyong ito. Mayroon ka na ng lahat ng iyong kailangan para magawa ang kanyang layunin, ang tanging kailangan mo ay lubos na pagtitiwala sa kanya.

Ang tanong ay nagiging ganito: Gagamitin ba natin ang buhay natin para sa ating sarili o para sa Diyos? Magsisikap ba tayong gumawa ng mga tulay na magbibigay-daan sa atin na magdisipulo o pipiliin na matakot, magduda, at hindi sumunod? Tinanong ng Diyos si Moses, “Ano ang nasa iyong kamay?” Sumagot siya, “Tungkod.” Ang tungkod na ito ay nasa maraming kuwento sa Exodo.


Tingnan natin nang may katapatan kung ano ang inilagay ng Diyos sa iyong mga kamay. Pagkatapos, magpakumbabang sumunod, at sikaping gamitin ito sa kaluwalhatian ng Diyos. Tandaan mo na hindi tayo tinawag ng Diyos na gawin ang bagay na ayaw niya tayong ihandang gawin.

**Hindi tayo tinawag ng
Diyos sa bagay na
hindi niya tayo
ihahandang gawin.**



*Paano natin
ito gagawin?*

Bago pa magdesisyon si Ted na bumili ng kapalit ng pagkain sa laro, mas madaling sabihin na lang niya na, “Hahayaan ko na lang na iba ang umayos niyan, hindi ko naman sila kilala.” Sa halip tiningnan niya kung ano ang mayroon siya, at sa pagkakataong ito ay ang kanyang pitaka. Kahit na ito lang ang ginawa niya, malaki ang naging epekto nito kahit hindi niya ito makita.



TANONG #4

Sino ang Nasa Harapan Ko?

LAHAT!

ANG TAO NA NASA HARAPAN KO AY MAS
MAHALAGA KAYSA SA ANO MANG KAILANGAN
KONG GAWIN.

Sa Marcos 4, nasa tabi ng lawa ng Galilea si Jesus. Maraming tao ang pumalibot sa kanya na kinailangan niyang sumakay sa bangka at doon siya nagturo.

Ang paksa sa araw na ito, tulad ng karamihan ng araw, ay ang Kaharian ng Diyos. Kapag itinuturo ni Jesus ang tungkol sa Kaharian ng Diyos, karaniwan nagbabahagi siya ng mga kuwento, ng mga parabula. Sa araw na ito, ibinahagi niya ang kuwento tungkol sa maghahasik na humayo para maghasik, na tiningnan natin kanina, at babalikan ulit mamaya.

Pinag-usapan nila ang misteryo ng binhi na lumalago nang palihim. Ibinahagi niya ang tungkol sa binhi ng mustasa na nagiging malaking puno at pugad ng mga ibon.

Tinawag tayo ng Diyos na maghasik ng mga binhi, hindi magpagalingan. Sa 2 Timoteo 2:15, sinabi ni Pablo sa batang si Timoteo, “Pagsikapan mong maging karapat-dapat sa Dios...” Pansinin ninyo na hindi sinabi ni Pablo kay Timoteo, “dapat na maging kasinghusay mo ako.” At “gayahin mo ang ginawa ni Titus.” Sinabi niya lang na, “gawin mo ang iyong makakaya.”

Ang salitang “mo” sa talatang ito ay isahan, hindi maramihan. Hindi natin kailangang gugulin ang ating buhay sa pagnanais na maging ibang tao, maliban sa ginawa sa atin ng Diyos. Interesado

_____ siya sa pinakamabuti para sa akin, at ang
_____ pinakamabuti para sa iyo.

_____ Nahirapang maunawaan ng mga
_____ disipulo ang mahalagang prinsipyong ito
_____ ng Kaharian. Ito ay bagong paraan ng
_____ pamumuhay at nahihirapan silang ibigay
_____ ang buo nilang pagtitiwala sa Diyos.

_____ Sa Marcos 4:35, sinabi ni Jesus,
_____ “Tumawid tayo sa kabila ng lawa.” Alam na
_____ nila na si Jesus ay pumupunta sa iba’t ibang
_____ lugar, ngunit hindi nila alam kung ano ang
_____ nakalaan sa kanila roon.

_____ Habang tumatawid sila, natulog si
_____ Jesus at biglang nagkaroon ng malakas na
_____ bagyo. Malapit nang lumubog ang bangka.
_____ Kaya sa kanilang pagkatakot ay ginising
_____ nila si Jesus at tinanong, “Balewala ba sa
_____ iyo na malulunod na tayo?” Bumangon
_____ si Jesus at pinatigil ang hangin at alon, at
_____ sinabi, “Tigil, kumalma kayo!” Tumigil ang
_____ hangin. Kumalma ang dagat. Tinanong niya
_____ sila, “Wala ba kayong pananampalataya sa
_____ akin?”

_____ Para sa mga disipulo, ipinakita ng
_____ tanong nila ang tunay na problema. Sinabi
_____ nila, “Sino kaya ang taong ito na kahit ang
_____ hangin at ang dagat ay sumusunod sa
_____ kanya” (Marcos 4:41)? Hindi pa nila lubos na
_____ nakikilala kung sino si Jesus.

_____ Nang dumating sila sa kabila ng lawa,
_____ sinalubong sila ng isang lalaking sinasaniban
_____ ng masamang espiritu, nagwawala nang

nakahubad at nakatira sa sementeryo. Ang pangalan ng demonyo ay “Kawan” dahil marami sila.

Pinalayas ni Jesus ang mga demonyo at ang lalaki ay naging matino ang pag-iisip, naging mahinahon, at naging maayos ang pag-uugali. Inutusan ni Jesus ang lalaki na umuwi sa kanyang pamilya at sabihin ang ginawa ni Jesus sa kanya.

Hindi nagtagal, naghanda si Jesus na muling tumawid sa kabilang dagat (5:21). Nakakatuwang malaman kung ano ang iniisip ng mga alagad tungkol sa mungkahing ito! Maaari ba na tumawid ng dagat ng Galilea si Jesus para lamang sa isang lalaking ito?

Mas higit pa kaya ito sa uri ng pag-ibig na ipinakita ni Jesus sa araw-araw habang siya ay nagmiministeryo sa mundo? Ang taong ito ay nabago at isinugo upang ipagsabi ang tungkol kay Jesus sa sampung lungsod sa rehiyon na kilala bilang Decapolis.

Nang makabalik sila sa kabilang lawa, maraming tao ang muling nagkatipon. Nakatagpo ni Jesus ang lalaking ang pangalan ay Jairus, isang opisyal ng sinagoga, ang may anak na babaeng nag-aagaw-buhay.

Habang papunta sila sa bahay ni Jairus, isang babaeng matagal nang dinudugo ang humawak sa kanya at biglang gumaling. Tila ba si Jesus ay palaging handang maabala. Tumigil siya at sinabi sa babae, “Anak, pinagaling ka

ng iyong pananampalataya” (Marcos 5:34).

Habang nag-uusap sila, dumating ang mga tao para sabihin kay Jairus na patay na ang kanyang anak. Pumunta si Jesus sa bahay at binuhay ang kanyang anak.

Ang mga kuwentong ito ay isang makapangyarihang patotoo sa atin dahil kung si Jesus ay hindi kailanman naging abala para mapansin ang mga tao sa paligid niya, hindi ba dapat tayo rin? Madalas siyang gumawa ng paraan para tumulong sa pinakamababa at pinakamahirap sa kanyang kapanahunan.

Madalas ba ay “abala tayo para mapansin ang iba” at sa gayon ay makaligtaan ang mga pagkakataon na inilagay ng Diyos sa ating harapan? Ang pagsunod kay Jesus ay hindi tungkol sa kung ano ang alam natin, kundi tungkol sa paano tayo namumuhay.

Kapag nakikita natin ang ating espirituwal na buhay na palaging nasa loob ng bodega, marahil tayo ay nakatuon sa kaalaman, hindi sa pamumuhay. Pagkatapos ng lahat, ang taong nasa harap ko ay mas mahalaga sa kahit anong kailangan kong gawin.

May mga tao sa paligid natin na naghahanap kay Jesus ngunit hindi alam kung saan siya hahanapin. Hindi sila sigurado kung ano ang hitsura niya. Sino ang ibinibigay sa iyo ng Diyos para gawing saksi? Sino ang nasa harapan mo, ngunit tulad ng mga alagad sa gitna ng bagyo, ay nakatuon ka sa iyong sarili?

Hanggang sa matutunan nating makita ang tao sa harapan natin, sa tabi natin at sa paligid natin, hindi tayo makapagdidisipulo.

May mga tao
sa paligid
natin na
naghahanap
kay Jesus
ngunit hindi
alam kung
saan siya
hahanapin.





TINGNAN NATIN

*Paano natin
ito gagawin?*

Ang isang normal na araw kay Ted ay parang ganito. Gigising siya at magmamadali para hindi mahuli, kaya naisip niyang bumili ng kape papasok sa trabaho. Pagdating niya, ipinadala siya sa isang apartment para ayusin ang ilang bagay. Bumili siya ng tanghalian sa katabing restaurant bago bumalik. Pagkatapos ng trabaho, magpapa-gas siya ng kotse bago sunduin ang mga anak galing sa baseball practice. Isasabay niya ang ilang kaibigan ng anak pauwi. Pag-uwi, kakain sila ng hapunan, at tatapusin ni Ted ang ilang gawaing bahay bago matulog.

Sa buong araw na iyon, nakasama ni Ted ang mga tao na maaaring ituro ng Diyos sa kanya. Ang cashier sa coffee shop, restaurant, at gasolinahan. Ang mga katrabaho at customer sa apartment. Ang kanyang mga anak, ang coach at mga kaibigan nila. Malamang marami pang iba! Lahat ng nakita ni Ted nang araw na iyon ay nais ng Diyos na makilala sa pamamagitan ni Ted.

**Tayo ay
lalabas at
hahanap ng
pagkakaton
upang
magdisipulo.**

TANONG #5

**Paano kung
ang lahat ay
magdidisipulo
tulad ko?**



Noong isinusulat ang unang sulat sa mga taga-Corinto, inilagay ni Pablo ang usapin tungkol sa pagdidisipulo sa kontekstong Biblikal nang sabihin niya, “Kaya nga, tularan ninyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Cristo” (1 Corinto 11:1). Isinalin ito sa Bagong Tipan bilang “Gayahin ninyo ako tulad ng paggaya ko sa Tagapagligtas.”

Kahit si Pablo, na may kaloob sa pagdidisipulo, ay maingat na hindi malagay sa kanyang sarili ang lahat ng atensyon. Ang nais niya ay si Cristo ang maging sentro ng atensyon. Ito ang pangunahing bagay sa bawat mananampalataya na mamuhay sa paraan na makita ng iba si Cristo sa atin habang tinitingnan nila ang ating buhay na saksi at halimbawa para sa kanilang sarili.

Ito ang tanong na kailangan nating sagutin: ang pagnanais ko bang magdisipulo ay nagtuturo pabalik kay Jesus at karapat-dapat na maging halimbawa para sa ibang mananampalataya? Bago pa ibigay ni Pablo ang komentong, “gayahin mo ako tulad ng paggaya ko sa tagapagligtas,” naipahayag na niya sa kanyang mga kaibigan sa Corinto kung paano nangyayari ang sarili niyang naisin sa pagdidisipulo.

Sa 1 Corinto 9:19-23, inilalarawan niya ang iba’t ibang konteksto ng kultura na palaging nakapaligid sa kanya. Handa siyang kilalanin ang bawat kultural na katotohanan para sa pagdidisipulo. Limang beses sa

maikling talatang ito, ginamit niya ang salitang “mahikayat.” Pagkatapos, kung saan inaasahan natin ang ika-anim na beses, ay pinalitan niya ang “mahikayat” ng “mailigtas.”

Ang kanyang pagnanais na gawin ang kahit anong kailangan niyang gawin para makaugnay sa mga kultural na kontekstong ito ay nag-uugat sa isang pangunahing kaisipan – nais niyang “hikayatin” sila kay Cristo.

Sa pinakamagandang buod na tumutukoy sa “hikayatin” handa siyang “makibagay sa lahat ng tao, upang sa kahit anong paraan ay mailigtas ko ang ilan sa kanila.”

Totoo ba ito sa bawat isa sa atin tuwing ang lider sa kaharian ng Diyos ay nakatuon sa Mesiyas bilang ating tunay na halimbawa? Ang panganib sa kaisipang ito ay pagtuon sa sariling kapakanan at paglalagay ng lider sa sarili nilang programa bilang pagdidisipulo.

Ang pagdidisipulo ay hindi parepareho sa lahat. Bawat isa sa atin, habang sumusunod sa halimbawa ni Jesus, ay dapat malaman kung ano ang hitsura nito para sa atin, sa sarili nating sitwasyon, “makibagay sa lahat ng tao” para maging saksi ng ating pananampalataya kay Jesus sa mga taong iyon.

Inimbento ni Henry Ford ang paggawa ng sasakyan, hindi ang pagdidisipulo. Isinulat ni Bill Hull, “may mga tao ang sinusubukang

gawin ang pagdidisipulo na parang ang pagpaparami ng maaabot sa mundo ay parang planong pang produksyon.” Ngunit hindi tayo nilikha ng Diyos na magkakapareho at ang ating paraan sa pagdidisipulo – ang antas ng interes natin sa pagdidisipulo – ay isinasaalang-alang kung sino tayo at paano tayo hinubog ng Diyos para paglingkuran siya.

Sa dulong bahagi ng Ebanghelyo ni Lucas, mababasa natin ang nakaaantig at nakahihikayat na kuwento tungkol sa dalawang taon na naglalakad pauwi sa Emmaus pagkatapos ng magulong pangyayari sa Jerusalem sa mga nakalipas na mga araw. Ang buong kuwento ay makikita sa Lucas 24:13-35.

Ang dalawa ay malungkot at nag-aalala dahil ang inaakala nilang tagapagligtas ay ipinako sa krus. Bigla na lang, si Jesus ay lumalakad kasama nila, pero hindi nila siya nakilala. Nang tanungin ng lalaki na kasama nila sa paglalakad, ikinuwento ni Cleopas, isa sa kanila, ang tungkol sa nangyari kay Jesus.

Sa katunayan, nagbigay si Cleopas ng magandang buod ng mabuting balita ngunit hindi niya nagawang iugnay sa kanyang isipan ang mga pangyayaring naganap kay Jesus sa Jerusalem at sa mensahe ni Jesus.

At ang taong ito – hindi pa rin nila siya nakilala dahil itinago ito sa kanilang paningin

(24:16) ay nagpaliwanag ng lahat ng nasusulat sa Biblia tungkol kay Jesus. Tulad ng sinabi ni Lucas, “At ipinaliwanag sa kanila ni Jesus ang lahat ng nakasulat sa Kasulatan tungkol sa kanya, mula sa mga isinulat ni Moses hanggang sa mga isinulat ng mga propeta” (24:27). Nang malapit na sila sa Emmaus, nagkunwari ang taong kasabay nila, na magpapatuloy na sa kanyang paglalakbay, pero pinigil nila siya na manatili sa kanila upang kumain.

Sa hapag kainan, kinuha niya ang tinapay at nagpasalamat sa Diyos at ibinigay ito sa kanila. At sa oras na iyon, “nabuksan ang kanilang mga paningin at nakilala nila siya, pero bigla siyang nawala sa kanilang paningin” (24:31).

Ano ang gagawin ng dalawang ito? Sa kadiliman ng gabi nagmadali silang bumalik sa Jerusalem upang sabihin sa mga alagad at sa iba na nakita nila na buhay si Cristo. Hindi nila mapigilan ang sarili nang makatagpo nila si Jesus.

Marami ang nag-iisip kung bakit “itinago sa kanilang paningin na makilala siya” pansamantala. Marahil kung nakilala nila agad si Jesus, hindi sila magkakaroon ng pagkakataon na makinig sa kanya at turuan sila mula sa Kasulatan. Na ang lahat ng nangyari sa kanya ay matatagpuan sa isinulat ni Moses at ng mga Propeta.

Ngunit nang kinuha ni Jesus ang tinapay – isang tradisyon ng mga Judio sa pakikipag-ugnay at pagbabahagi sa iba – lahat ay nagbago. Ang ginawa ni Jesus sa hapag kainan ay nagpapatunay ng mga itinuro niya sa kanila.

Ang tunay na palatandaan ng ating interes sa pagdidisipulo ay makikita sa mga bagay na kusang-loob nating gagawin para sa taong tinuturuan natin para mapatotohanan ang ating pananampalataya na siya ang tagapagligtas. Ang mga lalaking ito, nang mapagtibay ni Jesus ang kanyang kuwento sa pagsasabi nito, ay nagmadaling pumunta sa Jerusalem para

ipagsabi ang mabuting balita.

Para sa atin, ang ating “paggawa” ay maaaring pananalangin at pagtuturo sa iba na manalangin. Sa iba ito ay pag-aaral ng Kasulatan at pagtuturo nito sa iba na mag-aral. Ang pinakamahalaga sa pagdidisipulo ay ang pagpapakita ng halimbawa na kaya nating pumunta sa grocery o tindahan at tumugon sa mga tao tulad ng pagkatawag sa atin ng Diyos.

Matutulungan ba natin sila na makita kung ano na ang “inilagay sa kanilang kamay” ng Diyos para sila ay makapagdisipulo? Mayroong isang matandang kasabihan noong panahon ni Jesus ang mga Judio: “Nawa’y matakpan ka ng alikabok ng iyong guro.” Sa mga panahong iyon, nais ng mga mag-aaral na maging katulad ng kanilang mga guro kaya sumusunod sila nang sobrang lapit upang ang alikabok sa sandalyas ng kanilang guro ay mapunta sa damit ng mga mag-aaral.

Sumusunod ba ang mga tinuturuan natin nang malapit sa atin, habang sumusunod tayo kay Cristo, na natututo sila sa ganitong halimbawa? Kung kulang ang interes natin sa pagdidisipulo, wala tayong dapat na asahan sa kanila.

Maaaring panahon na upang itama ang ating pagtingin sa ating ginagawa. Inilagay ba natin ang ating kabanalan sa maliit na kahon na madaling dalhin kahit saan? O ang kabanalan ba natin ay nag-aapoy sa pag-ibig para sa lahat ng nakikilala natin?

Katulad ba tayo ni Jesus na nakita ang potensyal ng bawat taong nakikilala niya – ang lalaking nasaniban ng masamang espiritu, ang babaeng dinudugo, ang nag-aagaw-buhay na batang babae at ang kanyang nagdadalamhating tatay, at mga takot at nalilitong mga disipulo?

Ang pagsunod kay Jesus sa pagdidisipulo ay hindi kailangang maging komplikadong sistema o nangangahulugan ng “gawin mo nang eksakto ang ginagawa ko.” Sa tuwing

pinipilit mo na ikaw ang masusunod sa pagdidisipulo, hindi natin nabibigyan ng puwang ang Banal na Espiritu na gamitin ang ating pagiging saksi sa mundo ng kasalanan, katwiran, at paghuhukom.

Hindi natin makakalimutan at makakaligtaang paalalahanan ang iba, na ang layunin ay sumunod sa Mesiyas, hindi sa tao. Ang tapat na paghusga sa ating sariling buhay sa usapin ng limang tanong na ito ay maaaring masabi sa atin na marami tayong kailangang baguhin sa sarili natin.

Maaari nating makita na may galit, diskriminasyon sa ibang lahi, o isang masamang pag-uugali. Maaari tayong makadiskubre ng kasalanan sa ating buhay na nagdudulot sa atin ng kabalisahan tuwing tayo ay nasa “banal na lugar.” Anuman ang matuklasan natin, ito ay hindi mabuti sa ating espirituwal na kalusugan. Kailangan nating hingin ang tulong ng Banal na Espiritu na alisin sa ating buhay ang masasamang ugaling ito.

Sa maraming mga taga-Kanluran, maaari nating matuklasan ang kanilang pagka-indibidwal at uri ng espiritu na nakatuon sa sarili na nagsasabi, “ako at ang aking naisin” na nakasentro sa aking buhay. Hindi ito kailangang magpatuloy. Paano kung magkaroon tayo ng tapang na hayaan ang limang tanong na ito na saliksikin ang ating sarili. Maaari tayo nitong hamunin na tingnang mabuti kung paano natin ginugugol ang bawat araw.

Maaari nitong ayusin ang relasyon natin kay Jesus. Kung isasapuso natin ito, maaari nitong ipakita sa atin ang ating pagkamakasariili at himukin tayo na makinig sa Banal na Espiritu at sa plano ng Diyos sa atin sa bawat araw. Bago tayo magdisipulo ng tulad natin, kailangan na masiguro natin na kawangis tayo ni Jesus.

Sa tuwing pinipilit
mo na ikaw ang
masusunod sa
pagdidisipulo, hindi
natin nabibigyan
ng puwang ang
Banal na Espiritu
na gamitin ang
ating pagiging
saksi sa mundo
ng kasalanan,
katwiran, at
paghuhukom.

KABANATA 3

Pagdidisipulo Bilang Paraan ng Pamumuhay



Palaging mabuti at mahusay ang pagsasabi sa iba na dapat silang “humayo at magdisipulo” at kapag nagtanong sila tungkol sa kung sino at paano, ang sagot mo ay tayong lahat, kahit saan, at sa lahat ng panahon.

Isang popular na tula ang isinulat ng makatang taga-Scotland na si Robert Burns, “Ang pinakamagandang plano na inilatag ng mga daga at tao, madalas ay sablay.” Kaya hindi ito tinitingnan bilang isang simpleng plano na ibinabahagi sa isang tao sa loob ng pag-asa ng pagdidisipulo, sa halip ang pagdidisipulo ay likas na bahagi ng ating pamumuhay, tulad ng pag-inom ng kape na pampagising natin sa umaga. Ang pamumuhay na may pagdidisipulo ay dapat na bahagi rin ng ating pang-araw-araw na gawain.

Upang mabago ang pagdidisipulo mula sa pagiging gawain na kailangang harapin, patungo sa paraan ng pamumuhay mo, kailangan nating pagtuunan ang dalawang mahahalagang bagay. Una, ano ang kinukuha natin mula sa labas, at pangalawa, ano ang pinalalakas natin sa loob. Katulad ng pagdidisipulo mo sa ibang tao kailangan mo ring tutukan sa iyong sarili ang mga gawi ng pagiging mabuting disipulo.

Pakikinig



Kung nais mong maging mas malusog, ang una mong gagawin ay kumain ng masusustansiyang pagkain. Kaya kailangan din natin ng tamang pagkain ang ating mga kaluluwa.



Napansin mo ba na karamihan sa mga tao ay may dalawang tainga at isang dila lamang? Ang mabilis

nating sagot ay, “siyempre napansin ko ‘yan!” Kung gayon, tanungin mo ang iyong sarili, ilang tao ang kakilala mo na mas nakikinig ng mas marami kaysa sa pagsasalita?


Ang sagot siguro ay marami, at marahil madalas ay kasama ang ating sarili. Kaya bakit ang pakikinig ang unang kaugalian na kailangan nating matutunan? Minsan sa pagtuturo tungkol sa pagdidisipulo nakakalimutan natin kung sino ang nagdidisipulo sa atin. Hindi lang tayo basta disipulo ng mga nagdidisipulo sa atin, kundi tayo rin ay nagtuturo sa mga tao na maging disipulo ni Cristo!

Kung ikaw ay disipulo ni Cristo, una sa lahat ay kailangan mong makinig sa kanya. Pero paano natin ito gagawin nang pinakamahusay? Hindi lang ito basta pagbabasa ng instruction manual, o pagtawag sa telepono para magpatulong, “Ano ang gagawin ko? ... o paano ba?”



Salita ng Diyos

May isang aklat na iniwan para makatulong sa iyo! Sa katanayan, may mga tagubilin sa aklat na ito na nagsasabi kung gaano kahalaga ang pagbabasa mo rito. Sa Awit 1, ipinahayag ng sumulat nito na ang mga taong nakalulugod sa Diyos ay iyong mga taong “nagagalak na sumunod sa mga aral mula sa Panginoon... at ito ay araw-gabi niyang pinagbubulay-bulayan,” at sa Awit 119:105 sinasabi, “Ang salita N’yo ay katulad ng ilaw na nagbibigay-liwanag sa aking daraanan.” Ang daan natin patungo sa pagiging mabungang disipulo ay imposible kung wala tayong koneksyon sa Salita ng Diyos.



_____ Kung magka-camping ka sa isang
_____ lugar na hindi mo kabisado, maaari kang
_____ mag-set-up ng iyong tent, at magpalipas ng
_____ gabi sa ilalim ng mga bituin. Paggising mo
_____ kinabukasan, hindi mo na maalala ang daan
_____ pauwi, kaya nagpaikot-ikot ka hanggang sa
_____ may makita kang ibang campers.

_____ Sinabi rin nila, “Hindi ko rin kabisado
_____ ang gubat na ito at paggising ko rin kanina ay
_____ hindi ko rin alam ang aking daan, pero handa
_____ ako.” Naglabas sila ng mapa ng kagubatan at
_____ compass, at hindi nagtagal mas marami pa
_____ kayong nakitang campers na nawawala rin,
_____ at sa huli ang mapa at compass ang tumulong
_____ sa inyo na makalabas sa kagubatan.

_____ Ang Salita ng Diyos ang inyong mapa at
_____ compass sa kagubatan at doon ay maraming
_____ mga naliligaw sa mundo. Hindi ang galing mo
_____ ang magtuturo sa kanila ng daan palabas ng
_____ kagubatan, ang Salita ng Diyos na umaakay,
_____ naggagabay at nagtuturo, ngunit kung wala
_____ ang tulong mo, ang ibang naliligaw sa gubat
_____ ay maaaring hindi na matagpuan.

_____ Kung susubukan mong gabayan ang
_____ mga tao palabas ng kagubatan nang walang
_____ mapa, kahit na gaano pa kabuti ang iyong
_____ intensyon, maaari ka pa ring mawala.



TINGNAN NATIN

*Paano natin
ito gagawin?*



Nahihirapan si Joanna na intindihin kung ano ang ibig sabihin ng ‘pakikinig’ sa Diyos. Inirekomenda ng kanyang kaibigan na maglaan siya ng oras sa pagbabasa ng aklat ng Mateo. Pagkatapos niyang gawin ito, bumalik siya sa kanyang kaibigan at sinabi, “Hindi ko pa rin marinig ang sinasabi ni Jesus!” Tumingin ang kaibigan niya at nalilitong sinabi, “Ano ang ibig mong sabihin? Ang lahat ng binasa mo sa buong aklat ay mga bagay na sinasabi niya sa iyo?”

Pagsusuri

ANG GABAY SA PAGBABASA NG SALITA NG DIYOS

Ang pagsusuri ay ang pagbabasa at paulit-ulit na pagbabasa ng talata – maaaring isang pangkat ngunit hindi lamang isang bersikulo. Makatutulong na “manalangin habang binabasa mo ang mga salita.”

Ang yumaong mangangaral na si John Stott ay nagsabi, “ang pinakamahalagang oras sa aking pag-aaral ay ang oras na ako ay nakaluhod kasama ng aking talata.”

Ang pagsusuri ay ang pagkilala sa mga tao, lugar, at bagay. Ito ay pag-alam ng mahahalagang kaalaman at konseptong teolohikal. Mayroon bang mahahalagang bagay sa talata? Magsimula ka ng journal tungkol sa binabasa mo at doon mo isulat ang mga natutuklasan mo. Mga tanong at sagot. Mahirap magbasa ng kahit ano, lalo na ang Biblikal na kasulatan, nang hindi tinatanong ang mga mahahalagang tanong: sino, ano, saan, kailan, at bakit? Maaari na rin nating isama ang “Paano?” Ito ang mga tanong na maaaring magturo sa atin para maghanap ng iba pang mapagkukunan ng tulong para masagot ang mga ito. Maaari rin tayong magtanong ng mga katanungan ayon sa gramatiko tulad ng – “Ano ang pangunahing paksa ng pangungusap na ito? Ano ang pangunahing pandiwa? Ano naman ang mga panghalip? Ang mga ganitong tanong ay walang katapusan.

Sa pag-aaral ng Kasulatan, napakahalaga na mag-aral tayo ng buong talata at hindi isang bersikulo lang. Walang manunulat ng Biblia ang hinati ang kanyang sulat sa kabanata at bersikulo, ngunit bawat mahusay na manunulat (kasama ang manunulat ng Biblia) ay sumusulat ng pangkat ng mga kaisipan na nakapaloob sa isang ideya. Ito ang talata. Kapag natukoy na ang talatang tatalakayin, maaari mo itong tingnan sa lente ng apat na mahahalagang katanungan.

Ang una ay
“kahulugan bilang tagapagsangguni” kung saan tinatanong mo, “ano ang ibig sabihin ng manunulat tungkol dito?”

Ang pangalawa ay
“kahulugan bilang pang-unawa,” “ano ang sinasabi ng manunulat tungkol sa tinatalakay niya?”

Ang pangatlo ay
kahulugan bilang intensyon, “ano ang nais na sabihin ng manunulat (tao at banal)?”

At pang-apat ay **kahulugan bilang kahalagahan,** “ano ang kahalagahan ng talatang ito sa buhay ko?” Ang kahulugan bilang kahalagahan ay siyang nagtuturo sa atin sa panawagan ng pagsunod.

Kung ang talatang ito ay tinuruan tayo ng kahulugan ng Diyos at natuklasan natin kung paano gawin ang mga kahulugang ito sa buhay natin, makatutulong ito na makilala ang Diyos na mas mabuti at makilala ang kanyang anak nang lubusan. Maaari nating itanong, “Paanong ang talatang ito ay nagtuturo sa akin na mahalín ang Diyos at mahalín ang aking kapwa nang mas epektibo?” Ito ang mga lugar sa ating paglalakbay espirituwal kung saan inaasahan natin ang pagkilos ng Banal na Espirito na “ipakita sa atin ang ating kasalanan, paghuhukom, at katwiran” (Juan 16:8-10).

Panalangin



Ang pananalangin ay pakikinig.

Kanina, nabasa natin ang tungkol sa mga tao na mas madaling magsalita kaysa makinig. Mahirap magkaroon ng makabuluhang usapan kapag isang panig lang ang nagsasalita. Imposible rin na makilala ang isang tao kung sa tuwing mag-uusap kayo ay ikaw lamang ang nagkukuwento ng tungkol sa sarili mo.

Ganito rin sa pananalangin. Madalas ang pananalangin ay parang isang suggestion box – na nilalagay natin ang mga komento at reklamo para sa Diyos sa halip na ito ay maging pag-uusap. Sa pananalangin, madalas ito ay simpleng pagsasabi ng lahat ng hiling natin, o pagpupuri sa kanya, at tinatapos natin sa Amen at patuloy na tayo sa gawain sa ating araw.

Kung may kaibigan ka na tumatawag lang sa iyo kapag kailangan nilang maglabas ng sama ng loob o magreklamo tungkol sa nangyari sa araw nila, magiging malalim ba ang pagkakaibigan ninyo? Siyempre hindi!

Kung gayon, bakit ganito ang ginagawa natin sa pananalangin? Dahil ang pakikinig ay mahirap ilagay sa oras natin. Madaling ilagay ang araw-araw na pananalangin kung alam nating maglalaan tayo ng eksaktong limang minuto tuwing

umaga para magsabi ng ating alalahanin at pagkatapos ay diretso na sa trabaho. Kung tayo lang ang nagsasalita alam natin kung gaano ito katagal, pero sa pakikinig kaya?

Paano kung hindi sila tumigil sa pagsasalita, paano kung magtanong sila pero hindi ko alam ang sagot, paano kung hindi ko sila marinig? Hindi ito natatapos! Ang sagot ay nasa 1 Tesalonica 5:17, “Laging manalangin.” At ibig sabihin ito ay pag-uusap na hindi natatapos.

Kaya ano ang gagawin natin? Kailangan nating magtrabaho, magbayad ng mga bills, magluto ng pagkain, at lumabas at magdisipulo. Paano natin gagawin ang mga ito kung kailangan nating maglaan ng panahon sa walang patid na pananalangin? Ang magandang balita ay ang taong dapat na magdisipulo sa atin ay nagpakita ng perpektong halimbawa tungkol dito. Si Jesus ang ating modelo sa pananalangin. Bilang kanyang tagasunod, maaari tayong matuto sa kanya – kung ano ang kanyang ipinanalangin, kailan siya nanalangin, at paano siya nanalangin.

Ang mga ebanghelyo ay puno ng mga talata na tumutukoy sa kanyang pananalangin. Narito ang ilang mga halimbawa.

- **Nanalangin siyang mag-isa.** (Mateo 14:23; Marcos 1:35; Lucas 9:18; 22:39-41)
- **Nanalangin siya sa maraming tao.** (Juan 11:41,42; 12:27-30)
- **Nanalangin siya bago kumain.** (Mateo 26:26; Marcos 8:6, Luke 24:30; John 6:11)
- **Nanalangin siya bago gumawa ng importanteng desisyon.** (Lucas 6:12-13)
- **Nanalangin siya bago magpagaling.** (Marcos 7:34,35)
- **Nanalangin siya pagkatapos magpagaling.** (Lucas 5:16)
- **Nanalangin siya na gawin ang kalooban ng kanyang Ama.** (Mateo 26:36-44)

Tinuruan ni Jesus ang kanyang mga disipulo tungkol sa

panalangin sa iba't ibang panahon.

- Mateo 6:9-13; 7:7-11; 18:19-20; 21:22
- Marcos 11:24-26
- Lucas 11:2-4; 11:9-13
- Juan 14:13; 14; 15:7; 15:16; 16:23-34

Nanalangin si Jesus sa itaas ng silid noong gabi bago siya ipako sa krus habang ginagawa ang Huling Hapunan (Mateo 26:26-30; Marcos 14:22-26; Lucas 22:15-20; 1 Corinto 11:23-25). **Ipinanalangin ni Jesus ang kanyang sarili, ang kanyang mga disipulo, at lahat ng nananampalataya sa kanya habang naglalakbay siya patungo sa krus** (Mateo 26:36-46; Juan 17).

Sa krus, **ipinanalangin niya ang mga nagpapako sa kanya** (Lucas 23:34). At sa dulo ng malupit na karanasang iyon, **nanalangin siya habang ipinagkakatiwala ang kanyang espiritu sa kamay ng Ama** (Lucas 23:46). **Pinagpala niya ang kanyang mga disipulo habang pabalik siya sa langit** (Lucas 24:50-53).


Ano ang matututunan natin sa mga panalangin ito? Kahit nasaan man si Jesus o ano man ang kanyang ginagawa, **PALAGI** siyang nananalangin sa Diyos. Ang pinakamahirap gawin ngayon ay mag-isa kasama siya. Walang abala, walang ingay, walang kaguluhan sa labas, ikaw lang at siya, naglalakad sa hardin (kung saan man ito) muli tulad ng palagi niyang nais gawin.

Nagbibigay ito ng lugar sa Diyos na mangusap sa iyong buhay sa ano mang panahon, at dito magkakaroon ka ng pagkakataong lumawak ang iyong pagdidisipulo nang higit pa sa sampung beses, dahil ngayon hindi ka lamang naghahanap ng mga nawawala gamit ang iyong sariling mata, ngunit nakikita mo ang mundo sa pamamagitan ng Diyos at nakikita niya ang mga taong sadyang aabutin mo.



*Paano natin
ito gagawin?*

Hirap manalangin si Joanna. “Hindi ko talaga alam kung ano ang dapat kong sabihin!” Hirap na sabi niya sa kanyang kaibigan. “Baka iyan ang problema, baka kailangan mo lang na maglaan ka ng puwang para maging tahimik kasama siya.” Matagal ang panahon mo sa pagbibiyahe papunta sa trabaho, baka puwede mong patayin ang iyong radyo at makinig sa kanya, ito ay pananalangin din!”



Pag-aayuno

Kanina, bahagya nating pinag-usapan ang isa sa pinakamahirap na aspeto ng pamumuhay Kristiyano sa ating panahon: ang paglalaan ng panahon para mapag-isa kasama ang Diyos. Hindi maikakailang halos imposible na magkaroon ng totoong relasyon sa Diyos kung hindi ka makapaglaan ng oras para makapag-isa kasama siya.

Gayunpaman, iba-iba ang hitsura ng pag-iisa kasama siya. Dito pumapasok ang kahalagahan ng pag-aayuno. Balikan natin ang halimbawa ng pagkawala sa kagubatan. Mayroon tayong mapa at compass (Salita ng Diyos) at nandoon ang gabay ng park ranger na nakakausap sa walkie talkie (pananalangin), lahat ng kailangan natin hindi lang para mahanap ang ating daan, ngunit makatulong din sa iba para mahanap ang daan nila pauwi.

Parang madali lang itong gawin!

Ngunit habang tayo ay naglalakad, naririnig natin ang pagputol ng mga sanga, ang tunog

ng iba't ibang hayop sa kagubatan, ang pagkalam ng ating sikmura at ang tunog mula sa ating headphones habang nakikinig tayo sa paborito nating podcast kung paano makaligtas sa kagubatan. Lahat ng ito ay kumukuha ng ating atensyon palayo sa mapa, at inaabala tayo sa pakikinig sa gabay na nasa walkie talkie. Dito napupunta ang kahalagahan ng pakikinig sa totoong mundo, puno ng kaabalahan, pangangailangan, ingay, kahirapan, at magagandang mga podcasts.

Paano natin aalisin ang mga ingay at bumalik sa taimtim na pakikinig? Pag-aayuno. Ang pag-aayuno ay isang gawain na matatagpuan natin sa Luma at Bagong Tipan, at ito ang kahalagahan nito: Alisin ang iyong sarili mula sa mga kaguluhan at pagnanais, “karaniwan ay pagkain” sa isang takdang oras o panahon para muling ituon ang pakikinig sa Diyos. Si David, Ahab, Ester, ang mga taga-Nineve, ang mga nadakip na Judio, ang mga disipulo, at mismong si Jesus ay nag-ayuno at nanalangin. Si Jesus ay nag-ayuno ng apatnapung araw at gabi sa Mateo 4 sa simula ng kanyang ministryo.

Nang mag-ayuno si Jesus sa ilang, tinukso siya ni Satanas. Unang inalok ni Satanas na tugunan ang pisikal na pangangailangan niya, pagkain. Sinabi sa kanya ni Satanas, kaya kong ibigay ang pagnanais mong maging komportable.

_____ Sinagot siya ni Jesus, “Sinasabi sa Kasulatan,
_____ ‘Hindi lang sa pagkain nabubuhay ang tao
_____ kundi sa bawat salita ng Dios’” (Mateo 4:4).

_____ Sinaway ni Jesus si Satanas sa
_____ pagsasabi na ang tagumpay ko ay
_____ nagmumula sa Diyos hindi sa kaginhawahan
_____ na ibinibigay ng mundo. Sumunod, inalok
_____ ni Satanas sa kanya ang kasikatan, sa
_____ pagsasabing ililigtas siya ng mga anghel
_____ kung magpapatihulog siya mula sa tuktok ng
_____ templo. Pero sinagot siya ni Jesus, “Sinasabi
_____ sa Kasulatan, ‘Huwag mong subukin ang
_____ Panginoon mong Dios’” (Mateo 4:7).

_____ Hindi kailangan ng Diyos ang
_____ pagtanggap ng iba, dahil mas higit siya sa
_____ pagsubok at sa pagkilala ng tao. Sa huli,
_____ inalok ni Satanas ang paghahari sa buong
_____ mundo kung sasamba si Jesus sa kanya.
_____ Bilang tugon, pinalayas ni Jesus si Satanas at
_____ sinabi, “Sambahin mo ang Panginoon mong
_____ Dios at siya lamang ang iyong paglingkuran”
_____ (Mateo 4:10). Mayroon lamang isa na dapat
_____ sambahin, at iyon ay ang Panginoong Diyos.

_____ Sa pamamagitan lamang ng pag-aayuno,
_____ ang pagkilala sa mga pangangailangan,
_____ pisikal sa pagkain, sosyal sa pagkilala sa
_____ templo, at espirituwal sa pagsamba, na
_____ nagawang palayasin ni Jesus si Satanas.

_____ (Mahalagang malaman na sa bawat
_____ pagsaway ni Jesus, gumamit siya ng Salita ng
_____ Diyos, isang dahilan para magbabad tayo rito,
_____ para tayo ay palaging handa!) Napakadaling

“Sambahin mo
ang Panginoon
mong Diyos, at
paglingkuran
lamang siya.”

mawala sa mga pangangailangang ito at hangarin ang tagumpay malayo kay Cristo, kadalasan hindi ito sinasadya, kaya naman napakahalaga ng pag-aayuno.

Sa oras na lumayo ka sa mga kaabalahan, masusubukan mong mabuhay nang wala ang mga bagay na sinasabi mong KAILANGAN mong magkaroon. Para sa iba ito ay pagkain, ngayon imposibleng mabuhay nang walang gadgets, at sa iba ito ay pakikisalamuha sa iba at paghanap ng panahon na hiwalay sa mga tao.

Sa pamamagitan nito natin makukuha ang katahimikan sa Diyos, sa oras na subukan mong mag-isa kasama siya. Alamin mo kung ano ang pumupuno sa iyong isipan. Maaaring ito ay pagkain, social media, games, o ang iyong mga gawain.

Ihiwalay mo ito at ibigay sa Diyos. Sa oras na binitiwang mo ang kontrol dito, hindi ibig sabihin na maaalis ang pagnanais mo, ngunit kapag nakaramdam ka ng pagnanais dito, maaalala mong kumonekta sa Diyos.

Ito ang dahilan kung bakit ang pagkain ay isa sa madaling paraan ng pag-aayuno. Kapag naramdaman mo ang gutom napapaalalahanan kang manalangin, hanapin ang kalooban ng Diyos, at makinig sa kanyang pag-gabay.



*Paano natin
ito gagawin?*

Ang pananalangin ni Joanna habang nagbibiyahé ay nakatulong sa kanya na manalangin nang mas epektibo ngunit napapansin niya na lumilipad ang kanyang isip at madalas maabala ng mga pasaway na drivers. Kaya tuwing umaga sa halip na kumain ng agahan ginagamit niya ang oras na ito para umupo nang tahimik kasama ang Diyos bago ang trabaho at tuwing walang pasok. Mas gutom siya bago ang lunch break pero ang gutom na ito ay paalala sa kanya na manalangin para sa mga tao sa paligid niya nang mas madalas kaysa dati.

Ang ugali
natin ang
ating tunay
na pagkatao.



Karakter (Ugali)

Balikan natin ang halimbawa sa pagsasaka, ang unang bahagi ng kabanatang ito ay tungkol sa kung ano ang kailangan mo – ang binhi, tubig, at pataba ng pagdidisipulo. Mayroon na tayong mga sangkap na kailangan upang gumawa ng disipulo na gagawa ng mga disipulo, ngunit kung hindi tayo magtatrabaho, hindi ito magiging mabunga. Kung ano ang napagpasyahan mong linangin sa kalooban mo, ito ay ang iyong pagkatao, kung paano ka kumilos ayon sa likas mong ugali. Gayuman, hindi ito kasing dali ng pagtanggap ng Salita ng Diyos, pananalangin, at pag-aayuno, at pagsama-samahin ang mga ito at ngayon tayo ay handa nang humayo. Ngayon ang bawat bahaging ito ay mga disiplinang kailangan nating matutunan. Nakapagtanim tayo, nakapagpataba, at nakapagdilig. Ngayon naman ay pagdadamo, pagtatabas, at pag-aani.



TINGNAN NATIN

*Paano natin
ito gagawin?*



Napansin ni Joanna na masyadong kumakain ng oras sa kanyang araw ang kanyang telepono. Hindi dahil sa kailangang niyang makipag-usap nang madalas, ngunit dahil sa nagpapalipas siya ng oras habang naghihintay ng susunod niyang gawain. Madalas ay wala sa sarili na tumitingin sa social media, o kaya ay naglalaro, o simpleng tumitingin sa mga larawan na kinuha niya sa iba't ibang okasyon. Nagdesisyon si Joanna na kung nais niyang maging epektibong mag-didisipulo, kailangan niyang labanan ang pagsasayang ng oras sa kanyang telepono at ibalik ito sa Diyos.

Simpleng Pamumuhay

Una, pag-usapan natin ang mga damo. Ang sinumang naghahalaman ay nakakaalam na ang isa sa pinakamahirap na bahagi ng paghahalaman ay ang pagdadamo, hindi dahil mahirap magbunot ng damo (kahit may iba na mahirap) ngunit dahil ito ay walang katapusang laban. Araw-araw kailangan mong alagaan ang mga halaman at alisin ang mga damo, ito man ay paglalagay ng pataba o gamot laban sa peste, pag-gamas, o pagbubunot nang pakamay, at ito ay tuluy-tuloy na trabaho para mapanatiling malinis ang iyong halaman mula sa mga damo.

Bakit ba kailangan nating labanan ang mga damo? Ang mga damo ay dahan-dahang tutubo at sisipsipin ang lahat ng sustansiya at tubig sa lupa, at minsan ay tinatakpan nito ang sinag ng araw upang hindi makarating sa puno na nais mong palaguin, at kung hindi ito maso-solusyonan, ay papatayin nito ang iyong puno dahil hindi niya nakukuha ang sustansiya na kailangan niya.

Ganun din sa sarili natin. Sa mundo natin ngayon tayo ay natatabunan ng mga “bagay.” Kasama rito ang mga pisikal na bagay, mga “bagay” na pag-aari natin, at mga “bagay” na kailangan nating gawin. Sa mundo na pinatatakbo ng konsumerismo, madalas na mahirap iwasan ang pagkakaroon ng materyal na bagay sa paligid natin, at mas mahirap na iwasan ang mundo na punuin ang ating buhay ng mga “bagay” na dapat gawin.

Ang buhay na pagkakaroon ng mga ‘bagay’ at mga ‘bagay’ na kailangang gawin ay hindi ang ating pagkatawag. Sa halip sa Mateo 6:33 sinabi niya, “Kaya unahin ninyo ang mapabilang sa kaharian ng Diyos at ang pagsunod sa kanyang kalooban, at ibibigay niya ang lahat ng pangangailangan ninyo.” Pansinin ninyo na hindi sinabi ni Jesus na “ilagay ninyo ang kanyang

kaharian at pagsunod sa kanyang kalooban” sa iyong listahan ng pinakamahalagang gawain. Sa halip ang sinabi niya ay “ang kanyang kaharian at pagsunod sa kanyang kalooban” ang inyong pinakamahalagang gawain. Panahon na para linisin ang ating pang-araw-araw na buhay.

Nang utusan ni Jesus ang labindalawa at isinugo sila para magdisipulo (Mateo 10:5-15; Marcos 6:7-13; Lucas 9:1-16) ito ay isang paglalakbay na minarkahan ng panawagang pamumuhay nang simple o payak. Sinabi niya sa kanila, “Huwag kayong magbaon ng pera, o kaya’y magdala ng bag, damit na pambihis, sandalyas, o tungkod. Sapagkat ang manggagawa ay dapat lang na suportahan sa mga pangangailangan niya.”

Sa Pangangaral sa Bundok, sinabi niya sa mga taong nakikinig sa kanya sa tabi ng bundok, “Kaya sinasabi ko sa inyo, huwag kayong mag-alala tungkol sa inyong buhay – kung ano ang inyong kakainin, iinumun o susuotin. Dahil kung binigyan kayo ng Diyos ng buhay, siguradong bibigyan din niya kayo ng pagkain at isusuot” (Mateo 6:25).

Ang aral na ito ay sinundan ng magandang paalala na ang ating Diyos ay Diyos na nagbibigay ng pangangailangan. Ito ang nagpapahintulot sa atin na lumipat sa simpleng pamumuhay at hindi mo kailangang magkaroon ng “mga bagay” sapagkat ang Diyos ang nagbibigay anuman ang iyong kailangan.

Ang simpleng pamumuhay ay magtutulak sa atin na mahalín ang ating kapwa dahil ang pagmamahal natin Sa Diyos (at pagsunod sa kanyang utos) ay higit sa pagmamahal natin sa ating mga ari-arian. Tandaan natin ang dakilang utos ni Jesus na, “Mahalin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, at nang buong pag-iisip” (Mateo 22:37). Ibig sabihin ng lahat ay lahat, hindi iilan lang.

Walang bahagi ng kung sino tayo at ano tayo ang puwedeng balewalain. Ito ay nagbibigay sa atin ng panahon para sa misyon.

Kapag may panahon tayo para sa misyon, mauunawaan natin na ang pagpunta sa grocery para bumili ng gatas pauwi sa bahay ay mas makahulugan kaysa sa gawaing ito.

Maaari nating isipin na ang pakikipag-usap sa tinderang nagbenta sa atin ng gatas ay mas higit pa sa pagbebenta at isang pagkakataong misyonal sa buhay mo.

Ano ang puwede nating gawin para mamuhay sa direksyon ng simpleng pamumuhay? Maaari tayong magsimulang manalangin at mag-ayuno para sa taong inilalagay ng Diyos sa ating daraanan. Ito ang mga kasangkapan na una nating nakuha bago tayo magsimulang magsikap na baguhin ang ating pagkatao (pag-uugali).

K a p a g natuto tayong manalangin sa mga tao sa pangalan nila (o sa lugar kung hindi natin alam ang pangalan niya, halimbawa, ang sales lady sa 7-Eleven) mas nagiging malakas ang loob natin at may malalim na pagnanais na mahalin sila tulad ng pagmamahal ng Diyos sa kanila. Ngunit ang pag-ibig ay hindi simpleng emosyon lang, sinasabi ni Juan sa atin, “huwag tayong magmahalan sa salita lang, kundi ipakita natin sa gawa na tunay tayong nagmamahalan” (1 Juan 3:18).

Sa Galacia 5:6, ipinaaalala sa atin ni Pablo na ang ating kalagayang pisikal ay hindi ang tunay na usapin, ngunit ang “pananampalatayang nakikita sa pamamagitan ng pagmamahalan.” Ang bawat isa sa pitong bilyong taong nabubuhay ngayon ay nilikha sa wangis ng Diyos. Bawat isa sa kanila, “ang napakaraming tao” sa Mateo 9:36-38, ay may halaga at mahalaga sa Diyos. Purihin natin ang Diyos dahil ang daraanan ng iba sa bilyun-bilyong mga taong ito at ang ating daraanan ay magsasanga. Kung paano natin ipagdiriwang ang pagkakataong ito ay magkakaroon ng malaking epekto sa ating pagdidispulo para sa Kaharian.

Kapag may panahon
tayo para sa misyon,
mauunawaan natin
na ang pagpunta sa
grocery para bumili
ng gatas pauwi
sa bahay ay mas
makahulugan kaysa
sa gawaing ito.



*Paano natin
ito gagawin?*

Para kay Joanna ang ibig sabihin ng simpleng pamumuhay ay pag-iwan ng telepono niya sa bahay kapag siya ay lumalabas para sa ilang gawain. Minsan ibig sabihin nito ay may mga mensahe siya na hindi niya mababasa agad, o minsan ay maiinip siya sa paghihintay. Gayunman ang simpleng pamumuhay na ito ay nag-uudyok sa kanya na tumingin sa paligid niya, ngayon ay nakikipag-usap na siya sa mga tintera, nagiging intensyonal tungkol sa pagpapasalamat sa mga empleyado at handa nang tumulong sa mga taong nakikita niyang parang nangangailangan ng tulong sa kanilang mga ginagawa.

Pagpapasakop at Paglilingkod

Ngayong napalago na natin ang ating halaman na hindi naaabot ng mga damo, at maingat na binabantayan ito, maaari na tayong magpatuloy sa susunod na mahalagang bahagi ng pagpapalago ng ating pagkatao: Pagpuputol. Ang pagpuputol ay kapag tinatanggal mo ang patay, namamatay na, o masasamang sanga at binibigyan ng lugar ang paglago, pamumulaklak, at matibay na paglago.

Ang isa sa mga tiyak na katangian ng isang taong puspos ng espiritu ay matatagpuan sa Efeso 5, inilarawan ni Pablo kung ano ang katangian ng isang taong puspos ng Espiritu, na nagtatapos sa “Magpasakop kayo sa isa’t isa bilang paggalang kay Cristo” (Efeso 5:21).

Katulad sa Mateo 20:26-28 sinabi ni Jesus sa kanyang mga disipulo “... ang sinuman sa inyo na gustong maging dakila ay dapat maging lingkod ninyo. At ang sinuman sa inyo na gustong maging pinuno ay dapat maging alipin ninyo. Maging ako na Anak ng Tao ay naparito sa mundo, hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at magbigay ng aking buhay para maligtas ang maraming tao.”

Ang mga puno kung hindi naalagaan ay lalaki sa anumang direksyon na nais nila, ngunit hindi ibig sabihin na pinakamabuting paraan iyon ng paglago nila. Sa pag-aalis ng mga bagay na gusto natin at sa tingin natin ay karapat-dapat sa atin, malalaman natin na may mas mabuting paraan. Ginagawa natin ito sa pamamagitan ng pagpapasakop sa salita ng Diyos, pakikinig sa kanyang patnubay, at pag-uuna sa pangangailangan ng iba bago ang ating sarili. Ang pagpapasakop ay nangangahulugan ng pagsusuko ng ating kontrol at ang paglilingkod na nangangahulugang tinatanggap mong unahin ang mga pangangailangan ng iba kaysa sa iyo.



*Paano natin
ito gagawin?*

Ngayon na nasanay na si Joanna na iwan ang kanyang telepono sa bahay kapag hindi niya ito kailangan, napatunayan niya na kaya niyang umalis nang wala ito. Ang mahirap na parte ay matututunan niyang hindi ito kunin sa buong araw. Sa halip, sa tuwing nararamdaman niya ang udyok na magsimulang mag-scroll sa social media, tinatanong niya ang kanyang sarili, “Sino ang nakikita ko? (Isang paraan na natutunan niya nang mabilis). Sa halip na tumingin sa social media, tinutulungan niya ang mga matatandang buhatin ang kanilang mga bag, tumatawag sa kaibigan para kumustahin, nakikipag-usap sa isang tao na tila malungkot, o simpleng umuupo at nakikinig sa Diyos kung ano ang maaari niyang ipagawa sa kanya ngayon.

Kabanalan at Pag-ibig

Ang huling bahagi ng iyong pagkatao ay bunga ng lahat ng pinag-usapan natin sa kabanatang ito. Ang pagsasama ng pakikinig, sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, pananalangin, at pag-aayuno, at ang paghubog ng iyong pagkatao sa pamamagitan ng simpleng pamumuhay, pagpapasakop, at paglilingkod ay magbubunga nito, nang halos walang aktibong pagpili tungo sa kabanalan. Sabi sa 1 Pedro 1:16, “Magpakabanal kayo dahil banal ako” ngunit ano ang ibig sabihin ng “magpakabanal?”

Ang pinakamagandang pagsasalin ng mga salitang tulad ng banal, kabanalan, santo, pinabanal, atbp. ay ang ideya ng pagiging “hiwalay o bukod” na ang ibig sabihin ay sadya nating itinalaga ang ating sarili sa isang bagay na nasa labas ng kung ano ang nakapaligid sa atin. Mayroong isang bagay na hindi lang natatangi tungkol sa atin, ngunit intensyonal.

Sa huling pagbabalik sa kuwento ng puno, kapag lumaki na ang iyong puno, at ito ay naputulan ng sanga, ito ay magiging handa nang mamunga, at ang bunga ay kabanalan, at ang pagtatanim ng bago nitong prutas? Pag-ibig.

Upang maging banal tayo, kailangang italaga natin ang sarili natin sa layunin ng Diyos. Ang kalooban niya ang nagiging kalooban natin. Ang minamahal niya, minamahal natin. Si Jesus ay nagsabi sa kanyang dakilang panalangin sa Juan 17 na, “Isinugo mo ako rito sa mundo, kaya isinusugo ko rin sila sa mundo.” Ang kabanalan natin sa harapan ng Diyos ay nakadepende sa kagustuhan nating mamuhay tulad ni Jesus na ang ibig sabihin ay magmamahal tayo ng tulad ni Jesus. Ang motibo natin sa pagmamahal ng iba ay wagas at dahil sa pagmamahal natin sa Diyos nang buo nating pagkatao. Ang pag-ibig ay nag-uugat sa mapagpakumbabang puso. Ang pagpapakumbaba, ay hindi pagtingin nang mababa sa ating sarili. Sa Mga Gawa 20, sinabi

ni Pablo sa mga matatanda sa Efeso na pinaglingkuran niya sila nang may kapakumbabaan (Mga Gawa 20:19). Ngunit sa mga taga Corinto, sa 2 Corinto sinabi niya, “Kahit na wala akong maipagmamalaki sa aking sarili, hindi naman ako nahuhuli sa mga taong iyan na magagaling daw na mga apostol” (12:11b).

**pagiging
hiwalay,
“itinangi”**



Ang kabanalan
natin sa harapan
ng Diyos ay
nakadepende
sa kagustuhan
nating mamuhay
tulad ni Jesus na
ang ibig sabihin
ay magmamahal
tayo nang tulad
ni Jesus.



*Paano natin
ito gagawin?*

Ngayon na nasanay na si Joanna na magpasakop sa nais ng Diyos (mapansin ang mga nasa paligid niya) sa halip na sa sarili niyang pagnanais (pag-scroll sa social media), nagsimula niyang makita ang isang bagong mundo. Hindi lang siya simpleng si 'Joanna,' siya na ngayon si 'Joanna: Ang templo ng Diyos na kumikilos.' Kahit saan siya pumunta, pag-ibig ang dala niya, kabaitan, at kabanalan sa mga taong hindi pa nakararanas nito sa laundry shop, fast food restaurant o sa computer shop.



KABANATA 4

Organikong Pagdidisipulo



Napag-usapan na natin kung paano hikayatin ang isang tao sa pagdidisipulo at ang mga epekto na maaaring mangyari sa buong mundo. Madaling bahagi sa isang tao pagdating sa pagbabago ng pananaw sa pagdidisipulo, na mabuti dahil ito ang tunay na pagsisimula ng pagdidisipulo, sa isang tao.

Sa kalaunan gayunpaman ay sikapin nating baguhin ang ilang kaisipan na malalim nang nakaukit sa mga Kristiyano sa pangkalahatan.

Ang kabanatang ito ay nagsisikap na harapin ang negatibong kaugalian ng pagtatayo ng mga kamalig, na nasa malalim na teolohiya. Habang ang isa ay maaaring magsabi, “Ipauubaya ko na ang teolohiya sa mga eksperto sa teolohiya,” napakahalagang malaman kung ano ang tunay na kahulugan ng organikong pagdidisipulo para sa iglesia at sa malawak na komunidad ng mga Kristiyano, sapagkat sa panahon natin ngayon, sila ay naging mga ekspertong manggagawa ng kamalig at mahinang magsasaka.

Tabi ng Daan




Mabatong Lugar



Lupang May Matitinik na Damo



Matabang Lupa



Maghasik Nang Walang Patid

Ang puno ng prutas ay isang buhay na organismo na dumedepende sa kanyang kapaligiran para lumago at mamunga. Kung ang lahat ng mga aspeto ay tama, ang puno ay lalago at gagawin kung ano ang pagkakalikha dito na dapat gawin. Ngunit kung masama ang lupa, o kung sobra o kulang ang tubig at araw, ang puno ay mababansot at maaaring mamatay.

Sa Marcos 4 (matatagpuan din sa Mateo 13 at Lucas 8) ibinahagi ni Jesus ang kuwento ng isang magsasaka na nagtanim ng mga buto sa apat na magkakaibang lupa.

Ang ilan sa mga buto ay nalaglag sa tabi ng daan, at bago pa ito tumubo, kinain ito ng mga ibon. Ang iba ay nalaglag sa mabatong lupa, tumubo ito nang mabilis ngunit sa huli ay nalanta dahil walang sapat na matabang lupa para kapitan ng mga ugat.

Ang ibang buto na nalaglag sa lupang may matitinik na damo ay tumubo at lumaki, ngunit ito ay nasakal ng mga damo. Ngunit ang ilang buto ay nalaglag sa matabang lupa. Ito ay tumubo, lumago, at namunga ng masaganang ani.

Inilarawan ni Jesus ang mga tanim nang ganito: “may namunga ng tatlumpu, may namunga naman ng animnapu, at may namunga ng isangdaan” (Marcos 4:8). Ito lamang ang parabula na pagkatapos

ikuwento ni Jesus, ang mga disipulo ay lubhang naguluhan at pagkatapos ay ibinahagi muli ni Jesus ang kuwento nang may komentaryo na nagpapaliwanag nito!

Ito ay isang palatandaan sa mga matatapat na magbabasa ng ebanghelyo na ito ay isang pangunahing kuwento tungkol sa kaharian. Nararapat ding tandaan na ang maghahasik ay parang walang pakialam sa paghahasik ng buto. Hindi niya pinag-aralan ang lupa para makasiguro na ang kanyang tinataniman ay magbubunga – naghasik siya nang walang pag-aalinlangan.

Kung ilalagay natin sa konteksto ng kultura kung saan ang mga buto o binhi ay itinatahi taun-taon, hindi binibili, mas lalong pinaigting nito ang paglalarawan ng paghahasik.

Maraming iskolar ang nagmumungkahi na ang parabula ng maghahasik ay isang napakahalagang kuwento (ipinapakita ang katotohanan na lahat ng tatlong ebanghelista ay naisulat ito; ang pagkakalagay nito sa kasulatan, at ang pagpapahalaga na ibinigay dito) na maliban na maunawaan natin ang kuwentong ito, ang ibang parabula tungkol sa kaharian ay manananatiling mahirap maunawaan.

Ang hindi maipagkakailang katotohanan ay si Jesus ay nagbabahagi ng mga kuwento (parabula) na nakatuon sa pagpaparami. Dalawang magkakatulad na kuwento, ang

parabula ng mga talento sa Mateo 25:14-30 at ang parabula ng sampung mina sa Lucas 19:11-27 ang nagtuturo sa mga tagasunod ni Jesus na ang kanyang inaasahan sa atin ay “dumami” ang anumang ipinagkatiwala niya sa atin.

Sa parehong kuwento, may paghuhusga para sa mga alipin na dahil sa takot at katamaran ay “itinago” (alalahanin ang pagsasalarawan na makita ang iglesya na isang kamalig na tinataguan ng mga bunga) ang anumang ipinagkatiwala sa kanila.

Hindi nanawagan si Jesus na palagi tayong lumagay sa sigurado, ngunit maghasik tayo ng binhi ng mabuting balita nang walang pag-aalinlangan, sa kaalaman na may mga lugar kung saan ito ay mamumunga ng “tatlumpu, animnapu, at isangdaan.” Hindi natin dapat kalimutan ang katotohanan na sa parabula ng mga talento sa Mateo, sinundan ito ng direktang pahayag tungkol sa paghuhukom na gagawin ni Jesus sa wakas.

Ang linya na naghihiwalay sa tupa at sa kambing sa kuwentong iyon ay kung pinakain ba natin o hindi ang mga nagugutom, binigyan ng tubig ang mga nauuhaw, dinamitan ang mga walang damit, pinatuloy ang mga walang tahanan, binisita ang mga bilanggo, atbp.

Batay sa pagkakalagay ng dalawang talatang ito, iisipin mo ang tungkol sa posibilidad na isa sa mga paraan na tayo

Hindi nanawagan
si Jesus na palagi
tayong lumagay sa
sigurado, ngunit
maghasik tayo ng
binhi ng mabuting
balita nang walang
pag-aalinlangan, sa
kaalaman na may
mga lugar kung saan
ito ay mamumunga ng
“tatlumpu, animnapu,
at isangdaan.”

ay “naghahasik ng binhi” ay magpakita ng malasakit sa mga tao sa paligid natin – walang pagtatangi kahit anong uri ng lupa ang puso nila. Ganito ang iniuutos ni Jesus kung paano gumawa ng mga disipulo (ang mga binhi).

Kung lahat ng tamang kondisyon ay nandoon, ang mga disipulo ay lalago at magbibigay ng masaganang ani. Ang isang maliit na buto ay makapagbubunga ng isang daang beses (Marcos 4:8). Ang isang malusog na puno ay makapagpapakain ng isang barangay. Ang isang disipulo ay maaaring dumami ng sampu, isang daan, o kahit na isang libo pa. Ito ang misyon at hangarin na iniwan ni Jesus sa kanyang mga disipulo – ang humayo sa dulo ng mundo at magdisipulo (Mga Gawa 1:8).

Malinaw na naunawaang mabuti ng mga pinakaunang Kristiyano ang utos mula kay Jesus. Nang isulat ni Lucas ang kasaysayan ng mga pinakaunang Kristiyano sa aklat ng Lucas, ginawa niya ito sa anim na hiwalay na “eksena.” At sa dulo ng bawat eksena, nagbigay siya ng buod na pahayag kung ano ang naisulat. Basahin ang mga buod na pahayag sa Mga Gawa 6:7; 9:31; 12:24; 16:5; 19:20; at 28:30-31.

Makikita mo sa mga talatang ito ang salita na nagpapakita ng paglago! Ginamit niya ang mga katagang katulad ng “nagpatuloy sa paglago,” “nagpatuloy sa pagdami,” “lumago at dumami,” “dumarami sa bilang araw-araw,”

_____ at “malakas na lumalago.” Ang huling buod,
_____ 28:30, 31 ay makikitang ang pinakamagaling
_____ na misyonero ng iglesia, si Pablo, na nasa
_____ bilangguan, ngunit naghahasik ng binhi nang
_____ walang pag-aalinlangan.

_____ Nangangaral siya ng tungkol sa
_____ “kaharian ng Diyos at nagtuturo ng tungkol
_____ sa Panginoong Jesu-Cristo nang walang
_____ itinatago at pag-aalangan. Ang aklat ng
_____ Filipos, na isinulat mula sa karanasan niya
_____ sa bilangguan, ay nagtala na maging ang
_____ mga guwardiya ng emperador ay naging
_____ mananampalataya.

Ang Problema sa mga Bodega

Tulad ng prutas na nawawalan ng halaga habang nakatago sa kamalig, ang pagdidisipulo ay hindi rin puwedeng gawin nang nakabukod. Hindi tayo makapagdidisipulo nang nakaupo sa loob ng simbahan. Makapagdidisipulo lamang tayo kapag tayo ay lumabas sa kamalig (simbahan) papunta sa ating mga komunidad.

Ang mga tradisyonal na paraan kung saan ang lahat ay makikinig sa 30-minutong seminar at pagkatapos ay isusugo sila sa pag-asang ang pagdidisipulo ay hindi epektibo! Makatutulong na paalalahanan natin ang ating mga sarili na ang “tradisyon” at “pagiging tradisyonal” ay hindi magkaparehong konsepto.

Ang tradisyon, na ginamit na halimbawa sa quadlirateral ni Wesley, ay tumutukoy sa paglalarawan ng karaniwang pag-unawa sa kahulugan ng Salita ng Diyos na ipinasa mula sa isang henerasyon at sa susunod na henerasyon. Ang kabilang banda, ang pagiging tradisyonal, ay tumutukoy sa kung ano ang gagawin ng isang grupo nang walang dahilan maliban sa “ito na ang paraan na nakasanayan naming gawin.”

Malinaw na ang “pagiging tradisyonal” ay pag-aakala na kung tayo ay magtatayo ng mga gusali at mag-iimbata ng mga tao, at ang mundo ay madadala natin kay Cristo, ay hindi epektibong solusyon. Ngunit hindi natin sinasabi na kalimutan o balewalain natin ang “tradisyon” na kahulugan ng ebanghelyo sa konteksto ng ortodoksong pananampalataya.

Ang karamihan sa hamon na ginawa ng mga makabagong iglesia tungkol sa usaping ito ay mapagtatagumpayan natin kung itutuon natin ang ating atensyon kay Jesus. Hindi lang sa kanyang buhay at ministeryo, ngunit partikular sa kanyang kautusan sa kanyang mga tagasunod. Halimbawa, ang Mateo 28:18-20 ay madalas na tinatawag na “dakilang komisyon/

dakilang utos/dakilang atas.” At dahil sa hamon sa pagsasalin sa ibang wika, madalas nating ipinapalagay na ang utos sa kautusan ay “humayo.”

Sa katotohanan, ang salitang madalas isalin na “humayo” ay isang pandiwari, hindi pautos na pandiwa at ang ibig sabihin ay tulad ng “sa iyong paghayo.” Sa madaling salita, inaasahan ni Jesus na ang kanyang mga tagasunod ay palaging “humahayo.”

Ang ibig sabihin ng pandiwa ay humayo, magbiyahe, maglakbay, mamuhay, atbp. Karaniwan hindi kahulugan nito ang “humayo at manatili” katulad ng paglipat sa bagong lugar. Sa halip ang paningin ay nakatuon sa kung ano ang puwedeng itawag sa “ating paghayo araw-araw.” Ito ang pandiwa na ginagamit natin para ilarawan ang “Papasok ako sa trabaho,” o “Lalabas ako para kumain,” o “Pupunta ako sa tindahan.”

Hindi na natin kailangang utusang humayo, palagi tayong humahayo.

Ang utos ay tayo ay “magdidisipulo.” Isinalin nang maingat sa mga salitang Griyego, ito ay mababasa na, “mag-umpisang magdisipulo.” Sa madaling salita inuutusan tayo ni Jesus na samantalain ang ating “paghayo” sa pagdidisipulo sa mga nakikilala natin sa ating pamumuhay araw-araw. Ang pandiwa na ang ibig sabihin ay “maging mag-aaral” na nagtuturo ng pagsunod sa guro.

Ang Ingles ng katagang “gumawa ng disipulo” ay maaaring mangahulugan na ang utos na “gumawa” at ang salitang “disipulo” ay isang pangngalan na tumutukoy sa ating ginagawa. Ngunit hindi ito ang iminumungkahi ng talata. Ito ay mas malapit sa intensyon ng mga salita ni Jesus kung ang kataga ay isinalin katulad ng “sa iyong araw-araw na paghayo, magdisipulo ng kapwa.”

Iyon ay para tulungan sila na maging mag-aaral ni Jesus na siya nilang sinusunod. Hindi tayo “gumagawa ng mga disipulo.” Ang gawain natin ay mahikayat ang mga taong nakikilala natin



Sa inyong
araw-araw
na paghayo,
magdisipulo



sa persona at ministeryo ni Jesus. Ang dalawa pang mahahalagang mga salita sa talata, “magbautismo” at “magturo” ay mga pandiwari at hindi mga takdang pandiwa.

Inilalarawan nila ang mga kilos na pandiwa na tumutugma sa ating “pagdidisipulo.” Pareho nilang inilalarawan ang katagang “kasanayan sa buhay.” Sana ang nakikita ng mga bagong disipulo sa ating paghayo ay ang layunin nating makitungo tayo sa iba tulad ng pakikitungo ni Jesus sa mga nakilala niya.

Bahagi ng pagtuturo natin at dapat na tulungan natin ang mga bagong disipulo na makita nila kung paano gawin ito sa iba nilang nakikilala, na inaayos ang konteksto ng pagpaparami ng mga disipulo.

Hindi Likas Laban sa Natural na Pagdidisipulo

Ginagawa ng prosesong ito ang pagdidisipulo na maging mas natural kumpara sa hindi likas. Sa ibang konteksto ng pananampalataya, halimbawa, ang mga iglesya ay maglalaan ng araw, kung saan nila ipinadadala ang kanilang team “para bumisita” at “magbahagi ng ebanghelyo (mag-evangelize).

Iminumungkahi nito na maliban sa dalawa o tatlong oras sa gabing iyon, ang “pagdidisipulo” ay hindi niya alalahanin. Ngunit hindi sumasang-ayon si Jesus dito – “hindi tayo isinugo sa partikular na oras lamang” at tayo ay tinawag na magdisipulo maging sa ating pang-araw-araw na paglakad.

Ang paraan na ito ay hindi totoong pagdidisipulo, ibig sabihin sa buong isang linggo, may mga Kristiyano (hindi lahat) ang naglalaan lamang ng dalawang oras para magdisipulo at ang natitirang 166 na oras ay wala silang ginagawa. Hindi nakakapagtaka kung bakit maraming iglesya ang nagiging kamalig kaysa anupaman.

Sa Mga Gawa 16:11-15, ibinahagi ni Lucas ang kuwento kung paano naging mananampalataya si Lydia na taga Filipos na siyang nagpapakita kung ano ang iminumungkahi rito. Sa kuwento, si Pablo

at ang kasama niyang misyonero ay dumating sa Filipos, ilang araw bago ang araw ng Pangingilin.

Gumawa sila ng kaunting pagsasaliksik (sa kanilang “paghayo”) at natuklasan nila ang isang lugar ng panalanginan na malapit sa ilog. Sa araw ng Pangingilin, pumunta sila sa “labas ng pader ng lungsod.” Mariin ang pananalitang ginamit ni Lucas para bigyang-diin ang “labas ng lungsod.” Pagdating nila sa lugar ng panalanginan, isang grupo ng mga babaeng Hentil na sumasamaba sa Diyos ng Israel, ngunit walang kaugnayan sa kanyang mga tao, sa mga tao ng Diyos, ang nananalangin.

Naupo sila at nakipag-usap. Muli, ang mga salitang ginamit ni Lucas ay kawili-wili – ang mga pandiwa na “nagsimulang magsalita” ay maaaring mangahulugang “nagkaroon ng pag-uusap” at hindi “nagbigay ng sermon/pagtuturo tungkol kay Jesus.”

At sa mismong lugar na iyon sa Filipos isinilang ang iglesya! Natural. Hindi artipisyal. Ang hamon sa mga taong naghahangad na maging tagasunod ni Jesus na nagdidisipulo ng mga hindi mananampalataya ay matutunan kung paano gamitin ang mga pagkakataon na ibinigay ng Diyos sa ating araw-araw na paghayo (tingnan ang Efeso 5:16).

Ang maaaring panganib dito ay maaari tayong manghiram ng mga paraan tulad ng marketing sa mundo ng pagnenegosyo at gamitin ito para ipakita ang ebanghelyo sa paraan na kaakit-akit sa ibang tao na nakikilala natin. Posible rin na ang mga paraang ginamit ay hindi palaging epektibo sa kanila.

Mayroong karunungan sa katagang, “Kung paano natin sila inakay, doon din natin sila inaakay.”

Tinalakay ni Pablo sa Corinto ang problemang ito sa isa sa mahahalagang talata sa mga sulat ni Pablo, hindi lang sa 1 Corinto. Ngunit sa 1 Corinto 1:18-25, sinabi niya na ilan sa Corinto, mga Judio, ang gusto ng “palatandaan.” Ang iba, mga Griyego/

Hentil, ay nais ng “karunungan.”

Ngunit hindi sumasang-ayon si Pablo na ilako ang ebanghelyo at sabihing, “Ipinangangaral namin si Cristo at siyang ipinako sa krus.” Ito ang naging dahilan ng kanyang pangangaral sa kanyang paghayo. Hindi nito iminumungkahi na ang “mga pamamaraan” ay iwasan anuman ang mangyari, ngunit ito ay nagmumungkahi na kapag nag-aalok tayo ng artipisyal na paraan para makinig ang mga tao ng kuwento ni Jesus, maaari tayong maharap sa posibilidad na sila ay naaakit (pansamantala) sa pamamaraan, hindi kay Jesus.

Kung ano man ang gawin nila kay Jesus, nakabatay ito kung hanggang saan magiging kaakit-akit ang pamamaraan. Ang pagdidisipulo ay nangangailangan sa atin nang higit pa rian.

Isang solusyon sa potensyal na problemang ito ay sa halip na marketing, maging mas intensyonal tayo sa ating araw-araw na “paghayo” at sa paggawa nito, umpisahan nating alamin ang mga lugar na mayroon na tayong mga kakilala at mga lugar na madali tayong makapagsisimula ng mga relasyon.

Sa halip gawing plano sa marketing ang pagdidisipulo, gamitin natin ang kung ano ang mayroon na sa ating mga kamay, na maaaring inilagay doon ng Diyos at nagtataka kung bakit hindi natin sinasamantalang gamitin ang mga “talento” na ibinigay niya sa ating pangagalaga!

Mula sa Ibaba, Pataas

Mahalagang tandaan ng mga tao sa kaharian ng Diyos ang katotohanan na kung mas natural ang pagsisikap natin sa pagdidisipulo, mas malaki ang pagkakataon na tayo ay magdisipulo ng mga lalaki at babae na mananatili sa mahabang panahon ng kanilang buhay.

Kaya ang hamon ay mag-isip tungkol sa iba't ibang bahagi ng buhay kung saan nakakatagpo tayo ng ibang tao sa ating paghayo at magsikap na gumawa ng mga natural na pagkakataon para sa pagdidisipulo. Maaaring makatulong dito ang kaayusan at proseso, subali't ang panganib dito ay hindi tumutugma ang bawat pangyayari sa mga ginawang proseso. Maaaring makatulong sa atin na isipin ang tungkol sa dalawang natural na talento mula sa Diyos na mayroon tayo – ang ating mga kakilala at ang ating komunidad. At pagkatapos ay dapat nating isipin kung paano natin tatrabahuhin ang dalawang ito pagdating sa pagtuturo (pagsasanay) at paggabay.

Ang dalawang natural na oportunidad para sa maraming tao ay una, mga koneksyon sa mga taong kakilala na natin at pangalawa, ang katotohanan na likas sa tao ang magsama-sama sa iba't ibang komunidad – karamihan ay impormal – kung saan tayo ay may oportunidad sa pagdidisipulo.

Pagdating sa mga koneksyon, ang misyonal na hangarin natin ay gumawa ng mga relasyon na mas malalim sa pamamagitan ng simpleng pagkilala sa presensya o gawain ng isang tao, ngunit ito ay nakabatay sa pagbubuo ng relasyon na may pag-ibig at pagtitiwala. Sa madaling salita, dapat na intensyonal nating subukan at makipag-ugnayan sa kanila “sa pagtawag sa kanila ng kanilang pangalan.”

Ang cashier sa Waltermart ay may pangalan – napapansin ba natin ito? Ang mga janitor na dumaraan at nagtatapon ng basura sa ating opisina ay may pangalan – gumawa na ba tayo ng hakbang para alamin ito? Kahit ang kapitbahay sa tapat ng kalsada, na tulad natin ay sobrang abala na napakadalang nating makita, ay may pangalan. Paano kung gumawa tayo ng hakbang para alamin ang pangalan nila?

Sa maraming kultura, karaniwang makikita ang mga coffee shops. Minsan ang mga tao ay nagtatrabaho na sa coffee shop

sa halip na sa opisina. Hindi ba ito ay lugar kung saan maaari tayong gumawa ng koneksyon at makilala ng tao?

Maaaring sila ay mga magulang ng mga bata na kasama ng iyong anak sa mga liga. Maaaring sila ang mga tao na nakikita mo araw-araw na sumasakay sa tren o jeep sa pagpasok at pag-uwi sa trabaho. Kung ikaw ay estudyante, malamang na nauupo ka sa classroom kasama ang parehong mga tao araw-araw.

Anuman ang hitsura ng ating komunidad, trabaho, lugar, at araw-araw na gawain, marami tayong oportunidad para makagawa ng intensyonal na koneksyon. Ang inspirasyon natin bilang mga Kristiyano ay nag-uugat sa pagmamahal natin sa Diyos at sa ating kapwa. Ang pagmamahal sa ating kapwa ay mas malalim sa pagpapakita ng kabutihan sa isang tao.


Balikan at basahin ang kuwento ng Mabuting Samaritano sa Lucas 10. Paano kung itatalaga natin ang ating sarili na tingnan ang bawat taong nadadaan natin araw-araw bilang ating kapwa? Paano kung magdesisyon tayong maging intensyonal sa pagpapakita ng kabutihan sa mga taong ito nang may kahinahunan, pagtitiyaga, kababaang-loob at respeto? Kahit na may mga paniniwala silang taliwas sa atin? Sa paanuman, ang iglesia ay tumalikod sa pamamaraan ni Jesus pagdating sa pagpapakita ng kabutihan sa bawat isa.

Sa ibang konteksto, para bang sinasabi ng iglesia na, “Ayusin mo ang buhay mo at pagkatapos pumunta ka sa simbahan.” Sa isa pang konteksto, parang sinasabi nating, “Basta pumunta ka sa simbahan, huwag kang mag-aalala tungkol sa pag-aayos ng buhay mo.” Ngunit ang sinasabi ni Jesus, “Pumunta ka sa simbahan at maaari nating ayusin ang buhay natin nang sama-sama.”

Organikong Pagdidisipulo

Anong koneksyon ang mayroon ka na kaya mo nang sabihin sa kanilang, “Tara kay Jesus, ikaw at ako, magkasama nating ayusin ang buhay natin sa paraan na nakalulugod sa Diyos?”

Habang lumalalim ang pagmamahal natin at pagtitiwala sa ating mga relasyon, mas malaki ang posibilidad na makapasok tayo sa mga komunidad kung saan may oportunidad tayong masanay sa paraan ng pagdidisipulo.



Pakikilahok Hindi Paglikha

Si Dietrich Bonhoeffer, sa kanyang aklat na Life Together ay nagsasabi sa atin na ang ating trabaho ay hindi “lumikha” ngunit “makilahok” sa ginagawa na ng Diyos. Malinaw na ang small groups, discipleship groups, o iba pang pangalan na ginagamit natin para ilarawan ang mga ito, ay mahalaga sa konteksto ng kaharian ng Diyos.

Kung tutuusin, si Jesus mismo ay gumawa ng kanyang tungkulin kasama ang maliit na grupo ng labindalawang tao sa loob ng tatlo’t kalahating taon! Ngunit sa simula, mainam na ito ay “matabang lupa” para matuklasan natin ang mga umiiral nang komunidad.

Alalahanin si Pablo at ang kanyang mga kaibigan sa Filipos. Nakahanap sila ng grupo, nakita ito bilang isang oportunidad na maaari nilang samantalahin. Bago tayo magsimula ng bagong grupo, makatutulong na alamin natin kung ano ang mga grupo na umiiral na at italaga ang ating sarili sa pagpapakita ng halimbawa ni Jesus sa mga nasa grupo.

Habang natutuklasan natin ang mga komunidad na may oportunidad sa pagdidisipulo, kailangan nating mag-isip kung paano tayo magiging intensyonal sa mga umiiral nang komunidad o sa pagtulong sa iba mula sa iba’t ibang komunidad na nakikita ang kahalagahan ng pagiging sama-

sama bilang isang grupo na interesado sa mga kuwento ni Jesus at sa kahulugan ng mga ito.

Isa sa mga panganib dito ay ang epektibo sa isang lugar ay maaaring hindi epektibo sa iba. Ang gawain ng isang taong nais na magdisipulo ay ang matutunan kung ano ang epektibo sa lugar kung saan ka tinawag ng Diyos na maglingkod.

Iminumungkahi nito na ang ating pamamaraan sa pagbuo ng komunidad ay madaling mabago at hindi permanente. Maaaring iisa lamang ang ating layunin sa mga komunidad na ito – nais nating tumulong sa pagbuo ng mga komunidad kung saan ang mga tao ay madidisipulo at mababautismuhan at matuturuan. Ngunit ang pamamaraan sa pag-abot ng ating mga layunin ay maaaring mabuo ayon sa iba’t ibang konteksto at kultura kung saan sila nakatira sa halip na paulit-ulit na paraan ng pagbuo ng grupong ididisipulo.

Natatandaan nyo ba ang sinabi ni Jesus tungkol sa komunidad? “Sapagkat kung saan may dalawa o tatlong nagkakatiyon dahil sa akin, kasama nila ako” (Mateo 18:20). Ang “dalawa o higit pa” ay maaaring mabuo sa pag-iimbita sa isang hapunan at pag-aaral ng Biblia sa iyong tahanan.

Maaaring ito ay mabuo sa isang imbitasyon na magtrabaho nang mas maaga o umuwi nang mas huli para magkape at mag-

aral ng Biblia. Maaaring ito ay mabuo sa gitna ng isang pangangailangan at sa paghahanap ng ilang kaibigan o kapitbahay na makiisa sa iyo sa pagtulong na matugunan ito.

Ang totoong isyu ay binibigyan natin ng atensyon at pagkalinga ang mga tao na palagi nating kasama at kasalamuha. May mga taong inilagay ang Diyos sa buhay natin para makilala siya, at ang paraan kung paano nila makikila siya ay sa pamamagitan natin.

Ang makita ang ating kapwa na nagsisimulang maglaan ng panahon sa presensya ng Diyos. Ang mahalagang tanong ay, ilang oras tayo nagbababad sa presensya ng Diyos? Habang nakikinig tayo sa Diyos, mabubuksan ang ating mata para makita ang mga tao tulad ng pagtingin ng Diyos sa kanila.

Nagsisimulang mag-alab ang ating puso sa pag-ibig ng Diyos. Hilingin mo sa Diyos na ihanda ang sarili mong puso at tulungan kang makita ang mga bukas na pinto at mga oportunidad. Sa pagsisimula nating magdisipulo ng mga kakilala at mga komunidad kung saan tayo ay may impluwensiya, kailangan nating maging intensyonal sa pagtuturo.

Sa naunang bahagi ng kabanatang ito, pagkatapos ng pagdidisipulo, tayo ay tinawag na “magturo ng mga disipulo na gawin ang lahat ng bagay na inuutos ko,” ayon kay Jesus.

Pansinin ninyo na sinabi ni Jesus, “lahat ng inuutos ko.” Ang bagong disipulo ay nagsisimula ng habang-buhay na paglalakbay ng pag-aaral at ang pag-aaral na ito ay pangkabuuang paglapit sa ebanghelyo. Ang mabuting pagdidisipulo ay maaari lamang mangyari sa kabuuang konteksto ng buhay Kristiyano.

Ang katuruang ito ay sumasaklaw sa buong kalikasan kung ano ang ibig sabihin ng pagsunod kay Jesus, kabilang ang pananalangin, pagbabasa, at pag-aaral ng Salita ng Diyos, paglilingkod sa iba, pagsamba, pagbibigay, pag-aayuno, at iba pang mga disiplina na naaayon para sa isang tao na tinatwag ang kanyang sarili na disipulo.

Isa sa paboritong salita ni Pablo sa “pagtuturo o pagpapahayag” ay ang salitang Griyego na parakaleo. Ang anyong pangngalan ng pandiwang ito ay ang pangalang “Mang-aaliw” na ibinigay ni Jesus sa Banal na Espiritu sa Juan (14-16). Ang kahulugan ng pandiwa ay “tumawag sa tabi ng.” Ito ay karaniwang isinasalin (bilang pandiwa) sa Bagong Tipan na “paghihikayat” o “pagsusumamo” o “pag-aanyaya.”

Halimbawa, sa umpisang pandiwa sa popular na talatang Roma 12:1,2, kung saan tayo ay “hinihikayat” na hayaan ang Diyos na baguhin ang ating buhay sa “pamamagitan ng pagbabago ng ating mga isipan.”

Ang larawan na tumutugma sa salitang ito ay parang sa halip na ituro natin ang ating mga daliri sa iba, gamitin natin ang ating mga kamay para himukin sila na lumakad na kasabay natin sa paglalakbay sa paglagong espirituwal. Para itong dalawang tao na naglalakad sa daan, magkaakbay, at determinadong tulongan ang isa’t isa na marating ang kanilang destinasyon.

Ang uri ng pagtuturo na nagdudulot ng pagbabago ay naglalarawan ng ganito sa halip ng isang pinuno na nagtuturo ng kanyang mga daliri sa ating mukha para sabihin ang dapat nating gawin. Sa Mga Gawa 2:42, mababasa natin ang

Sa halip na
magturuan
tayo sa isa't isa,
gamitin natin ang
ating mga kamay
upang hikayatin
sila na sumamang
maglakad
kasabay natin.

An illustration of a landscape. The top half features a bright yellow sky with white, wavy, hand-drawn lines. Below the sky are several layers of mountains in shades of blue and purple, with white dashed lines indicating texture or snow. In the center, the text 'parakaleo' is written in a white, lowercase, sans-serif font. Below it, the text 'tumawag sa tabi ng...' is written in a smaller, white, lowercase, sans-serif font. The bottom half of the image shows a yellow field with small, dark, hand-drawn bushes. A white, winding path leads from the bottom center towards the mountains. On the path, two stylized human figures are walking away from the viewer. The figure on the left is dark blue, and the figure on the right is purple. They are walking side-by-side, with the purple figure's arm slightly behind the dark blue figure's back.

parakaleo

tumawag sa tabi ng...

pinakaunang paglalarawan sa pinakaunang iglesya sa kuwento ni Lucas kung paano ang labindalawang lalaki na puno ng takot at walang kasiguruhan ay nagawang lumabas sa mga kalsada ng Jerusalem sa Araw ng Pentecostes at magsimula ng pagdidisipulo, mula sa isang henerasyon, ay lumaganap ang kilusan ng kaharian sa buong mundo ng Greko-Romano.

Ito ang ibig sabihin ng katagang ito: “Patuloy nilang inilalaan ang kanilang buhay sa pagtuturo ng mga alagad at sa pakikipagkapatiran, at sa pagpipira-piraso ng tinapay at sa pananalangin.” Ang salitang “sa” (sa orihinal na sulat ni Lucas) ay makikita sa unahan ng apat na parirala.

Siguradong walang nakaaalam kung paano nila naisip ang apat na gawaing ito bilang pagsunod sa ideya ng Mga Gawa 1:8, “Subalit tatanggap kayo ng kapangyarihan kapag dumating na sa inyo ang Banal na Espiritu. Kayo ay magiging mga patotoo sa akin sa Jerusalem, sa buong Judea, sa Samaria, at sa pinakamalayang bahagi ng lupa.”

Gayunpaman, paano kung sa araw na iyon habang lumulubog ang araw sa Araw ng Pentecostes, ang labindalawa ay dahan-dahang bumalik sa Silid sa Itaas kung saan sila naroroon nang dumating ang Banal na Espiritu ng umagang iyon. Maaaring pagod sila. Lalo na at sila ay humayo at nagpahayag

ng mabuting balita sa mga kalsada ng Jerusalem, at 3000 tao (bilang lamang ng mga lalaki) ay binautismuhan.

Maaaring nakaupo sila at nag-uusap tungkol sa kung ano ang lahat ng nangyari. Maaaring sinabi ng isa, “Ano ang susunod?” Tandaan natin, dati sila ay labindalawang lalaki na takot at nagtatago sa mga pastor ng tinatawag natin ngayong “mega-church.”

Maaaring sabihin ng isa, “Gawin natin sa mga taong ito ang ginawa sa atin ni Jesus.” Ang isa naman ay nagsabi, “Ano ang ibig mong sabihin?” Ang sagot nila ay, “Tinuruan niya tayo, nakipagkapatiran siya sa atin, nagpira-piraso siya ng tinapay kasama natin, at ipinanalangin niya tayo.” At nabuo ang unang layunin ng iglesia! Ang pag-aaral ay mahalaga sa lahat ng aspeto ng buhay hindi lang sa ating pag-iisip. Sa pinakaunang, unang iglesia, kasama ang pagtuturo ng katotohanan sa bawat isa. Ibig sabihin ang pagtuturo ay kasama sa pag-aaral ng Biblia nang may katapatan at sa kung ano ang alam natin na “pagtuturo ng mga alagad.”

Para sa kanila, ang pakikipagkapatiran ay higit pa sa paminsan-minsang pagsasalu-salo. Ito ay uri ng pamumuhay kung saan ang mga mananampalataya ay nagmamalasakit sa bawat isa. Ang unang tagpong ito sa Mga Gawa, ay inulit ni Lucas sabihin, “walang tao ang naghihirap.”

Nagpipira-piraso sila ng tinapay nang sama-sama, na ibig sabihin ni Lucas ay Huling Hapunan, na nagpapahiwatig na mahalagang kasama ang pagsamba sa pagtuturo.

At sa huli, nanalangin sila nang sama-sama at ang sinumang magbabasa ng Mga Gawa ay makikita kung gaano makapangyarihan ang panalangin. Makatutulong na pagsasanay ang pagbabasa ng apat na ebanghelyo at gumawa ng listahan ng mga talata kung saan si Jesus ay nagtuturo, nakikipagkapatiran,

nagpipira-piraso ng tinapay, at nananalangin kasama ang labindalawa. Hindi para magmukhang pangkaraniwan, kundi para masabi natin na “kung nagawa ni Jesus, maaari din natin itong magawa.”

Kung babasahin natin ang Mga Gawa, madali nating malalaman na bago tapusin ni Lucas ang kanyang kuwento – isang kuwento na sumasaklaw sa halos unang 30 taon ng iglesia – nakita natin ang “ikatlóng henerasyon ng disipulo” na abala sa pagdidisipulo. Tinuruan ni Jesus ang mga alagad, nagturo ng iba ang mga alagad, ang mga “ibang” ito ay nagturo ng marami pang iba.

Sinabi ni Pablo sa isa sa kanyang mga nahikayat, si Timoteo, na ang pananampalataya na nasa kanya ay itinuro sa kanya ng kanyang lola at ng kanyang ina. Siya ay ikatlóng henerasyon ng disipulo (2 Timoteo 1:5).

Ito ay napakalinaw na maaaring hindi na ito kailangang sabihin, ngunit kung ang mga alagad ay hindi naging masigasig sa pagdidisipulo, ang iglesia ay hindi kailanman maitatayo.

Kung ang mga disipulo ay hindi nagtalaga ng kanilang sarili sa pagdidisipulo, ang iglesia ay maaaring namatay nang maaga. Kung hindi tinuruan ni Lois at Eunice si Timoteo, magiging handa ba siya sa paglilingkod sa kaharian tulad ng ginawa niya?

**Ang pagsasanay ay
sumasaklaw sa kabuuan
ng buhay, hindi lamang sa
ating talino.**

Pagiging Intensyonal

Ang ideya na nakita natin sa umpisa ng paglalakbay na ito ay dapat tayong pumili sa pagitan ng kagustuhang magtayo ng mga kamalig o ang pagdidisipulo. Ang pagsasanay na sumusunod sa halimbawa ng unang iglesya ay maghuhubog ng mga disipulo na nagdidisipulo ng mga taong nakapaligid sa kanila.

Ibig sabihin binibigyan natin ng pansin ang pagkatao, sa kaalaman at sa kasanayan. Hindi tayo aksidenteng magdidisipulo ng isang tao na aksidente ring nagdesisyon na magdisipulo ng ibang tao.

Ang paghubog ng pagkatao ay napakahalaga sa bagay na ito. Pinaalalahanan ni Timoteo sa 1 Timoteo 4:7, “Huwag mong pag-aksayahan ng panahon ang mga walang kabuluhang alamat na sabi-sabi lang ng matatanda. Sa halip, sanayin mo sa kabanalan ang sarili mo.” Ang tanging paraan para maging maka-Diyos ay seryosohin ang dalawang dakilang utos ng Diyos: ibigin ang Diyos at ibigin ang kapwa.

Ang pagkilala sa Diyos ay mabuti, ngunit hindi sapat. Nagpapaalala sa atin ang Galacia 5:6, “Ang tanging mahalaga ay ang pananampalatayang nakikita sa pamamagitan ng pagmamahalan.” Hindi natin masasabi ang “pag-ibig” sa konteksto ng Salita ng Diyos nang hindi iniisip ang

“pag-ibig sa Diyos, pag-ibig sa kapwa.”

Ang mga komunidad, ang ating “pinupuntahan” ay nakatutulong na mahubog ang mga lugar na kung saan ang pagkatao ay napakahalaga. Makatutulong na isipin ang posibilidad na ang “mabuting pag-uugali ay ginagawa natin kung walang nakakakita,” ngunit ang mabuting pagkatao ay “kung sino tayo kung walang tumitingin.”

Sa puso nito, ang pagkatao natin ay isang lugar kung saan natin natutuklasan na walang pagkakaiba ang sinasabi natin tungkol kay Jesus at kung sino tayo bilang mga tagasunod niya. Ito ang uri ng pagkatao na magpapakita ng ating mabuting pag-uugali – na magpapatotoo sa mga nakapaligid sa atin na tunay na pinaniniwalaan natin at ginagawa kung ano ang hinihiling nating paniwalaan at gawin nila.

Sa pamamagitan ng kanyang Banal na Espiritu at mga maka-Diyos na manunulat, ang Diyos ay may kagandahang-loob na ibinigay sa mga tao ang aklat na ito na kilala natin na Biblia, ang Salita ng Diyos. Sa Salita ng Diyos natin natutuklasan kung sino si Jesus at ano ang pagkakaiba na ginagawa niya.

Ang pagtuklas na ito, gayunpaman, ay nangangailangan ng kaunting pagsisikap sa atin at ito ay walang alinlangan kung bakit natin natuklasan na kabilang ang propesiya, pagtuturo, kaalaman, at karunungan sa

listahan ng mga espirituwal na kaloob ni Pablo. Ang mga kaloob na ito ay nagsasanay sa mga nakatuon sa pagdidisipulo para ihanda ang mga bagong disipulo sa pamumuhay sa kaharian.

Ang mga mabubuting guro ay hindi makukuntento na turuan lamang ang mga bagong disipulo ng mga kaalaman sa Biblia. Nais natin na ang mga bagong disipulo ay matuto na “mag-isip ayon sa Biblia.” Bagama’t hindi ka talaga “mag-iisip ayon sa Biblia” ng walang “kaalaman sa Biblia,” maaari na marami kang “alam sa Biblia” at kailanman ay hindi matututong “mag-isip ayon sa Biblia.” Ang mabungang pagdidisipulo ay mangangailangan ng mga tapat na lalaki at babae na makatutulong sa iba na matuklasan kung paano mag-isip ayon sa Biblia.

Ang tunay na pagsubok para malaman kung ito ay nangyayari o hindi ay sa pagmamasid kung gaano kahanda ang mga bagong disipulo na maglingkod sa iba “kahit sa iba na hindi karapat-dapat” at maging halimbawa ng pagdidisipulo sa pagdaan ng panahon. Hanggang sa ito ay mangyari, hindi tayo nagiging mabunga sa ating pagsisikap na magdisipulo at magturo ng iba.

Ang pagsunod kay Jesus ay kontra sa kultura at kontra sa natural na sasabihin ng mundo sa ating paligid, na hindi natin dapat na asahan ang mga bagong disipulo na maging mabunga agad sa pagsunod kay Jesus at sa pagdidisipulo.

Ang mga sulat ni Pablo sa mga batang pastor na bahagi sa pagdidisipulo – 1, 2 Timoteo at Titus – ay nagmumungkahi na may mahalagang lugar para sa mga malalago, may kakayahang mga mananampalataya na magturo sa mga bata, at bagong mananampalataya. Madalas ang tawag natin sa tatlong sulat na ito na “ang sulat para sa kapastoran,” ngunit ang maingat na pagbabasa natin sa mga ito ang magtuturo sa atin na tawagin itong, “aklat para sa pagtuturo ng mga lingkod ng kaharian.”

Ang mabungang
pagdidisipulo ay
mangangailangan
ng mga tapat na
lalaki at babae na
makatutulong sa
iba na matuklasan
kung paano mag-
isip ayon sa Biblia.

Pagtuturo

Kapag naging matagumpay tayo sa pagdidisipulo sa ating mga kaibigan at mga nakilala sa ating komunidad, gumawa tayo ng mga grupo kung saan tuturuan natin sila ng tungkol kay Jesus at magdisipulo rin ng iba, humanap tayo ng mga pagkakataon na maturuan sila na maging mahusay sa parehong mga pamamaraan.

Ang paglagong espirituwal ay palaging maraming proseso/paglalakbay kaysa sa isang okasyon lamang. Kailangang makinabang ang iba mula sa karanasan at husay ng ibang mga nauna sa kanila. Ang mentoring na subok sa panahon ay ganito.

Mauuna tayong gumawa at sabihan sila na manood. Pagkatapos, sasabihan silang gawin ito kasama tayo. Susunod ay gagawin nila ito na mag-isa at papanoorin natin sila. At sa huli, isusugo natin sila para gawin ito.


Sa katunayan, ang mentoring ay tulad ng isang two-way na kalsada. Ang bawat mananampalataya ay dapat na magtanong ng dalawang katanungan sa larangang ito: una, sino ang nagme-mentor sa akin? Wala sa tanda o sobrang galing ang pagkakaroon nito; at pangalawa, sino ang aking mine-mentor? Kung hindi natin kayang sagutin ang mga ito, maaari tayong tumigil at mag-isip ng ilang sandali.

Isang mahalagang bahagi ng mentoring

ay ang potensyal na masiguro na tayo at ang taong ating tinuturuan ay kumikilos patungo sa layunin ng misyon. Ito ay pagkakataon para ibahagi ang mga panahon na tayo ay mabunga, at mga panahon kung saan hindi nangyari ang pag-aani. Ito ay panahon para sa pagsusuri at tapat na pag-uusap tungkol sa mga kinalabasan o resulta. Maaaring ito ay panahon para ipakita ang kahalagahan ng pakikipagkapatiran tulad ng pagkakaunawa ni Lucas at panalangin tulad ng halimbawa ni Jesus sa kanyang mga sariling disipulo.

Isa sa mga hamon sa parehong pag-aaral ng Biblia kung saan ang “pagtuturo ng mga alagad” at sa ating relasyon sa mentoring na maaring pang-isahan, at hindi nakatuon sa malaking grupo ay kung paano gumawa at magpanatili ng makabuluhang pag-uusap para magkaroon ng mabuti at masusukat na bunga.

Balikan natin ang nauna nating pag-uusap tungkol sa Filipos at si Pablo sa Mga Gawa 16. Ginamit ni Pablo ang “nagkaroon ng pag-uusap” sa halip na ang mas



*ang paglagong espitwal
ay isang proseso o
paglalakbay sa halip na
isang pangyayari*

_____ pormal na “nagbigay ng panayam” bilang
_____ posibleng kahulugan para sa isa pang salita,
_____ na dahilan para tayo ay tumigil at mag-isip.

_____ Paano tayo magsisimula ng
_____ makahulugang pag-uusap? Maaari tayong
_____ magsimula sa mga katanungang mag-
_____ uumpisa ng pag-uusap na magdadala sa
_____ atin sa usapin na gusto nating tumbukin.
_____ Halimbawa, kung nais nating turuan
_____ ang ating grupo tungkol sa kaligayahan
_____ kay Cristo, maaari tayong magsimula sa
_____ pagtatanong ng, “Ano ang nagbibigay sa iyo
_____ ng lubos na kaligayahan sa buhay?”

_____ Kung nais nating magturo ng aral
_____ tungkol sa “paggamit ng iyong oras,” maaari
_____ tayong magsimula sa, “kung may isang araw
_____ ka para gawin ang kahit ano, paano mo ito
_____ gagamitin?”

_____ Kadalasan ang mga ganyang katanungan
_____ ay tumatama sa kaibuturan ng mga tao. Pero
_____ minsan din ay hindi. Higit na madalas na
_____ nakikita nila ang agenda ng kanilang guro o
_____ lider, sa halip na tunay na pangangailangan
_____ ng kanilang grupo.

_____ Minsan nakakalimutan ng mga lider ang
_____ katotohanan na ang mga taong inaasahan
_____ nating sanayin at turuan ay namumuhay sa
_____ iba’t ibang uri ng pagsubok at kalagayan
_____ at kung marunong tayong mag-adjust kung
_____ paano natin sila tuturuan, mas malamang
_____ na ang uri ng ating pagkikipag-ugnayan ay
_____ nakapagbabagong-buhay.

Natatandaan mo ba ang pamagat ng kabanatang ito? “Organikong Pagdidisipulo.” Ang salitang natural ay maraming kahulugan, isa rito ay paglago, sensitibo sa kapaligiran, at ang ideya ng natatanging kalagayan.

Maraming mga mapagkukunan para matuklasan ang pinakamadali at maayos na paraan sa pagdidisipulo, ngunit ang tunay na hamon ay maging konektado sa kultural na kalagayan ng isang tao at matuklasan ang mga natatangi at mabungang pamamaraan sa pagdidisipulo na magiging mabunga at mapapanatili.

Sa 1 Corinto 1:11, hinikayat ni apostol Pablo ang kanyang mambabasa sa Corinto ng mga salitang ito, “Tularan ninyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Cristo.” Binubuksan nito ang sa kaisipan na ang lahat ng ating pagsisikap sa “natural na pagdidisipulo” ay maaaring mapagpala sa pamamagitan ng “paggaya kay Jesus.” Marahil ito ang dahilan kung bakit madalas sa mga ebanghelyo, nakikita natin ang mga komento tulad ng “isang araw sa buhay ni Jesus.”

Isa mga talatang iyon, at isa sa nag-uugnay sa ideya ng pagdidisipulo ay makikita sa Mateo 9:35-39. Si Jesus, ayon kay Mateo ay “lumilibot sa mga bayan at nayon.” Ang paggamit ni Mateo sa pandiwa ay nagmumungkahi na tila “si Jesus ay palaging pumupunta sa mga bayan at nayon.” Ito ang “paghayo” sa Dakilang Misyong.

Isang Araw sa Buhay ni Jesus



Sa kanyang paglalakbay, nagturo si Jesus sa kanilang mga sinagoga, ipinapahayag ang ebanghelyo ng kaharian, at nagpagaling ng lahat ng uri ng karamdaman at mga sakit. Malinaw na ang kanyang “paghayo” ay intensyonal sa larangan ng ministryo at pagdidisipulo. Sa paggawa ng mga gawaing ito nakasalamuha ni Jesus ang mga tao, mga taong nababagabag ng napakaraming bagay. Inilarawan sila ni Mateo na “mga tupang walang pastol.”

Ngunit sa halip na mainis sa mga tao, matakot sa mga tao, o piliin na balewalain ang mga tao, nahabag siya sa kanila at tiningnan sila bilang “masaganang ani.” Sa panahon na ito lamang sinabi ni Jesus sa atin na “idalangin ninyo sa Panginoon, na siyang may-ari ng anihan, na magpadala siya ng mga tagapag-ani.”

Kung titingnan natin ang tatlong talata – nagtuturo sa sinagoga, nagpapahayag ng ebanghelyo, at nagpapagaling ng mga karamdaman at mga sakit – at hanapin sa mga ebanghelyo kung saan ginawa ni Jesus ang mga ito, mabilis nating matutuklasan na ang kanyang paraan ng pagdidisipulo ay napakaseryoso.

Madalas kapag nagtuturo siya sa sinagoga, nalalagay ang buhay niya sa panganib (Basahin ang Lucas 4:16-30, lalo na ang mga talatang 28-30). Nang magpahayag siya ng mabuting balita ng kaharian (Basahin

ang Lucas 7:36-50), mismong ang mga relihiyosong tao noon ang nagalit.

Kahit noong nagpagaling siya, madalas nating matuklasan na ang mga relihiyosong lider ay handa siyang sirain. (Basahin ang Mateo 12:9-14). “Ang paggaya kay Jesus” ay hindi nangangahulugan na literal nating susubukan at gagawin ang mga ginawa niya, ngunit tutuklasin natin kung paanong ang mga partikular na uri ng kaugalian ay nagpapahayag sa sarili nating kultura. Tila si Jesus ay nakaugnay sa kanyang mundo, nababatid ang mga pangangailangan nito, at handang makipagsapalaran para matugunan ang mga pangangailangang iyon. Ito ang natural na pagdidisipulo sa pinakamahusay na paraan.

Pansinin natin kung paano tinalakay ni Mateo ang tungkol sa “isang araw sa buhay ni Jesus.” Natutunan natin kung ano ang ginawa ni Jesus, ano ang nakita niya, naramdaman, at ano ang naging tugon niya. Natutunan natin ang prosesong ito sa konteksto ng pakikipag-ugnayan, pagkakaroon ng kaalaman, at pagharap sa maaaring maging panganib.


Paano kung maging malalim ang ating kaugnayan sa ating komunidad at kulturang kinabibilangan na nagkakaroon tayo ng personal na kaalaman sa mga pangangailangan nito at ihanda tayong makipagsapalaran para tugunan ang mga ito? Kung gagawin natin ito, ginagawa natin ang ginawa ni Jesus, nakikita natin kung ano ang nakita niya, nararamdaman natin kung ano ang naramdaman niya, at matutuklasan natin, habang tayo ay nanalangin sa Panginoon ng Tag-ani, na tayo ang sagot sa ating sariling panalangin.

Gawin kung
ano ang ginawa
ni Jesus,
maramdaman kung
ano ang kanyang
naramdaman, at
makita kung ano
ang nakita niya.



KABANATA 5

Pagpaparami





Ang mga turo ni Jesus ay madalas na gumagamit ng pagtatanim bilang halimbawa upang ipahatid ang ideya ng paglago ng Kaharian ng Diyos at ang paghahangad ng mga disipulo na dalhin ang langit sa lupa. Sa nakaraang kabanata, binigyan natin ng pansin ang Parabula ng Maghahasik, isang kuwento na matatagpuan sa tatlong Ebanghelyo. Ang kailangang matandaan natin sa kuwento ay hindi lang ang katotohanan na ang binhi na nalaglag sa matabang lupa ay naging mabunga, ngunit ang mga binhi na nalaglag sa daan, sa batuhan, at sa matinik na lugar ay tumubo ngunit hindi nag-ani. Ang bawat taong nagtangkang magsaka, o magtanim sa likod-bahay ay nalalaman na ang pagsasaka ay mahirap.

Ang Talinghaga tungkol sa mga Damosa sa Triguhan ay matatagpuan lang sa Mateo 13:24-30. Sa kabila ng katotohanan na ang may-ari ng lupa ay nag-utos sa kanyang mga alipin na maghasik ng mabuting binhi sa kanyang bukid, kinagabihan ang kanyang mga kaaway ay dumating at naghasik ng masasamang damo sa mga mabuting binhi. Ang kuwentong ito ay nakatutulong sa mga Kristiyano na matutunang harapin ang mga problema, at paulit-ulit tayong paalalahanan na ang mundo ng pagsasaka ay mahirap.

Ang mga magsasaka sa panahon ni Jesus ay nag-aani ng kanilang mga tanim na sa isipan nila sila ay mag-aani muli sa susunod na taon. Walang tindahan ng mga binhi kung saan puwede kang bumili kapag panahon ng taniman. Naghahasik sila sa kanilang bukid para sa susunod na anihan. Kailangan nilang gawin ito kahit na iniisip nila kung paano pakakainin ang kanilang pamilya. Nagtatabi sila ng binhi mula sa pinakamagandang tanim para magtanim muli.

Ang nais nila ay paramihin ang kanilang ani, na makatutulong



sa atin na maintindihan ang kapangyarihan ng salita sa Parabula ng Maghahasik nang sabihin ni Jesus na ang matabang lupa ay umani ng “tatlumpu, animnapu, o isang daang beses.” Sinabi sa Awit 126:5-6, “Silang nagtatanim na lumuluha ay mag-aaning tuwang-tuwa.”

Ang umalis na lumuluha, na may dalang binhi na itatanim ay babalik na masaya, na may dala-dalang mga ani.” Ang mga magsasakang ito ay “nagtatanim nang lumuluha at “lumalabas na tumatangis” para sa kanilang mga pamilyang nagugutom. Kung hindi sila magtatanim, magugutom sila sa susunod na taon.

Ito ay nagbibigay sa atin ng makapangyarihang prinsipyo sa pagdidisipulo. Kapag tayo ay nagtanim ng binhi, hindi lang tayo umaasa para sa ilang binhi na pupuno sa ating mga kamalig sa darating na taglamig. Tayo ay nagtatanim para sa dakilang pag-aani na darating sa susunod na taon.



Ang pagdidisipulo ay hindi lamang pagdadagdag ng isa o dalawang tao sa ating simbahan bawat taon. Hindi. Ang misyon natin ay abutin ang mundo para kay Cristo! Nagtatanim tayo ng binhi ng mabuting balita upang tayo ay magkaroon ng masaganang ani na nagbubunga ng maraming binhi para itanim sa mga bagong bukid sa susunod na taon.

Ang mga kaibigan natin ay koneksyon para sa potensyal na ani ng maraming binhi dahil ang isang kaibigan natin ay mayroon ding mga kaibigan at kakilala. Ngunit sinasabi ko sa inyo, anihan na, “Tingnan niyo ang mga taong dumarating, para silang mga pananim sa bukid na hinog na at pwede nang anihin” (Juan 4:35).

Ang paalala sa pamamagitan ng larawan ng pagsasaka na ang kaharian ng Diyos ay tungkol sa paglago ay isang makapangyarihang motibasyon na kailangan nating seryosohin ang pagdidisipulo. Kasabay nito, huwag nating kalimutan na ang pagsasaka ay hindi isang siguradong gawain.

Si Dietrich Bonhoeffer, isang dakilang German na pastor at teologo noong panahon ng ikalawang digmaang pandaigdig, ang sumulat ng isang mahusay ngunit mapanghamong aklat na may titulong, *The Cost of Discipleship* (Ang Halaga ng Pagdidisipulo). Ang tema ng sulat ni Bonhoeffer ay nagsasabing ang pagsunod


kay Jesus ay mahalagang pagsasanay ng pananampalataya, at bago ka sumabak sa paglalakbay na ito, dapat na sukatin mo ang halaga nito.

Hindi tulad ng dalawang parabula na ibinahagi ni Jesus sa Lucas 14:28-33 kung saan sinabi ni Jesus na ang isang tao na nagtatayo ng tore ay kailangang alam ang halaga nito bago siya magsimula upang hindi siya makompromiso sa pagtatapos ng kanyang proyekto at pagtawanan.

O ang isang hari, bago sumugod sa digmaan, ay kailangang bilangin ang kanyang kagamitan upang makasiguro na mananalo siya sa laban. Kung hindi, kailangan niyang maghangad ng kapayapaan. Ang pagsasama ng larawan ng paglago at larawan ng pagsukat kung gaano ito kahalaga ay isang paalala sa atin na ang pagdidisipulo ay mas madaling sabihin kaysa gawin.

Ang binhi na itinanim ng isang henerasyon ay maaaring hindi sumibol at maging mabunga hanggang sa isang henerasyon o higit pa. Ang mga unang henerasyon ng misyonero na nagpunta sa South Korea pagkatapos ng digmaan ay hindi naging “matagumpay” sa pag-uulat ng malaking pag-aani ng mga kaluluwa sa Panginoon.

Ngunit marami sa kanila ang matapat na nagtrabaho at nagbahagi ng mabuting balita at nagdisipulo. Sa sumunod na mga



Ngunit sinasabi ko
sa inyo, anihan na,
“Tingnan niyo ang mga
taong dumarating, para
silang mga pananim sa
bukid na hinog na at
pwede nang anihin!”

Juan 4:35

henerasyon nakita ang paglago ng kaharian sa bansang iyon.

Hindi ibig sabihin na hindi naging matagumpay ang unang henerasyon. Sa halip ang ikalawang henerasyon ay natuto at lumago mula sa tulong ng unang henerasyon. Para din itong tulad ng talinghaga ng mga damo sa triguhan na itinatapon ng kaaway ang mga damo sa mabubuting binhi.

Dahil madalas tayong umaangkop ng mga paraan ng pagsukat mula sa kaharian ng mundo at hindi sa kaharian ng Diyos, madalas nating inaasahan na ang tugon sa mga pagsisikap sa pagdidisipulo ay magiging pareho sa lahat ng dako.

Sa huli, ang saloobing iyan ang nagtutulak sa marami na maglilingkod kay Cristo sa pagdidisipulo na tingnan ang kanilang sarili bilang kabiguan at walang halaga sa Kaharian. Sa 2 Timoteo 2:15, si Pablo, sa pakikipag-usap sa isang kabataang lalaki na nagtatrabaho para maging alagad sa mga hindi sumasampalataya, ay nagsabi: “Maging masigasig na iharap ang iyong sarili na sinang-ayunan ng Diyos bilang isang manggagawa na hindi kailangang ikahiya, na wastong gumagamit ng salita ng katotohanan.”

Kung lumaki ka sa King James Version ng Bagong Tipan, maaari mong tandaan na, “Mag-aral upang ipakita ang iyong sarili ...” Ang aktuwal na salitang ginagamit ni Pablo,

na isinaling “maging masigasig” sa New American Standard Bible (NASB) at marami pang ibang modernong pagsasalin, ay nangangahulugang “gawin ang iyong makakaya.” Kung ipa-paraphrase, maaari itong basahing, “Huwag kang mag-effort na ipakita ang iyong sarili.”


Ang susi na kailangan nating obserbahan dito ay ang “iyong sarili” na isahan. Kailangang gawin ni Timoteo ang kanyang makakaya, hindi ang pinakamahusay ng ibang tao. Hindi sinasabi ni Pablo, “Gawin mo ang gaya ko.” Hindi hinihingi ng Diyos na ihambing natin ang ating buhay at gawain sa iba. Hinihiling lamang niya sa bawat isa sa atin ang “aming pinakamahusay” hindi ang pinakamahusay sa ibang tao.

Ang punto? Ang pagdidisipulo, tulad ng pagsasaka, ay mapanganib na trabaho. Gaya ng nilinaw ni Pablo sa mga taga-Corinto sa 1 Mga Taga-Corinto 3:5-9, ang isang tao ay maaaring maghasik, ang iba ay maaaring magdilig, ngunit sa huli, ang Diyos ang siyang nagpapatubo ng binhi.

Sinabi niya sa mga taga-Corinto na siya ang nagtanim ng ebanghelyo sa kanilang lungsod, at si Apolos ang nagdilig, ngunit ang Diyos ang nagdulot ng paglago.

Kapag itinalaga natin ang ating sarili sa pagdidisipulo at sa paggawa ng pinakamahusay na magagawa natin, nagawa natin ang hinihiling ng Diyos sa atin—“gawin ang iyong makakaya”—at totoo iyan kung malaki man o maliit ang ani.

Ang mga nakakakita ng malalaking ani ay dapat mag-ingat nang husto upang maiwasan ang pagmamataas at pagmamalaki; ang mga nakakakita ng maliliit na ani na ginawa ang kanilang makakaya ay dapat na maaliw sa paggawa ng kung ano ang hinihiling sa atin ng Diyos.



ISANG TAO ANG
NAGTANIM



IBA ANG
NAGDILIG,



NGUNIT SA HULI,
ANG DIYOS

ANG
NAGPAPALAGO.

1 CORINTO 3:5-9



TINGNAN NATIN

*Paano natin
ito gagawin?*



Ginugol ni Denis ang oras niya sa pagsisikap na kumbinsihin ang kanyang bowling league na dumalo sa simbahan gamit ang isang direktang pamamaraan, kung saan pinatotoo niya kung paano binabago ni Jesus ang buhay ng isang tao at maaaring mabago rin ang kanilang buhay sa pagdalo sa simbahan! Hindi interesado ang ilang miyembro ng bowling group, mga miyembrong nagkaroon ng mga negatibong karanasan sa mga simbahan sa nakaraan. Paano sila maaabot ni Denis? Nagpasya siyang anyayahan sila sa isang post-bowling cool off session kung saan maaari silang umupo, mag-usap, at mag-enjoy habang nagme-meryenda sa kanyang tahanan. Dito ay kaswal niyang mailalabas ang mga paraan kung paanong ang kanyang buhay ay iba sa mga panahon bago siya naging konektado sa Diyos.

Ihulog Mo ang Iyong Lambat sa Kabilang Panig

Para mangyari ang isang uri ng masaganang ani, maaaring kailanganin nating baguhin ang ating pag-iisip at pamamaraan. Ito na ang huling kabanata kaya tiyak na ang ilan pang mga metapora ng agrikultura ay maaari nating gamitin. Kung gusto mong magtanim ng saging, at naghahanap ka ng pinakamagandang lugar para palaguin ang mga ito, maaari kang pumili sa mga bansang India, Brazil, o Ecuador.

Kung hindi ka sanay sa mga tropikong lugar at sa halip ay nagpasya kang subukang palaguin ang iyong mga pananim na saging sa Finland, ang iyong pananim na saging ay magyeyelo at mamamatay sa pagsisimula ng taglamig. Walang hangal na magsasaka ang susubukan ang ganoong bagay, kaya bakit natin ito ginagawa sa ating mga simbahan?

Iba't ibang mga buto ng halaman sa iba't ibang lugar, nangangailangan ng iba't ibang uri ng pag-aalaga. Ang saging ay hindi maaaring tumubo sa tundra (lupang nagyeyelo) ng hilagang Europa, at hindi rin natin aasahan ang Finnish Pine (isang uri ng kahoy na ginagawang furniture) na mabubuhay sa disyerto ng Arabia. Ngunit pagdating sa mga simbahan, mayroong pagnanais na kopyahin kung ano ang matagumpay sa isang lugar at gawin sa iba't

Sumunod ka
sa akin...



ibang kapaligiran/kultura/uri ng mga tao at asahan na ito ay gagana nang pareho.

Sa Juan 21 ay inihayag ni Pedro sa anim sa mga disipulo ni Jesus na siya ay “mangingisda” at inanyayahan niya silang sumama. Pumunta sila sa Dagat ng Galilea at nangisda buong magdamag, subalit hindi nakahuli ng kahit isang isda! Marahil si Jesus ay nagpapadala kay Pedro ng mensahe tungkol sa kanyang mga plano. Habang papalapit sila sa pampang noong umagang iyon, si Jesus (bagaman hindi nila siya nakikilala) ay nagtanong, “Mga anak, wala ba kayong nahuli kahit anumang isda?” Nagbabaga na ang uling upang iihaw ang ilang isda para sa agahan.

Sinabi niya sa kanila, “Ihulog ninyo ang lambat sa kabilang panig.” Sinunod nila ang estrangherong ito at nauwi sa isang huli na hindi nila makaya sa dami. Sa wakas ay nakilala ni Pedro na si Jesus iyon at nagmadali siyang pumunta sa dalampasigan. Hila-hila ng ilan pang alagad ang lambat sa pampang. May 153 isda ang nahuli.

Gaano man tayo kasigasig magtrabaho, gaano man kalaki ang ating pagsisikap, at gaano man kaganda at kagaling ang worship team, hindi ito makapagpapalago kung ang mga ito lamang ang titingnan at bibigyan ng pagtuon. Maaaring inaalagaan ng magsasaka ang kanilang mga pananim araw at gabi, maaari nilang diligin ito araw-araw, takpan ito mula sa niyebe, bigyan ito ng pataba at sustansya, ngunit hindi pa rin ito maaaring lumaki. Sa huli, may kontrol lang ang magsasaka kung ano ang maaari nilang gawin, ngunit hindi nila makokontrol kung ano ang maaaring mangyari sa halaman.

Alam ng bawat magsasaka na sa kalaunan ay darating ka sa puntong kailangan mong isuko ang kontrol at umasa na lang. Sa Juan 21, si Pedro ay nagsisikap na manghuli ng isda, at sa kabila ng kanyang pagsisikap sa buong magdamag ay wala siyang

nahuli, kahit na siya ay isang propesyonal na mangingisda sa pamamagitan ng pangangalakal nito! Nang ibigay niya ang huli kay Jesus ay biglang umapaw ang lambat ng mga isda!


Pagsamahin natin ang tatlong ideyang ito. Mayroong pagtatalo sa Simbahan ng Corinto sa pagitan ng mga taong sumasang-ayon kay Pablo at sa mga taong sumasang-ayon kay Apolos, ngunit nais ni Pablo na ilipat ang kanilang pananaw mula sa kanila nang sabihin niya ito sa 1 Mga Taga-Corinto 3:6-9, “Ako ang nagtanim, si Apolos ang nagdilig, subalit ang Diyos ang nagpatubo at nagpalago. Hindi ang nagtanim o nagdidilig ang mahalaga kundi ang Diyos, sapagkat siya ang nagpapatubo at nagpapalago. Ang nagtanim at ang nagdidilig ay parehong manggagawa lamang, at bawat isa’y tatanggap ng gantimpala ayon sa kanyang pagsisikap. Kami’y kapwa manggagawa ng Diyos at kayo ang kanyang bukirin.”

Tungkulin nating magtanim at magdilig, ang nagtanim ay maaaring hindi na makita ang pananim hanggang sa paglaki, marahil ay nagtanim sila ng binhi sa isang indibidwal sa isang bayan na malayo at wala na silang narinig pang muli.

Ang nagdidilig ay maaaring magturo sa isa na may binhing ito sa loob ng maraming taon, at sa pakiramdam nila ay parang walang nangyari sa kabila ng kanilang mga pagsisikap, gayunpaman sa pamamagitan nila ay maaaring gumawa ang Diyos na sa kanila ay sumibol ang isang misyon na lalaganap sa kanilang komunidad sa paraang hindi nakita ng nagtanim o ng nagdilig man lang, na ito ay darating o mauunawaan man lamang.

Ngunit kung ang alinman ay nagtangka sa kanilang sarili na kontrolin ang paglago, marahil ay hindi mangyayari ang paglagong ito, ngunit kung hahayaan nilang ang Diyos ang siyang magdirekta ng paglago na maaaring mangyari, walang mga hangganan sa pag-abot ng mga binhing ito.

Bitiwan at Umalis



Dito tayo nahihirapan sa simbahan. Sa ating pagnanais na mapanatili ang kontrol sa paglago upang ito ay magawa nang ‘tama’ ay inilalabas natin ang ating sariling mga pamamaraan sa proseso ng pagdidisipulo, at wala kahit saan ang higit na nararamdaman ito kaysa sa mga simbahan.

Kapansin-pansin, sa pagsulat ng Mga Gawa, hindi nagpakita si Lucas ng interes sa isang uri ng monolitikong istruktura na dapat sundin ng bawat lokal na simbahang tinutulungan ni Pablo sa pagtatanim. Bagama’t ang karamihan sa Kanluraning bahagi ng daigdig ay tila nakatutok sa gayong mga bagay, karamihan sa iba pang bahagi ng mundo ay tila mas katulad ni Lucas—walang interes sa gayong mga bagay.

Maaaring makatulong ang mga denominasyon sa diskarte, pakikipagtulungan, ortodoksiya pagdating sa teolohiya, at mga sama-samang impormasyon. Gayunpaman, palaging may panganib na payagan ang mga istrukturang burukratiko na matukoy ang misyon sa halip na payagan ang mga tao na aktwal na gawin ang gawain ng pagdidisipulo sa pinakamahusay na pamamaraan. Ang mga istrukturang binuo ng mga “mula sa malayo” ay maaaring subukang kontrolin ang misyon sa halip na suportahan ang misyon.

Maaaring makatulong na isipin na sa tuwing magpapasiya ang isang hindi mananampalataya na sumunod kay Jesus, nagtatayo siya ng bandila sa ngalan ng Kaharian ng Diyos, na inaangkin ang bagong teritoryo. Sa paligid ng kunwari na bandilang iyon, maaaring magsama-sama ang mga mananampalataya sa pangalan ni Jesus bilang pangako sa pagtuturo gaya ng mga apostol, pagtitipon-tipon, pagsasalo-salo sa pagkain ng tinapay, at pananalangin (Mga Gawa 2:42). Maaaring napapaligiran tayo ng mga hindi mananampalataya sa lahat ng panig, ngunit sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus, naangkin natin ang teritoryo para sa Hari ng Kaharian, si Jesus na Mesiyas.

Ito ang dahilan kung bakit ang terminong “himpilan ng kaharian” ay maaaring maging isang balidong paglalarawan ng kung ano ang simbahan at mula sa himpilan ng kahariang iyon ay patuloy nating ginagawa at inuunuwa ang kultura sa ating paligid na naghahanap ng mga

kontak kung saan tayo makatutulong sa pagbuo ng mga komunidad na “magtatanim ng bandila sa ngalan ng Kaharian.” Dito maaaring maging mahalaga ang ugnayan sa pagitan ng mga institusyon at kilusan.

Sa likas na katangian, ang mga institusyon ay mas burukratiko kaysa sa kinakailangan at kadalasan ay mabagal sa pagkilos. Maaari silang maging masyadong nakatuon sa istraktura na hindi nila napapansin ang misyon. Ang mga kilusan, sa kabilang banda, ay kadalasang malayang tumutugon sa sandaling ito ay kinakailangan, may maliit na istraktura, at kadalasang nagsusulong ng mga pagpapahalaga ng kaharian, kabilang ang pagdidisipulo, sa mas mabungang paraan.

Ang panganib, gayunpaman, ay dahil sila ay madalas na napakalaya at walang istraktura, ang mga kilusan ay maaaring mawala sa tahakin mula sa kung ano talaga ang ebanghelyo. Ang mga institusyon ay makatutulong sa mga kilusan na maiwasan ang hadlang na iyon

Kaya’t ang isyu, gaya ng madalas nating nakikita, na dapat tayong pumili ng alinman sa mga institusyon o mga kilusan, ngunit ang parehong ito ay makatutulong sa paglago ng kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng ministeryo tulad ng pagdidisipulo.

Kung ang iniisip natin tungkol sa organikong pagdidisipulo ay tunay na biblikal, at maaari itong gawin ng sinuman saanman, malamang na ang isyu sa kilusan ay hindi istraktura at ang mga mapagkukunan nito. Iyon ay mga isyu para sa mga institusyon na kailangang bunuin.

Ang pangunahing tungkulin ng institusyon, lalo na pagdating sa mga ministeryong may kinalaman sa pagdidisipulo na isinasagawa sa iba’t ibang lugar, ay tumulong sa mga pinuno ng kilusan na makahanap ng mga paraang angkop sa kultura at matibay sa teolohiya para sa pagdidisipulo sa iba’t ibang kultura.



TINGNAN NATIN

*Paano natin
ito gagawin?*

Nais ni Denis na may mangyari agad sa impormal na pagtitipon na kanyang pinasimulan at dalhin ang mga kaibigan niya sa bowling sa simbahan! Subalit hindi pa rin niya iyon nagagawa. Sa halip, pinag-usapan ng ilan sa kanila ang tungkol sa pag-imbata ng ilang kaibigan nilang hindi nagbo-bowling sa hangout na ito. Sa simula ay gustong tumanggi ni Denis, ang mga taong ito ang sinusubukan niyang dalhin sa simbahan, mas mahirap kung mas marami sila. Sa halip ay hinayaan niyang mangusap ang Diyos sa kanya, at ang tugon ni Denis ay malugod silang tatanggapin. Sa una ay medyo nakakatakot na desisyon ito na may mga estranghero sa kanyang tahanan.

Unti-unting nagsimulang ipasok ang paksa tungkol sa Diyos sa usapan, sa pagitan ng mga pag-uusap tungkol sa diskarte sa bowling at komento sa mga larong basketball. Nagsimula na ang mga unang hakbang ng pagdidisipulo. Madalas na pumupunta si Denis sa pastor niya para sa mga katanungan kapag malalim na ang paksa ng usapan at kapag may gusto pa siyang malaman upang masagot din niya ang mga katanungan ng kanyang grupo.

Konklusyon

Sa pagtatapos natin sa paglalakbay na ito tungkol sa pagdidisipulo at kung paano ito gagawin, ang una nating hamon ay makita kung paano maaaring maging mabunga ang pananalita at ang kilos sa mundo ng pagdidisipulo. Isang matandang kasabihan na libu-libong beses nang paulit-ulit na sinasabi sa paglipas ng mga taon ay nagpapaalala sa atin na “hindi lang dapat basta sa salita, kailangan mong ipamuhay kung ano ang iyong sinasalita.”

Gayunpaman, likas sa atin bilang mga tao na mahilig magsalita at makipag-usap. Mula sa ating pakikipag-usap ay nagsusulat tayo ng mga libro, nangangaral ng mga sermon, at nagbibigay ng mga lecture upang higit pang mapag-usapan ang kailangang mapag-usapan. Sa lahat ng oras, ang mga pagkilos ay naghihintay ng aksyon.

Dapat nating tandaan na ang mga kamalig ay para sa pag-iimbak ng mga bagay. Bagama’t ang mga ito ay kapakipakinabang at kung minsan ay mas higit pa sa kailangan, ang mga ito ay imbakan ng napakalaking potensyal. Potensyal na kung hahayaang nakaimbak lang, ay dahan-dahang mawawala katulad ng masel o kalamnan na hindi ginagamit.

Kailangang palayain ang simbahan upang maging ayon sa nais ng Diyos na ito ay maging. Mas mabilis na lumalago ang simbahan kapag ang mga tao ay hindi nakadikit sa kanilang pag-upo sa mga upuan, sa halip sila ay pinangungunahan ng Banal na Espiritu na lumabas sa mundo na kanilang ginagalawan.

Paano mababago ang karaniwang pag-iisip ngayon? Magsisimula ito sa iyo. Oo, ikaw. Kung nakaabot ka hanggang dito sa binabasa mong tekstong ito, sapat ang iyong interes na malaman kung ano ang inilalaan ng Diyos para sa iyo, kaya lumabas ka at ipamuhay mo ito. Magsimula sa maliit, magsimula


sa pag-alala sa isang pangalan, kasama mo ang Diyos mula diyan.

Ikaw ba ay isang pastor o tagapanguna? Binabati kita! Mayroon kang pagkakataong magsimula sa isang buong kongregasyon sa pagdidisipulo! Maging mapanuri kung saan ang Diyos ay “nagpapalago,” mayroon kang responsibilidad na maghanap ng mga pagkilos at sa mga indibidwal na may momentum. Alagaan at pasiglahin ang mga iyon, kung ang Diyos ay nagbautismo ng isang tao sa pamamagitan ng apoy, nasa iyo na panatilihin itong buhay sa kanila!

Niyyanig ng Diyos ang iglesya ngayon sa buong mundo. Isang bagong pagkilos ang nagsimulang bumalik patungo sa simpleng pagbabahagi ng buhay natin sa mga taong nakapaligid sa atin. Hindi mahirap ang pagpaparami ng mga disipulo ngunit malaki ang kapalit nito. Kapalit nito ang pagmamataas at pagiging makasarili natin. Nais ng Diyos na buuin tayong muli upang maipakita natin ang kanyang kabanalan at pag-ibig.

Gustoniyang makita natin ang bawattaong nakakasalamuha natin bilang isang taong mahal ng Diyos at kung para kanino namatay si Jesus. Ang modelong ito ay maaaring ipatupad sa lahat ng dako, depende na lamang sa pagiging bukas at sa kagustuhan ng mga tao na sundin ang pangunguna ng Banal na Espiritu, saan man niya tayo dalhin.





Saan man niya
tayo dalhin...

Appendix

MGA HAKBANG AT
MGA KASANGKAPAN

Ang layunin natin ay
upang intensyonal
at malikhaing
unahin ang mga
pangangailangan
ng iba kaysa sa
sarili nating mga
pangangailangan at
hayaan ang kaloob
ni Cristo na dumaloy
sa atin nang may
kahinahunan,
paggalang, at
pagpapakumbaba.

MGA HAKBANG


PARA BAGUHIN ANG MUNDO

PAANO I-POKUS MULI ANG IYONG BUHAY

PANANAMPALATAYA: Ang kaalaman tungkol sa Diyos ay isinasagawa.

1 Makinig (Pananalangin)


2 Kumilos



Lahat ng hindi nagmumula sa pananampalataya ay kasalanan.

Roma 14:23

Dalawa lamang ang posibleng paliwanag para sa isang indibidwal o grupo na hindi gumagawa ng mga disipulo: kamangmangan o kasalanan.



1

Gawin Mo

1. Sanayin ang Limang Katanungan araw-araw. Itakda mo sa oras ang iyong relo para ipaalala sa iyo:
 - Bawat oras, “Ano ang ginagawa ko rito at ano ang nasa kamay ko?”
 - Bawat 30 minuto “Sino ang nasa harap ko?” at “Hindi mo ba alam na ikaw ang tahanan ng Diyos?”
 - Ang bawat trabaho/makakatagpo ay isang dahilan na ginagamit ng Diyos upang maabot ang sangkatauhan.
2. Panatilihin ang isang talaan o journal sa pananalangin (pakikinig). “Paano kung ang lahat ay gumawa ng mga disipulo na katulad ko?”
3. Mula sa journal, planuhin nang mabuti ang iyong araw. Makinig kung ano ang gustong sabihin ng Diyos sa iyong mga kontak. Bawat lokasyon, bawat sandali, bawat tao: MAKINIG
4. Ilista ang mga pangangailangan sa pagpapagaling. Ang bawat tao ay nangangailangan ng nakapagpapagaling na paghipo ng Diyos.
5. Lumikha ng isang koponan na may hindi bababa sa 1 kasamahan, ngunit hindi hihigit sa 12.

2

Gumawa ng Grupo para sa Kontak

Pokus: Ang mga hindi mananampalataya ay makatagpo kay Cristo sa iyo

Nasaan ka man, lumikha ng isang masayang grupo: libangan, mga kapitbahay sa paligid, o trabaho. Maging napaka-iba na ang mga tao ay magtatanong, “Bakit napakabait mo?” Pagkatapos kapag hinikayat ka ng Espiritu, anyayahan sila sa iyong grupo.

1. Makinig, magbahagi, makinig, magmahal, makinig, makinig, makinig...
2. Bumuo ng mga relasyon.
3. Maghanap ng isang parehong interes
4. Kape, palakasan, tanghalian, mga proyekto sa komunidad, pagtuturo, musika...
5. Ikonekta ang mga pamilya.
6. Mag-alok na maglingkod/hilingin sa kanila na tulungan ka.
7. Lumikha ng kapaligirang naghihikayat sa mga katanungan.
8. Kapag tinanong, sabihin ang iyong sarili bilang isang tagasunod ni Jesus sa halip na isang Kristiyano.

9. Pag-ibig—ay isang desisyon ng iyong kalooban na unahin ang mga pangangailangan ng iba kaysa sa iyong sarili (pangunahing gabay).
10. Ipaturong sa kanila ang tungkol sa kanilang kultura, kaugalian, gawi, paniniwala, wika. Pagkatapos ay igalang sila.
11. Hintaying magtanong sila sa iyo
12. Sumagot mula sa Banal na Kasulatan.
13. Sumagot sa pamamagitan ng katanungan.
14. Maging intensyonal, ngunit huwag magmadali. Bumuo ng relasyon.
15. HUWAG! HUWAG! HUWAG KAHIT KAILANMAN subukang manalo sa isang argumento.
16. Humanap, hanapin, at bumuo ng mga tulay.
17. Makilahok—pamilya, komunidad, atbp.
18. Maging tapat.
19. Alamin ang Salita (bilang ang mismong hininga ng Diyos).
20. Mag-pokus kay Jesus.
21. Maging mahinahon, mapagpakumbaba, at magalang.
22. Huwag ikalito ang iyong kultura sa pagsunod kay Jesus.
23. Hindi mo trabaho ang mag-convert ng sinuman. Ikaw ang magiging plataporma na gagamitin ng Banal na Espiritu upang makapasok sa kanilang buhay.
24. Maging handa sa bawat sandali.
25. Maging handa para sa panghabambuhay na pagdidisipulo ayon sa konteksto, pagpapayo, pagtuturo.

“Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, buong kaluluwa mo, at buong pag-iisip mo. Ito ang pinakamahalagang utos. Ito naman ang pangalawa: Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili.”

Mateo 22:37-39

Bawat Hininga...

“Ibinigay na sa akin ang
lahat ng kapangyarihan
sa langit at sa lupa.

Kaya’t:

1 Humayo kayo

2 Gawin

ninyong alagad ko ang mga tao
sa lahat ng mga bansa

3 Bautismuhan

ninyo sila sa pangalan ng Ama, at
ng Anak, at ng Espiritu Santo

4 Turuan

ninyo silang sumunod sa lahat ng
iniutos ko sa inyo. Tandaan ninyo,

ako’y laging kasama ninyo

hanggang sa katapusan ng panahon.

Mateo 28:18-20

ANG LAYUNIN: WALANG HUMPAY NA KAMALAYAN

3

Gumawa ng Grupo para sa Komunidad

POKUS: Kaligtasan at Unang Hakbang sa Pagsunod kay Jesus.

Ito ay kung saan ang isang magiging mananampalataya pa lang ay nakasumpong ng Salita. Maaaring mayroon ding mga Kristiyano sa pangalan lang at mga bagong Kristiyano na limitado ang kaalaman sa Kasulatan. Isa-sa-isa o higit pa, ngunit hindi hihigit sa 12. Kung higit sa 12 magsimula ng pangalawang grupo.

1. 50/50 Prinsipyo: Hindi hihigit sa kalahati ng grupong ito ang dapat mga Kristiyano. Kapag naging Kristiyano na sila, ilipat agad sila sa isang grupo para sa pagsasanay at gabayan sila na magsimula ng sarili nilang kontak/mga grupo sa komunidad.
2. Magsimula sa Maliit - Lumalim.
3. Pangunahing layunin: Pakinggan ang Diyos at kumilos.
4. Magpalitan ng mga pangunahing tanong na mauuwi sa talakayan.
5. Mga aplikasyon ... palaging gawin itong masaya.
6. Gumabay huwag manguna.
7. Huwag ikaw ang magsabi sa kanila, sila ang magsabi sa iyo.

- Pagkatapos ay tanungin kung bakit?
8. Mga aplikasyon sa totooong buhay na kinuha mula sa buhay at mga talinghaga ni Cristo.
 9. Magsimula sa isa sa mga ebanghelyo.
 10. Magpokus mabuti sa Sermon sa Bundok. “Ganito kung paano ang tagasunod ni Cristo ay laging namumuhay sa lahat ng pagkakataon.”
 11. Gamitin ang Banal na Kasulatan, Pag-aayuno, mga kasangkapan sa Panalangin (Tingnan ang Mga Kasangkapan).
 12. Magkita-kita bawat linggo.
 13. Ipakita sa kanila, huwag lang sabihin sa kanila.
 14. Iulat kung saan mo nakikita ang Diyos na kumikilos.
 15. Ligtas na lugar para sa mga pagdududa: “Ano ang ibig mong sabihin na si Jesus ang tanging daan? Paano ko malalaman na ito ay totoo? Bakit ang mga Kristiyano ... ?”
 16. Malayo sa kasamaan—“ako muna” at tungo sa pag-ibig—“ikaw muna.” Ang Diyos ay pag-ibig.
 17. *Tuklasin ang aking kaibuturan. Bautismuhan sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.*
 18. Turuan na sundin ang lahat.
 19. Ang Salita—Makinig—Ang Salita—Makinig sa sistematikong paraan at tuluy-tuloy.
 20. Ipakita sa kanila ang ministeryo. Makinig sa kanilang panawagan at sa mga resulta ng kanilang ministeryo.
 21. Manood, makinig, at suriin.
 22. Alamin kung alam ng mga disipulo ang iniutos ni Jesus.
 23. Alamin kung ang mga disipulo ay talagang sumusunod kay Jesus.
 24. Humayo. Gumawa. Ilubog. Magturo.
 25. “Ang mahalaga’y ang pananampalatayang gumagawa sa pamamagitan ng pag-ibig” Galacia 5:6.

GAWIN MO

1 Ipapanood sa kanila.

2 Ipagawa ito sa kanila kasama ka.

3 Ginagawa nila ito, panoorin mo.

4 Ginagawa nila ito.

Ang pagiging isang disipulo ay nangangahulugan ng sadyang pagkilala sa iyong sarili sa interes ng Diyos para sa ibang tao.

Richard Foster

4

Mga Grupo sa Pagsasanay

PAGLIPAT MULA SA PAGIGING MANANAMPALATAYA
TUNGO SA PAGIGING DISIPULO

Pokus: Pagpapabanal. Ang kabanalan bilang isang pamumuhay, bawat hakbang na ating gagawin ay banal na lugar.

Kung sasabihin mong disipulo ka ... patunayan mo. Ito ay para sa lahat ng mananampalataya, mula sa bago hanggang sa matagal nang nasa simbahan.

1. Magkita-kita linggu-linggo (para sa pinakamatagal na 2 oras) kasama ang isang tagapagturo/tagapayo at iba pa sa grupo para sa pagsasanay.
2. Paano mo sila tuturuan kung paano turuan ang iba na gumawa ng mga disipulo?
3. Ikatlong Henerasyon: Hindi mo masasabing nakagawa ka ng disipulo hangga't hindi tinuruan ng disipulong iyon ang iba kung paano gumawa ng mga disipulo. Paano ko imodelo at tuturuan ang aking disipulo na maghanap/mag-modelo/magturo sa isang disipulo ng mga kasanayang makahanap/mag-modelo/magturo sa mga disipulo?
4. Ipakita at sabihin sa modelo: Lumabas sa komunidad at ipakita sa kanila kung paano bumuo ng kontak at mga grupo sa komunidad.
5. Tiyaking maituturo nila kung paano manalangin, mag-ayuno, at mag-aral ng Banal na Kasulatan.
6. Ang mga koponan ay maaaring hindi hihigit sa 3 mag-asawa.

- [illegible]

**MGA
DAPAT
GAMITIN**

I

Balangkas ng Sesyon sa Pagsasanay para sa Mga Unang Sesyon

“ANG MAHALAGA’Y ANG
PANANAMPALATAYANG GUMAGAWA SA
PAMAMAGITAN NG PAG-IBIG.”

GALACIA 5:6

1

Pananagutan

“...PAGBALIK NG MGA APOSTOL, ISINALAYSAY NILA
KAY JESUS ANG LAHAT NG KANILANG GINAWA.”

LUCAS 9:10

Pag-ibig

Pananagutan ng mga disipulo ang pag-ibig na ipinagkatiwala sa kanila ng Diyos. Ang pag-ibig ay isang desisyon ng kalooban na unahin ang mga pangangailangan ng iba kaysa sa sarili ko.

1

**Pagkilala sa Presensya ng Diyos
sa pamamagitan ng pampublikong
panalangin at pagpapahayag.**

Ngayong linggo...

- Saan ko nakita ang Diyos na kumilos ngayong linggo?
- Ano ang sinasabi ng Diyos sa akin? (Ano ang naging tugon ko?)
- Ano ang pinagtutuunan ko ng pansin?

2

Pagkumpisal*Ngayong linggo...*

- Sinadya mo bang sumuway sa Diyos?
- Anong mga tukso ang naranasan mo?
- Ano ang nagawa mo na gusto mong ilihim?
- Paano mo ginugol ang oras ng Diyos at pera ng Diyos?
- Sino ang ginawa sa iyo ng Diyos na responsable para sa linggong ito?
- Saan/kailan/ paano dumaloy ang kagalakan at pag-ibig mula sa iyo?
- Nakatuon ako sa Diyos ____ oras at ____ minuto sa linggong ito.
- Ilarawan ang iyong oras sa Diyos.

3

Mga Obserbasyon at Pagninilay*Ngayong linggo...*

- Ano ang natutunan ko mula sa Diyos? (ang sagot ko?)
- Ano ang binabasa ko? (Banal na Kasulatan at iba pang mga manunulat)
- Nagdarasal ako para sa sumusunod tatlong beses sa isang araw.
 - Miyembro ng Grupo:
 - 3/6 mga hindi pa mananampalataya/mga mananampalataya:
- Sa panahon na kasama ko ang Diyos, nagdarasal ako para sa iba pang pamilya, kaibigan, at mga kaganapan.
- Ang aking oras ng pag-iisa kasama ang Diyos ay nagbunga ng:_____.
- Noong nakaraang linggo natutunan ko at isinagawa:_____.
- Ang 7 indibidwal na ang mga pangangailangan ay sadyang inuna ko kaysa sa sarili ko (mga resulta).
- Mga hindi inaasahang pagkakataon (napalampas o natuklasan) na inuna ang mga pangangailangan ng iba kaysa sa sarili ko noong nakaraang linggo.

2

Pagtanggap ng Kaalaman

*“...HUWAG LAMANG MAKINIG NG SALITA.
GAWIN ANG SINASABI NITO.” SANTIAGO 1:22*

Pananampalataya

Pananagutan ng mga disipulo ang pananampalatayang ipinagkatiwala sa kanila ng Diyos. Ang pananampalataya ay ang kaalaman sa Diyos na isinagawa.

Ngayong linggo...

- a. Pag-aaral ng Banal na Kasulatan: **1 Juan**
- b. Paksa: **Mga Paraan ng Pag-aaral ng Banal na Kasulatan**
- c. Dayalogo at Apolohetika
- d. Mga Teksto: **My Utmost for His Highest, Oswald Chambers; Celebration of Discipline, Richard Foster**

Ano ang natutunan ko tungkol sa Diyos?

Ano ang natutunan ko tungkol sa sangkatauhan?

Ano ang natutunan ko tungkol sa aking sarili?

3

Isinasagawa ang Ministeryo

“PUMILI PA ANG PANGINOON NG PITUMPU’T DALAWA. SILA AY ISINUGO NIYA NANG DALA-DALAWA SA BAWAT BAYAN AT POOK NA PUPUNTAHAN NIYA.” LUCAS 10:1

1

Panginoon, ano ang gusto mong gawin sa akin at sa pamamagitan ko ngayong linggo?

Sun	Mon	Tues	Wed	Thurs	Fri	Sat
1. Gigising ng ____ “Maglilingkod ako	1.	1.	1.	1.	1.	1.
2.	2.	2.	2.	2.	2.	2.
3.	3.	3.	3.	3.	3.	3.
4.	4.	4.	4.	4.	4.	4.

2

Mga prayoridad ko ngayong linggo...

3

Paano ako maglilingkod ngayong linggo?

a. Sa Pag-ibig b. Sa Katotohanan c. Sa Pagkakaisa

4

Ang aking takdang aralin ngayong linggo mula sa...

a. Diyos b. Sarili ko c. Grupo d. Iba

5

Ano/Kaninong mga pangangailangan ang aking makakaharap?

6

Paano ako nakahanda?

7

Magtanong sa isa’t isa: Ano ang ginagawa ninyo at ng Diyos sa ...
2pm Martes, o 5pm Huwebes o 10am Sabado ... atbp.

Dapat nating ilagay
ang ating sarili sa
harap ng Diyos
upang tayo ay
kanyang baguhin.

II

Nagdarasal (Nakikinig) *Journal/Talaan*

Ito ay isa sa pinakamahalagang kasangkapan upang gumawa ng mga disipulo habang ikaw ay humahayo. Nagbibigay-daan ito sa isang indibidwal na marinig at makita ang Diyos sa buong araw, na nagbibigay-daan sa bawat hakbang na maging banal, na tunay na “manalangin nang walang patid.” Sa gabi, isinasaalang-alang ng disipulo ang susunod na araw. Kung saan siya pupunta bawat oras at kahit isang tao lang ang inaasahan niyang makita. Isinusulat niya ito sa “pang-araw na plano” at nakikinig sa patnubay ng Diyos tungkol sa kung ano ang dapat niyang sabihin at gawin sa panahon na siya ay may makakatagpo. Sa pagtatapos ng susunod na araw, isusulat niya ang resulta at sisimulan ang proseso para sa susunod na araw. Dapat itong gawin araw-araw sa buong linggo. Ito lamang ang pinakamalakas at pinakamabilis na paraan upang muling ituon ang ating atensyon mula sa ating sarili hanggang sa patuloy na pakikinig sa tinig ng Diyos, na nagpapahintulot sa atin na lumakad sa kagandahan ng kabanalan at sa mga nakapaligid sa atin na makaharap si Cristo. Maaari din itong isama sa app ng isang grupo na nagsasanay upang ang koponan ay manalangin para sa isa’t isa at maging responsable.

May panalangin, Planuhin ang Bawat Araw ng Iyong Buhay

Monday				
When	Who	Where	What	Result
08:00				
09:00				
10:00				
11:00				
12:00				
13:00				
14:00				
15:00				
16:00				
17:00				
18:00				
19:00				
20:00				

Pang-Araw na Plano na Halimbawa

Ang pananampalataya ay ang kaalaman sa Diyos na isinagawa.

“Kung walang
pananampalataya,
imposibleng
mapalugdan ang
Diyos.”

III

Mga Halimbawang Katanungan

MAGTANONG SA ISA'T ISA NA MAG-REFOCUS
MULA SA PAGIGING MANANAMPALATAYA
TUNGO SA PAGIGING DISIPULO.

A

Paano sila nabubuhay?

1. Bilang tahanan ng Diyos, paano sila tutugon sa mga indibidwal na dinadala ng Banal na Espiritu sa kanyang presensya?
2. Ano ang kanilang pangunahing layunin sa kanilang kasalukuyang trabaho?
3. Paano sila gumugugol ng 24 na oras sa isang karaniwang araw ng Martes?
4. Ano ang kanilang pinakamahalagang pag-aari?
5. Ano ang kanilang pinakamalaking hamon sa buhay?
6. Kung bibigyan sila ng P25,000, paano nila gagastusin ito?
7. Gaano karaming oras ang ginugugol nilang mag-isa kasama ang Diyos sa isang linggo?
8. Ano ang mga pangalan ng mga klerk sa tindahan kung saan sila bumibili ng pagkain?
9. Ano ang nagbibigay sa kanila ng pinakamalaking kagalakan?
10. Ano ang pinakamabuting nagawa nila para sa isang ganap na estranghero?
11. Kung kailangan nilang pumili sa pagitan ng dalawang termino, ilalarawan ba nila ang kanilang sarili bilang mga pinuno o tagapaglingkod?
12. Magbigay ng limang paraan kung paano nila inuuna ang mga pangangailangan ng ibang tao kaysa sa kanilang sariling pangangailangan noong nakaraang linggo.
13. Ano ang hitsura ng kanilang pangarap na tahanan?
14. Bukod sa sinasabi sa Biblia, maglista ng 5 indibidwal na higit nilang hinahangaan.
15. Ilang oras ang ginugugol nila sa kanilang mentor?
16. Ilista ang mga pangalan ng limang kapitbahay na pinakamalapit sa kanilang apartment?
17. Gaano kadalas sila nagbibigay ng isang bagay?
18. Sino ang kanilang tatlong bayaning buhay?

19. Ano ang ikinagagalit nila?
20. Paano sila tutugon sa isang taong nagsabing ang Biblia ay hindi salita ng Diyos kundi mga ideya ng tao tungkol sa Diyos?
21. Kung buong araw silang walang magawa, paano nila ito gugugulin?
22. Paano sila naglilingkod sa iba?
23. Kanino sila mananagot?
24. Dahil ikaw ang Kaban ng Bagong Tipan, paano mo ilalabas ang Diyos sa kahon?

B

Paano sila nakikipag-ugnayan sa Diyos?

1. Sa pagkakaroon ng presensya ng Diyos sa pananalangin, pag-aaral, pag-aayuno, at debosyon, paano sila nagbago?
2. Ano ang pinag-uusapan ninyo ng Diyos?
3. Saan kayo nagkikita ng Diyos?
4. Gaano kadalas at saan mo nakikita ang Diyos?
5. Sabihin sa akin ang tungkol sa istruktura ng iyong pakikipag-usap sa Diyos.
6. Ano ang pinapangarap mo?
7. Ano ang iniisip ng Diyos tungkol sa iyo?
8. Maglista ng anim na aklat na nakaapekto sa iyong buhay.
9. Paano ka tumugon sa utos ng Diyos, “Maging banal?”
10. Ano ang ibig sabihin ng komunyon para sa iyo?
11. Paano at kailan mo naririnig ang Diyos?
12. Gaano kadalas ka mag-isa sa isang buong araw kasama ang Diyos?
13. Anong papel ang ginagampanan ng Banal na Kasulatan sa iyong buhay?
14. Ano ang personal na sinasabi ng Diyos sa iyo tungkol sa iyong kaibigan?
15. Ano ang pananaw ng Diyos sa iyong katrabaho?
16. Anong mga libro ang binabasa mo?

17. Kailan at bakit ka nag-aayuno?
18. Ano ang pinag-uusapan ninyo at ng Diyos kapag binabanggit niya ang iyong kapwa?
19. Magbigay ng halimbawa kung paano mo minamahal ang Diyos.
20. Ano ang kasalanan?
21. Bakit at paano ka nag-aaral ng Banal na Kasulatan?
22. Paano ka sumasamba?
23. Saan/kailan/paano mo narinig ang Diyos na pinakamalinaw sa iyong buhay, ngayong taon, ngayong buwan, ngayong linggo... ngayon?



Paano sila magdidisipulo sa iba?

1. Anong mga elemento ang itinuturing nilang pinakamahalaga sa pagkatutong gumawa ng mga disipulo?
2. Ilista ang mga ibinigay ng Diyos sa kanila upang maging disipulo.
3. Magbigay ng halimbawa kung paano nila ginabayan ang isang indibidwal na makilala si Cristo.
4. Ano ang kanilang pinakakapaki-pakinabang na karanasan sa pagiging disipulo?
5. Gaano karaming oras ang kanilang ginugugol sa mga indibidwal na ibinigay sa kanila ng Diyos?
6. Saan nila nakilala ang mga taong dinidisipulo nila?
7. Anong praktikal na mga elemento ng aplikasyon ang kabilang sa kanilang grupo ng pagkadisipulo?
8. Balangkasin ang anim na linggo ng mga pulong ng pagdidisipulo.
9. Anong mga layunin ang mayroon sila para sa bawat disipulo?
10. Sabihin sa akin kung paano nila ginagabayan ang isang

indibidwal na nagsimulang sumunod kay Jesus sa isang buhay ng masayang ganap na pagsuko sa Banal na Espiritu.

11. Paano ginagawa ng mga disipulong ito ang kabanalan sa kanilang pang-araw-araw na buhay?
12. Ano ang kanilang pinakanakakabigong karanasan sa pagdidisipulo?
13. Sino ang nagdidisipulo/nagtuturo/naggagabay sa kanila?
14. Ilan sa mga indibidwal na kanilang nadisipulo ay kasalukuyang nagdidisipulo sa iba?
15. Ano ang kasama sa karaniwang pagpupulong kasama ang mga alagad?
16. Mayroon bang lugar para sa pagtatapat o pagkumpisal sa grupo ng pagkadisipulo?
17. Anong mga hakbang ang kanilang ginagawa upang idisipulo ang mga hindi mananampalataya?
18. Dahil tinawag sila para ihanda ang mga tagasunod ni Jesus para maging mga ministro, anong mga kasangkapan ang kailangan nila?
19. Paano nila ipinaliliwanag na ang Biblia ay iba sa mga tekstong itinuturing na sagrado sa ibang relihiyon?
20. Anong mga pamamaraan ang ginagamit nila para idisipulo ang kanilang pamilya?
21. Anong mga paraan ng pag-aaral ng Biblia ang itinuro nila sa iba?
22. Ano ang kanilang gagawin: pag-aaral, aplikasyon, pananagutan, mentor, dumami?

**Ang Diyos sa buhay natin ay
nagpapahayag ng kanyang sarili bilang
buhay ng Diyos, hindi bilang buhay ng tao
na sinusubukang maging maka-Diyos.**

Oswald Chambers

Kung hindi ka mamumuhay sa ganitong paraan, walang sinuman sa paligid mo (katrabaho, kaibigan, pamilya, waitress, klerk) ang makakakita sa Panginoon, ikaw lang ang makikita nila.

“Sikapin ninyong makasundo ang lahat, at magpakabanal sapagkat hindi ninyo makikita ang Panginoon kung hindi kayo mamumuhay nang ganito.”

Hebreo 12:14

“Dahil ang Diyos na pumili sa inyo ay banal, dapat din kayong magpakabanal sa lahat ng inyong ginagawa sapagkat nasusulat, ‘Magpakabanal kayo, sapagkat ako’y banal.’”

1 Pedro 1:15

Ang gawi ng pagdidisipulo ay nagbibigay-daan sa pananahan ng Banal na Espiritu na puspusin ang ating pagkatao ng walang hanggang kapayapaan, tumagos sa ating buhay nang may pag-ibig, magbunga ng pananampalataya na nakikita ang lahat sa liwanag ng layunin ng Diyos, na tumatawag sa atin na lumahok sa pagkakasundo ng nalogaw na landas ng sangkatauhan, nagbibigay-daan sa pag-asa na naninindigan nang matatag sa pinaka-nakapanghihina ng loob na mga kalagayan, gawin ang tama at labanan ang kapangyarihan ng kasamaan. Sa madaling salita, ito mismo ang kagalakan na may kasaganaan ng buhay na sinabi ni Jesus na siya ay dumating upang akayin ang lahat ng sumusunod sa kanya.

Richard Foster

IV

Turuan Kung Paano Magturo

1. GUMABAY, HUWAG MANGUNA!
2. MALIBAN NA LANG KUNG PALAGI KANG MAY IMINUMUNGKAHING BAGONG MODELO. HAYAANG PANGUNAHAN NG MGA DISIPULO ANG ARALIN SA KASULATAN. MAAARI ITONG GAWIN BILANG KOPONAN O BILANG INDIBIDWAL.
3. HUWAG IKAW ANG MAGSABI SA KANILA ... SILA ANG MAGSABI SA IYO. PAGKATAPOS AY TANUNGIN KUNG BAKIT?

1

Banal na Kasulatan

KAILANGAN NILANG MATUTO NG ILANG
PARAAN UPANG TURUAN ANG IBA KUNG PAANO
MAGTURO NG BANAL NA KASULATAN. NAGLISTA
KAMI NG ILAN SA IBABA. SIGURADUHING
OBSERBAHAN MO SILA GAMIT ANG LAHAT NG
MGA PARAAN. PAG-USAPAN KUNG ALIN ANG
PINAKAMAHUSAY NA GUMAGANA AYON SA
IBA'T IBANG KONTEKSTO.

“Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan
ng Diyos, at kapaki-pakinabang sa
pagtuturo ng katotohanan, sa pagsaway
sa kamalian, sa pagtutuwid sa likong
gawain at sa pagsasanay para sa
matuwid na pamumuhay, upang ang
lingkod ng Diyos ay maging ganap at
handa sa lahat ng mabubuting gawain.”

2 Timoteo 3:16-17

1

Pangkabuuang Pamamaraan

a. Gumawa ng Buod

Ang salaysay; pag-unawa sa talata.

b. Unawain

Ano ang ibig sabihin nito? Bakit pipiliin ng Diyos ang kwentong ito at ang mga salitang ito/ panahunan/parirala/tao/kwento/tema? Ano ang layunin?

c. Aplikasyon

Paano ako nababago nito? Bilang tugon ayon sa Banal na Kasulatang ito, paano ako mabubuhay?

2

Bawat Salita

“Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos.”

- Ano ang ibig sabihin ng salita /panahunan/parirala/tao/ tema na ito?
- Bakit pinili ang salitang ito at bakit ito inilagay dito?
- Ano pang salita ang maaaring napili?
- Ano ang ipinahihwatig (o ang negatibo) nito?
- Saan pa sa Banal na Kasulatan matatagpuan ang mga salitang ito?

HALIMBAWA: Awit 23

Ipagawa sa mga disipulo ang buong kabanata sa simpleng pagtatanong tungkol sa bawat salita.

- Ang: _____
- PANGINOON: _____
- ang: _____
- aking: _____
- pastol: _____



3

Pag-aaral ng Pandiwa

HALIMBAWA: *Awit 23*

Pagkilos ng Diyos

- Siya ay
- Pinahihimlay niya
- Inaakay niya
- Pinapanumbalik niya
- Pinapatnubayan niya
- Ikaw ang aking kaagapay
- Ang iyong tungkod/pamalo kaaliwan
- Ipinaghahanda niya
- Langis ay ibinubuhos

Aksyon ng Tao

- Lumalakad ako
- Hindi ako mangangailangan/matatakot
- Ako ay mananahan

4

Pag-aaral ng Parirala

HALIMBAWA: *“Lumapit kayo sa akin” sa Ebanghelyo ni Mateo*

- 5:24 – Iwan mo muna at makipagkasundo ka ...
- 8:11 – Marami ang **darating** buhat sa silangan at sa kanluran at dudulog sa hapag na kasalo nina Abraham.
- 11:28 – **Lumapit** kayo sa akin, kayong lahat na nahihirapan at lubhang nabibigatan sa inyong pasanin.
- 14:28 – Panginoon ... **papuntahin** mo ako diyan sa kinaroroonan mo sa ibabaw ng tubig.” Sinabi ni Jesus, **“Halika.”**
- 16:24 – Sinumang nagnanais **sumunod** sa akin ay kailangang itakwil..., pasanin..., at sumunod...
- 19:14 – Hayaan ninyong **lumapit** sa akin ang mga bata ... sapagkat ...
- 19: 21 – Kung ibig mong maging ganap, ipagbili... ipamahagi...halika ...sumunod ka
- 25:34 – **Halikayo**, mga pinagpala ng aking Ama ...

5

Pag-aaral sa Tema


HALIMBAWA: Awtoridad ni Jesus sa Ebanghelyo ni Mateo

- Kabanata 5, 6, at 7 – Pagtuturo: Sa pag-uugali ng tao at Kautusan sa Lumang Tipan
- Kabanata 8
 - Higit sa karamdaman
 - Pinakamasamang uri 1-4 (mga paghawak at pangungusap)
 - Hentil at distansya 5-13 (nagsalita)
 - Karaniwan at hindi karaniwan 14-16
 - (hinawakan at nagsalita lang)
 - Higit sa propesiya (ang katuparan) 17
 - Higit sa motibo ng tao 18-22
 - Higit sa kalikasan 23-27
 - Higit sa mga demonyo 28-34
- Kabanata 9 – Higit sa Kasalanan

6

Istruktura

HALIMBAWA: Pagpapalitan ng Talambuhay sa 1 Samuel



2

Panalangin

KAMI AY INUTUSAN NA “SA PANALANGIN AT PETISYON NA MAY PASASALAMAT AY IPAALAM ANG INYONG KAHILINGAN SA DIYOS.” ANG PANALANGIN AY PAKIKINIG.

“Palagi kayong manalangin.”

1 Tesalonica 5:17

- Nag-iisa. (Mateo 14:23, Marcos 1:35, Lucas 9:18, Lucas 22:39-41)
- Sa publiko. (Juan 11:41-42, Juan 12:27-30)
- Bago kumain. (Mateo 26:26, Marcos 8:6, Lucas 24:30, Juan 6:11)
- Bago ang mahahalagang desisyon. (Lucas 6:12-13),
- Bago magpagaling. (Marcos 7:34-35)
- Pagkatapos magpagaling. (Lucas 5:16)
- Upang gawin ang kalooban ng Ama. (Mateo 26:36-44)
- Itinuro ang kahalagahan ng panalangin. (Mateo 21:22, Marcos 11:24-26, Mateo 7:7-11, Lucas 11:9-13, Juan 14:13-14, Juan 15:7,16, Juan 16:23-24, Mateo 5:44, Lucas 6:27-28, Mateo 6:5-15 - Ang Panalangin ng Panginoon, Lucas 11:2-4, Mateo 18:19-20).
- Pagpapatong ng mga kamay at panalangin para sa maliliit na bata. (Mateo 19:13-15)
- Paghiling sa Ama na luwalhatiin ang kanyang pangalan. (Juan 12:27-28)
- Sa Banal na Hapunan. (Mateo 26:26)
- Nanalangin para sa pananampalataya ni Pedro nang hilingin ni Satanas na “subukin” siya. (Lucas 22:31-32)

- Nanalangin para sa kanyang sarili, sa kanyang mga disipulo, at sa lahat ng mananampalataya bago magtungo sa Getsemani. (Juan 17:1-26)
- Sa Getsemani, bago siya ipagkanulo, nanalangin siya ng tatlong magkahiwalay na mga panalangin. (Mateo 26:36-46)
- Bautismo. (Lucas 3:21-22)
- Umaga. (Marcos 1:35-36)
- Magdamag. (Lucas 6:12-13)
- Habang nagsasalita sa mga pinunong Judio. (Mateo 11:25-26)
- Nagpasalamat sa Ama bago magpakain ng 5000. (Juan 6:11)
- Bago lumakad sa tubig. (Mateo 14:23)
- Habang nagpapagaling ng isang bingi at pipi. (Marcos 7:31-37)
- Nagpasalamat sa Ama bago magpakain ng 4000. (Mateo 15:36)
- Bago tinawag ni Pedro si Jesus na “ang Cristo.” (Lucas 9:18)
- Sa Pagbabagong-anyo. (Lucas 9:28-29)
- Sa pagbabalik ng pitumpu. (Lucas 10:21)
- Bago ituro sa kanyang mga disipulo ang Panalangin ng Panginoon. (Lucas 11:1)
- Bago buhayin si Lazarus mula sa mga patay. (Juan 11:41-42)
- Pagkaraang ipako sa krus, nanalangin si Jesus, “Ama, patawarin mo sila sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa.” (Lucas 23:34)
- Habang nasa krus. (Mateo 27:46)
- Sumigaw nang malakas si Jesus, “Ama, sa mga kamay mo’y ipinagkakatiwala ko ang aking espiritu!” (Lucas 23:46)
- Nang siya’y kasalo na nila sa pagkain, dumampot siya ng tinapay at nagpasalamat sa Diyos bago siya kumain kasama ng iba pagkatapos ng kanyang pagkabuhay na mag-uli. (Lucas 24:30)
- Binasbasan niya ang mga alagad bago siya umakyat sa langit. (Lucas 24:50-53)
- Siya ay namamagitan pa rin para sa atin. (Roma 8:34, Hebreo 7:25, 1 Juan 2:1)

“Ganito kayo dapat
manalangin, ‘Ama naming
nasa langit, sambahin nawa
ang iyong pangalan. Dumating
nawa ang iyong kaharian.
Masunod nawa ang iyong
kalooban dito sa lupa tulad
ng sa langit. Bigyan mo kami
ng aming pagkain sa araw-
araw; at patawarin mo kami sa
aming mga kasalanan, tulad
ng pagpapatawad namin sa
mga nagkakasala sa amin. At
huwag mo kaming hayaang
matukso, kundi iligtas mo
kami sa masama.”

Mateo 6:9-13

Itinuring ng lahat ng
lumakad na kasama ng
Diyos ang panalangin bilang
pangunahing gawain ng
kanilang buhay.

Richard Foster

Isang lalaki ang nanalangin,
at noong una ay naisip niya na
ang panalangin ay nagsasalita.
Ngunit pagkatapos ay naging
mas tahimik siya hanggang sa
huli ay napagtanto niya na ang
panalangin ay pakikinig.

Søren Kierkegaard

1

Ang Manalangin ay ang Magbago

Kung ayaw nating magbago, aalis ang panalangin bilang isang kapansin-pansing katangian ng ating buhay.

- “Marami akong dapat gawin na hindi ko kayang gawin nang hindi gumugugol ng tatlong oras araw-araw sa panalangin.” – M. Luther
- “Walang ginagawa ang Diyos kundi ang pagtugon sa panalangin.” – J. Wesley
- “Pitong beses akong lumalayo sa aking ginagawa bawat araw upang manalangin.” – A. Judson

Lagi tayong kinakatagpo ng Diyos kung nasaan tayo at dahan-dahan tayong dinadala sa mas malalalim na bagay.

2

Simpleng Panalangin

Manalangin ka ayon sa iyong makakaya, hindi ayon sa hindi mo kaya.

- Ang maniwala na maaabot tayo ng Diyos sa karaniwang mga yugto ng pang-araw-araw na buhay ay ang simula ng panalangin.
- Ang tanging lugar kung saan tayo maaaring pagpalain ng Diyos ay kung nasaan tayo ngayon, dahil iyon lamang ang tanging lugar na kinaroroonan natin!
- Ang simpleng panalangin ay ginagawa ng karaniwang tao na inihahain ang mga karaniwang alalahanin sa isang mapagmahal at mahabaging Ama.

Panalangin ng Penthos

“Pinagpala ang mga nagdadalamhati.” Mateo 5:4

Kaligtasan

- a. Pagkilala: may problema at tanging Diyos lamang ang makalulutas nito.
- b. Umamin: May kasalanan ako.
- c. Humingi ng Tawad: Patawarin mo ang aking mga nagawang kasalanan ...
- d. Magsisi: Hindi ko na uulitin ang mga ginawa kong iyon.
- e. Tanggapin: Kapatawaran ng Diyos.
- f. Sumunod sa patnubay ng Diyos.

Pagpapabanal

- a. Pagkilala.
- b. Umamin: “Ako” ang problema.
- c. Magsisi sa pagiging makasarili at ganap na isuko lahat: kung sino ako at lahat ng ginagawa ko.
- d. Tanggapin: ang pananahan ng Banal na Espiritu.
- e. Humayo sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu at gumawa ng mga disipulo.

Ang kagalakan ay bunga ng pusong nagpapakumbaba sa pagsisi.

“Silang tumatangis habang nagsisipagtanim, hayaan mo na mag-ani na puspos ng kagalakan.” *Awit 126:5*

Hindi kailanman hinahamak ng Diyos ang “wasak at nagsisising puso.” *Awit 51:17*

4

Panalangin ng Pagsiyasat

“O Diyos, ako’y siyasatin, alamin ang aking isip subukin mo ako ngayon, kung ano ang aking nais.” Awit 139:23.

Pagsusuri ng Panlabas

- Paano ipinakita sa atin ang Diyos?
- Paano natin ipinakita ang Diyos sa iba?
- Paano tayo tumugon sa kanyang presensya?
- Paano tayo naging mga instrumento ng kanyang biyaya?
- Ipahayag ang makapangyarihang mga gawa ng Diyos.

Pagsusuri ng Panloob

- Ang oras ko sa presensya ng Diyos ngayon, ay nagresulta sa mga sumusunod...
- Paano naiiba ang aking mga iniisip, hangarin, ugali, pagpapahalaga, kilos kumpara: kahapon, nakaraang linggo, noong nakaraang buwan, noong nakaraang taon?

Kung ang pagsusuri ay isang pagsusuri lamang sa sarili, palagi tayong hahantong sa labis na papuri o paninisi.

5

Manalangin Nang Intensyonal

Simula sa iyong unang pakikipagtagpo sa isang indibidwal, nagbibigay-daan, nagpapahusay, nagsasanay sa kanila upang marinig at sundin ang Banal na Espiritu.

Araw-araw maging tapat na huminto at magsulat sa iyong Prayer-Listening Journal. Babaguhin ka ng Diyos. May epekto ang Diyos sa lahat ng iyong makakasalubong habang humahayo ka.

6

Panalangin ng Tipan

Tipan ng Banal na Pagsunod: anuman ang mga pangyayari, oras, ibang tao, mga resulta.

- a. **Oras:** Bawat sandali ay sa kanya. Siguraduhing maglaan ng oras upang maging lubos sa kanya araw-araw
- b. **Lugar:** Bawat hakbang ay Lupang Banal sapagkat siya ay nananahan sa atin ... palagi.
- c. **Puso at Isip:** Siya lang ang ating pinagtutuunan ng pansin. “Tayo ay binili nang may halaga, hindi na tayo para sa sarili natin.”

7

Panalangin ng Pagsuko

“Hindi ang aking kalooban, kundi ang kalooban mo.”

- a. **Pagpapabanal:** Hinihiling ba natin na bumaba si Cristo dito at lutasin ang ating mga problema o sumama tayo sa kanya sa krus?
 - “Kaya hindi na ako ang nabubuhay ngayon kundi si Cristo na ang nabubuhay sa akin. At ang buhay ko ngayon sa katawan ay ikinabubuhay ko sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak ng Diyos na nagmahal sa akin at naghandog ng kanyang sarili para sa akin.” *Galacia 2:19-20*
 - Ang pagtitiwala sa katangian ng Diyos ay nagbubunga ng kamatayan ng aking sariling kalooban. “Nilikha ng Diyos ang lahat mula sa wala... at lahat ng gagamitin ng Diyos, ay sisimulan niya sa wala.” *S. Kierkegaard*
- b. **Isang Huwaran ng Panalangin:** Pag-alis sa Sarili, Pagsuko, Pag-abandona, Pagpapalaya, Pagkabuhay na mag-uli.
- c. Kapag ang Diyos ay tila naglaho. (Pag-isipan) Kung maaari nating gawin ang lumikha ng langit at lupa na

agad na lumitaw sa ating isipan at tawag, hindi tayo magkakaroon ng pakikipag-isa sa Diyos ni Abraham, Isaac, at Jacob.

- d. Mas mahal natin ang Diyos kaysa sa mga regalong hatid ng Diyos.
- e. Paglilinis ng Sarili.
- f. Mga Resulta sa Panlabas (Hindi na sila ang nagpapakilos sa atin).
- g. Nakamit, Kalusugan, Kayamanan, Trabaho, Titulo, Pagkilala.
- h. Mga Resulta sa Panloob (Hindi na tayo hinihimok ng mga emosyon at damdamin.)
- i. Kapayapaan, kagalakan, “ito ay mabuti,” kasiyahan, tagumpay, kabutihan.
- j. Hinahangad nating malaman, marinig, at maunawaan ang Diyos.

8

Panalangin ng Pagsamba

Hindi pakikiusap, kundi pasasalamat.

- a. Sino Siya.
- b. Ano ang ginawa niya.

9

Panalangin ng Paglilingkod

Pagtuon ng ating puso, isip, at emosyon.

10

Panalangin ng Walang Patid

Magsanay sa presensya ng Diyos. Ang normal na pagtahak sa buhay. Bawat oras/minuto

11

Panalangin ng Pagsamo

Ang ating mga kahilingan

- a. Unawain ang kalooban/katangian ng Diyos.
- b. Unawain ang ating kalooban/katangian.

12

Pamamagitan

Ang handog natin sa iba.

13

Isang Pagsasanay

Para makatulong sa panloob na alalahanin.

Lumikha ng isang tahimik, mapayapa, magandang lokasyon sa iyong isip, maaaring isang makulay na hardin o sa tabi ng dagat, marahil sa tabi ng isang sapa sa bundok. Anyayahan si Jesus doon at umupo sa kanyang paanan (ano ang gusto niya?). Pagkatapos sa iyong isip tumayo ka at kunin ang bawat isa sa iyong mga kaibigan/pamilya/katrabaho... isa-isa. Dalhin sila sa kanyang harapan at maupo sa kanyang paanan. “Jesus, ito ang kaibigan kong si Bob na nagtatrabaho sa 7-Eleven. Alam kong mas kilala mo siya kaysa sa akin. Parang malungkot siya nitong mga nakaraang araw. Kapag nakikita ko siya sa mga libreng oras, ano ang gusto mong sabihin ko sa kanya?” Para sa iyong mga problema, takot at pagkagambala, bumangon at kunin ang mga ito, ilagay ang mga ito sa isang kahon at ibigay kay Jesus. “Iyo na ang mga ito, ikaw lang ang gusto kong marinig at makita.” Ang paglikha ng isang visual na lugar ay tumutulong sa atin na alisin ang mga biglaang hadlang sa ating pag-iisip na kasama si Cristo. (Nagugutom ako, ano kaya ang tanghalian? Na-lock ko ba ang pinto? Hindi ako makapaniwala sa boss ko...) Ang visual na lugar na ito ay higit na makatutulong sa ating konsentrasyon, upang ang ating isip ay hindi gumala. Ang ilang mga tao ay nakikinig sa instrumental na musika na may katulad na mga resulta. Subukan ito at tingnan kung makatutulong ito.

Ang pagdarasal na nakatiklop ang mga kamay ay simula ng pag-aalsa laban sa kaguluhan ng mundo.

Karl Barth

3

Pag-aayuno

“MAG-AAYUNO SILA.” – JESUS

Saanman sa mundo ako pumunta, sinasabi ng mga tao, “Oo, nagdarasal ako. Oo, nagbabasa ako ng Biblia. Ngunit kapag nagtatanong ako tungkol sa pag-aayuno ay halos palaging may hindi komportableng katahimikan, ngunit sinabi ni Jesus na mag-aayuno ang kanyang mga disipulo. Hindi kaya kung hindi tayo nag-aayuno ay hindi talaga niya tayo mga disipulo? Ang mga tinig ng Diyos ay humihina hanggang sa hindi na natin ito marinig sa loob ng mga araw, lingo, at buwan. Ang pag-aayuno ay ang landas tungo sa isang walang hadlang na pamumuhay kasama ang Diyos na gumagamit ng bawat taong nakakasalamuha mo sa mismong presensya ng buhay na Diyos.

- Moses, David, Daniel, Anna, Elias, Esther, Pablo, Jesus – Lahat sila ay nag-ayuno... paano ka?
- “Kapag nagbigay ka...”
- “Kapag nanalangin ka...” (Mateo 6:1-18)
- “Kapag nag-ayuno ka...”
- “Kapag wala na ito, saka pa lamang sila mag-aayuno.” (Mateo 9:15).
- “Nang ikaw ay nag-ayuno ... para sa akin ba ay nag-ayuno ka?” (Zacarias 7:5)
- Hayaan ang pag-aayuno ay gawin sa Panginoon na ang ating mata ay nakatutok lamang sa kanya. Hayaan ang ating layunin ay ito lamang, upang luwalhatiin ang ating Diyos. —John Wesley
- Ang pag-aayuno ay naghahayag kung ano ang nakaugnay sa atin ... kung ano ang kumokontrol sa atin.
- Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Sinumang nagnanais sumunod sa akin ay kailangang itakwil ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa akin.” (Mateo 16:24)
- Ang pag-aayuno ay nagpapakita sa atin ng susi sa pagbubukas ng kapangyarihan ng Diyos sa loob at sa pamamagitan ng ating buhay.
- Ang pag-aayuno sa Biblia ay laging nakatuon sa paglayo ng ating atensyon mula sa makamundong bagay patungo sa katauhan ni Cristo.
- Pangkalahatan at indibidwal na pag-aayuno.
- Nag-ayuno ang sinaunang iglesia ng Miyerkules at Biyernes.

MGA MUNGKAHI

- **Limitado**
 - Isang bagay (cellphone/TV)
 - Pagkain o paboritong pagkain/inumin

- Isang Pangyayari (golf)
- **Bahagya**
 - Pagkain: 24 oras
 - Item: Iparada ang iyong sasakyan para sumakay ng bus o taxi, papayagan mo si Jesus na makatagpo ng mas maraming tao sa ganoong paraan.
 - Kaganapan: Sa halip na manood ng football tuwing katapusan ng linggo, mag-spiritual retreat mag-isa kasama ang Diyos.
- **Pinalawak**
 - Mas mahabang panahon (siguraduhin na ito ay mula sa Diyos at hindi para mapabilib ang iba, pilitin ang Diyos na gumawa ng isang bagay o parusahan ang iyong sarili). Tandaan na ang dahilan ng pag-aayuno ay upang tulungan tayong tumuon sa Diyos at marinig lamang ang kanyang tinig.
- “Habang sinasamba nila ang Panginoon at nag-aayuno, sinabi ng Banal na Espiritu ...” (Mga Gawa 13:2)
- Sumagot siya, “Dahil sa maliit ang inyong pananampalataya. Tandaan ninyo: kung kayo’y may pananampalataya sa Diyos na sinlaki ng buto ng mustasa ... Tunay na walang bagay na hindi ninyo magagawa. Ito ay maaari lamang mangyari kundi sa pamamagitan ng pananalangin at pag-aayuno.” (Mateo 17:19-22).

Ang unang hakbang
sa pagiging disipulo ay
pakikinig sa kanya:

Kasulatan
(Biblia)

Panalangin

Pag-aayuno

“At anuman ang inyong
gagawin o sasabihin,
gawin ninyong lahat
sa pangalan ng
Panginoong Jesus.”

Colosas 3:17

“Idinadalangin kong sa pamamagitan ng kanyang Espiritu ay palakasin niya ang inyong buhay espirituwal ayon sa kanyang kayamanan at kadakilaan. Nawa’y manatili si Cristo sa inyong mga puso sa pamamagitan ng inyong pananalig. Dalangin ko na ang pag-ibig ang maging ugat at pundasyon sa lahat ng inyong gawain upang inyong lubusang maunawaan, kasama ng mga hinirang ng Diyos, kung gaano kalawak, kahaba, kataas, at kalalim ang kanyang pag-ibig. At nawa’y maunawaan ninyo ang pag-ibig ni Cristo na hindi kayang abutin ng pag-iisip at sa gayo’y mapuspos kayo ng buong katangian ng Diyos. Sa kanya na makakagawa nang higit pa kaysa maaari nating hilingin at isipin, sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihang kumikilos sa atin; sa kanya nawa ang kaluwalhatian sa pamamagitan ng iglesya at ni Cristo Jesus sa lahat ng salinlahi magpakailanman! Amen.”

Efeso 3:14-21

Tungkol sa May-akda

Naging bahagi si Karl Rigsby ng mga dynamic na disciple multiplication network sa buong mundo. Nakikipagpartner siya sa iba't ibang denominasyon na may masidhing pagnanais na abutin ang mga nasa Creative Access Areas (mga lugar kung saan iligal o pinaghihigpitan ang pagbabahagi ng ebanghelyo). Nasaksihan niya ang napakalaking pagsusulong sa Kaharian sa pinakamahihirap na lugar sa daigdig, habang ang mga indibidwal ay tumutugon sa utos ni Cristo na gumawa ng mga disipulo “habang ikaw ay dumaraan sa iyong ‘normal’ na araw” saanman inilagay ka ng Diyos.

Si Dr. Rigsby ay nagsilbi rin bilang isang propesor sa sekular at Kristiyanong mga unibersidad at nagbigay ng mga workshop at lectures sa mahigit isang daang bansa.

“Humayo nga kayo. Gawin ninyong alagad...” (Matthew 28:19)

Pero...

Busy ako.

Hindi ko alam
saan magsisimula.

Sino ang
ididisipulo ko?

Hindi ako
naturuan.

Hindi ako
marunong.

Nahihiya ako.

Gayunpaman... pinili ka ng Diyos at inutusan kang humayo at gumawa ng mga disipulo. Bakit? Kapag pinili mong sundin si Jesus, ikaw ay naging Arko ng Bagong Tipan. Saan ka man magpunta, Siya ay kasama mo. Ang bawat hakbang mo naging banal dahil ang Banal na Espiritu ay nananahan sa iyo. Ikaw ay natatanging hinugis upang dalhin ang Banal na Espiritu palabas ng iglesia at sa mundo sa paligid mo, na naging isang ilaw ng pag-asa para sa mga taong nilayon ng Diyos na makatagpo sa pamamagitan mo. Ang Banal na Espiritu na naninirahan sa iyo ay ipinadala upang kanyang mahawakan at baguhin ang buhay ng mga indibidwal sa pamamagitan ng iyong pang-araw-araw na pamumuhay.



Ang aklat na ito ay isang simple at epektibong gabay upang matulungan ka na muling ituon ang iyong pang-araw-araw na mga hakbang at ilipat ang iyong pag-iisip, nasaan ka man o anuman ang iyong ginagawa, tungo sa isang buhay na nakatuon sa pagpaparami ng pagiging disipulo. Nag-aalok ito ng malinaw at praktikal na paraan para sa mga indibidwal, maliliit na grupo, at mga simbahan na magtatag ng mga bagong komunidad ng mananampalataya at magpaparami ng mga disipulo sa loob ng kanilang mga kapitbahayan. Bigla na lang, ang iyong pagka-kape sa umaga ay naging isang pagkakataon para sa ministeryo, ang iyong paboritong koponan sa sports ay naging isang paraan ng outreach, at ang iyong lugar ng trabaho tungo sa banal na lupa. Isipin na lang ang epekto kung ang lahat sa iyong iglesia ay aktibong gumagawa ng mga disipulo, gumagawa rin ng mga disipulo.



Ang aklat na ito ay para sa sinumang nagnanais na ihanda at bigyan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu at lumikha ng mga disipulo na kawangis ni Cristo sa kanilang pamilya, mga kaibigan, katrabaho, at maging sa mga estranghero—saanman sila inilagay ng Diyos ngayon.

